

UNITAS

SEMI-ANNUAL PEER-REVIEWED INTERNATIONAL ONLINE JOURNAL
OF ADVANCED RESEARCH IN LITERATURE, CULTURE, AND SOCIETY



UNITAS

**WALA TAYONG
SASANTUHIN**

VOL. 87 • NO. 1 • MAY 2014

UNITAS

SEMI-ANNUAL PEER-REVIEWED INTERNATIONAL ONLINE JOURNAL
OF ADVANCED RESEARCH IN LITERATURE, CULTURE, AND SOCIETY

WALA TAYONG SASANTUHIN

U Z. ELISERIO



Indexed in the International Bibliography of the Modern Language Association of America

Wala Tayong Sasantuhin

Copyright @ 2014 U Eliserio
& the University of Santo Tomas

Pasasalamat kay Vladimeir Gonzales
para sa paghintulot sa may akda na gamitin ang
litratong kuha niya para sa pabalat ng libro.



UNITAS is an international online peer-reviewed open-access journal of advanced research in literature, culture, and society published bi-annually (May and November).

UNITAS is published by the University of Santo Tomas, Manila, Philippines, the oldest university in Asia. It is hosted by the Department of Literature, with its editorial address at the Office of the Scholar-in-Residence under the auspices of the Faculty of Arts and Letters. Hard copies are printed on demand or in a limited edition.

Copyright @ University of Santo Tomas

Copyright

The authors keep the copyright of their work in the interest of advancing knowledge but if it is reprinted, they are expected to acknowledge its initial publication in UNITAS. Although downloading and printing of the articles are allowed, users are urged to contact UNITAS if reproduction is intended for non-individual and non-commercial purposes. Reproduction of copies for fair use, i.e., for instruction in schools, colleges and universities, is allowed as long as only the exact number of copies needed for class use is reproduced.

History and Coverage

Established in July 1922, UNITAS is one of the oldest extant academic journals published by a university in the Philippines as well as in Asia. Still, UNITAS is perhaps the oldest extant academic journal of its kind in the Philippines and Asia in terms of expansive disciplinary coverage and diverse linguistic representation through the decades. While always cognizant of disciplinary specialization, it has been “multi-disciplinary” in publishing scholarship that is intra-disciplinary within the humanities and the arts, and inter-disciplinary across the other disciplines. As it was in the beginning, it has aimed for “unitas” by conjoining disciplinary difference through its pages.

Moreover, it has been multi-linguistic on the whole, allowing itself to evolve from a journal published purely in Spanish, and then in English, becoming bilingual eventually in the various issues in which articles are written in Spanish and English,

or as has been the case in the last several decades, in English and Filipino. And, of late, **UNITAS** has also published articles in other languages.

Apart from its disciplinary inclusiveness and crossovers, in almost 100 years of its existence, **UNITAS** has expanded the conceptual terrain of academic and topical coverage. It has published on cutting-edge and time-honored themes in which both established and emerging voices in research and scholarship are heard in articles that range across traditions, modernities, movements, philosophies, themes, politics, geographies, histories, musical types, architectural styles, gender relations and sexualities, government and non-government institutions, educational philosophies, media, forms, genres, canons, pedagogies, literary and cultural relations, and comparative studies, among others, in book review essays, critical commentaries, scholarly papers, and monographs. Such an expansiveness has allowed for establishing new lines of inquiry or exploring new lines of thinking about old ones.

Editorial Policy

UNITAS invites work of outstanding quality by scholars and researchers from a variety of disciplinary, intra-disciplinary, interdisciplinary and cross-disciplinary principles, protocols and perspectives for its readership consisting primarily of academics, researchers, and graduate students, as well as of a diverse public consisting of scholars and leaders who are at the forefront of their fields and advocacies, undertaking research on multidisciplinary aspects of national and global issues within and beyond academia broadly from the perspective of but not limited to the human sciences.

In general, **UNITAS** aims to publish leading-edge and challenging articles and monographs in regular and special issues in relation to the critical currents and themes of the nation, the Asian region and the world which try to meet the various problems and opportunities of today's globalization.

Although single-authorship of articles remains typical, **UNITAS** encourages the submission of papers that are co-written by authors working across multi-cultural and multi-linguistic settings, which have resulted from an inter-cultural, inter-regional or inter-national collaboration of researchers in an effort to internationalize knowledge production, circulation and reception.

In particular, under the rubric of literary and cultural studies in Asia, **UNITAS** aims to be a platform for ethically engaged studies that represent intersections of national and international literatures, arts and cultures, crisscrossing critical and creative categories, authors and readers, "East" and "West," "North" and "South," text and

context, close readings and fieldwork, original works and translations, and theoretical and practical methodologies.

UNITAS welcomes submissions from all locations of the globe which are published in English, Philippine national and regional languages, and other foreign languages. Non-English language articles are required to submit an extended abstract in English containing the full argument rather than just a digest of the main idea.

Submissions to **UNITAS** are to follow the 8th edition of the MLA Style Manual. During the evaluation process, unless otherwise recommended by the double-blind peer reviewers to use a different documentation format, articles must be published following the MLA guidelines.

Ethical Policy

Every submission is assumed to have not been previously published and is not under consideration elsewhere for possible publication, unless it is a major submission meant as a reprint, and later approved for publication as such.

Plagiarism is the copying of large blocks of texts of someone's work and representing them as one's own. If plagiarism is ascertained after publication, the article may be withdrawn or retracted. Self-plagiarism or duplication of passages without proper citation will be evaluated on a case-to-case basis.

After the protocols of peer review and editing, **UNITAS** may or may not ask the authors to review the article prior to publication due to constraints.

Securing the publishing rights of all photos, images, or charts accompanying the article is the responsibility of the author.

Articles have to be submitted via e-mail to unitasust@gmail.com

Address all communications to:
University of Santo Tomas Office of the Scholar-in-Residence/UNITAS Office,
Faculty of Arts and Letters
G/F, St. Raymund de Peñafort Building, España St., 1008, Manila, Philippines
Telephone No: 406-1611 loc. 8830

Layout by Paolo Miguel G. Tiausas
UNITAS Logo by Francisco T. Reyes

International Editorial Board

Patricio Abinales

University of Hawaii at Manoa, US

Syed Farid Alatas

National University of Singapore

Jonathan Beller

Pratt Institute, US

Melani Budianta

University of Indonesia

Richard Chu

University of Massachusetts, US

Fabian Antonio M. Dayrit

Ateneo de Manila University

Joel David

Inha University, South Korea

Eduardo Deves-Valdes

Universidad Santiago de Chile

Leonard Harris

Purdue University, US

Caroline Sy Hau

Kyoto University, Japan

Loren Kruger

University of Chicago, US

Bienvenido Lumbera

University of the Philippines

Pawit Mahasarinand

Director, Bangkok Art and Culture
(BACC)

Victor Merriman Edge

Hill University, UK

Patrick A. Messerlin

Sciences Po, France

Resil Mojares

University of San Carlos
Cebu City, Philippines

Mitsuya Mori

Seijo University, Japan

International Editorial Board

Tran Van Phuoc

Hue University, Vietnam

E. San Juan, Jr.

University of the Philippines

Stephen Shapiro

University of Warwick, UK

Inseop Shin

Konkuk University, South Korea

Brian Singleton

Trinity College Dublin, Ireland

Megan Thomas

University of California, US

Nicanor G. Tiongson

University of the Philippines

Lily Rose Tope

University of the Philippines

Ruanni Tupas

National Institute of Education,
Singapore

Christa Wirth

Universität Zürich, Switzerland

Paul Young

University of Exeter, UK

Nie Zhenzhao

Zhejiang University, China

Editorial Staff

Maria Luisa Torres Reyes
maria.luisa.reyes@ust.edu.ph
EDITOR IN CHIEF

Joyce L. Arriola
ASSOCIATE EDITOR

Ma. Eloisa S. Perez
ASSISTANT EDITOR

Nicole R. Tablizo
MANAGING EDITOR

Jan Raen Carlo M. Ledesma
EDITORIAL ASSISTANT

Nilalaman

xiii Panimula ni Ramon Guillermo

xv Pagkilala

xvi Introduksyon

UNANG BAHAGI: Kritisismo sa Sarili

3 Kritisismo sa Sarili

IKALAWANG BAHAGI: Laban sa Kapitalismo

45 Patriyarka at Patalastas

49 Manny Pacquiao at ang Mundo ng Telebisyon

53 Mga Mito ng Panggagahasa

56 Kiray sa Kapitalismo

60 Ang Mga Nasa Posisyon sa Telebisyon

63 Pulang Kapa ni Moses, Pulang Kapa ni Leonidas

66 Katarungan sa *Spiderman 3*

69 Komiks at Tatsulok

72 Meron, Meron, Meron

75 Katherine Heigl, Paano Ba Maging Ina?

78 Dokumento ng Barbarismo

81 Pagkatapos ng Katapusan ng Mundo

-
- 84 Hinggil sa Kontradiksyon
 - 87 Cristina, Usap Tayo
 - 90 Ang Isa at ang Marami
 - 94 Ang Inyong mga Iniwan
 - 97 Monumento ni Ninoy

IKATLONG BAHAGI: Tungo sa Paglikha

- 105 Ilang Tala Tungkol sa Pagsasalin
- 107 Ang Apat na Halimaw
- 110 Pagsasaling Maka-Ocampo
- 115 Bokabularyo ng Bayan
- 128 Salin kay Chaucer
- 163 Mga Bilangguan: Krimeng Panlipunan at Kabiguan

- 175 Pasasalamat

- 176 Ang May-akda

Panimula

Nagsisimula ang koleksiyong ito sa isang mahabang pilosopikal (o “kontrapilosopikal”) na paglalahad at kritika ng mga kaisipan ng pilosopong Aleman na si Friedrich Nietzsche (1844-1900). May partikular na tuon ang pagtalakay sa mga akdang *Also sprach Zarathustra* (At Ganito nga ang Sinabi ni Zarathustra) at ng *Zur Genealogie der Moral* (Tungo sa Henealohiya ng Moralidad). Binaybay ni U Eliserio ang estilo ng pag-a-“ako” ni Nietzsche, ang kanyang pag-uusig sa moralidad ng kabihasang Europeo at ang mga katangian ng kanyang mas angkop na tawaging “kontrapilosopiya” imbes na pilosopiya. Isang buong ethos ng pagkamangha, kontradogmang “walang sinasanto” at pagbubukas ng mga posibilidad ang inungkat ni U dito bilang gabay sa kanyang sariling proyektong intelektwal.

Ang ikalawang bahagi na pinamagatang “Laban sa Kapitalismo” ay binubuo ng piling mga sanaysay na lumabas ang karamihan bilang kolum sa pahayagang *Pinoy Weekly*. Hindi lamang matatalino ang mga sanaysay ni U, ang mga ito ay nakakapagpatalino rin ng mambabasa. Hindi lamang matatalas ang mga ito, nakapaghahasa rin sila ng isipan. Mga ehersisyo ito ng paggamit ng mga kritikal na lente ng peminismo at Marxismo sa pagtanaw at pag-unawa sa mga tekstong pumapaligid at bumabaha sa atin. Ipinapaliwanag ni U kung ano ang iba’t ibang epekto ng ideolohiya at reipikasyon sa mga taong namumuhay sa loob ng mga kapitalistang relasyong pamproduksyon. Masinop, mahusay at sustenidong argumento ang tumatahi sa mga sanaysay na nakapagbibigay ng edukasyon sa mambabasa ng halimbawa ng argumentasyong progresibo at kaliwa sa maraming mga usaping natutunghayan sa kulturang popular, panitikan at kasaysayan. Karapat-dapat na basahin ang mga ito ng kabataan upang paglimi-limian at upang masanay din ang kanilang sariling pag-iisip sa pagiging mapanuri at, higit sa lahat, mapanlikha.

Ang ikatlong bahagi naman ay mga sanaysay at halimbawa sa larangan ng mapanlikhang proyekto ni U sa pagsasalin. Pasabog at iskandaloso ang kanyang mga sanaysay hinggil sa pagsasalin at malinaw ang pinupuntirya nitong dominanteng agos sa pangangasiwang pangwika at pampanitikan sa ating bansa. Tingnan na lamang ang kanyang pagtalakay sa binansagan niyang “apat na halimaw” na alien, robot, shokoy at myutant. Bumabalik muli dito kay Nietzsche bilang inspirasyon ni U sa larangan ng teorya ng pagsasalin. Nagtatapos ang seksyon na ito sa salin niya ng prologo ng “*Canterbury Tales*” ni Geoffrey Chaucer (1343-1400) at ng bantog na sanaysay hinggil sa bilanguan ng anarkistang si Emma Goldman (1869-1940).

Tahasang nasa panig ng mga manggagawa, mahihirap at pinagsasamantalahan ang mga kolum ni U at matingkad ang mga panawagan nito para sa isang bagong kaayusang panlipunan na lumalampas sa abot-tanaw ng kapitalismo. Ang tanong nga lang ay kung paano maipagtatagpo ang ganitong perspektiba sa aristokratiko at kontra-masang mga pananaw ni Nietzsche? Mahalagang paglilinaw dito ang

pangungusap ni U na, “Hindi mahalaga ang alternatibo ni Nietzsche sa maka-Kant na etika. Ang importante’y ang kanyang kritisismo.” Maaari itong rebisahin at baliktarin sa ganitong paraan, “Hindi (gaanong) mahalaga ang kritika ni Marx sa maka-Kant na etika. Ang importante’y ang kanyang alternatibo.” Narito nakabitin ang lahat, sa pagitan ng mga kritisismo at ng mga alternatibo.

Orihinal na tinig si U sa hanay ng mga palaisip at mananalaysay na Pilipino. Sa hinaharap ay lalo pa siyang magiging orihinal at lalo pang magiging buo. Ito ang marka ng isang tunay na “kontra-pilosopo.”

Ramon Guillermo
Unibersidad ng Pilipinas

Pagkilala

Ang “Monumento ni Ninoy” ay unang nalathala sa *Malikhaing Sanaysay: Anyo, Kasaysayan, at Antolohiya*, inedit nina Eugene Evasco, Will Ortiz, and Elyrah Salanga (C&E Publishing, Inc., 2013)

Ang “Hinggil sa Kontradiksiyon,” “Pagkatapos ng Katapusan ng Mundo,” “Dokumento ng Barbarismo,” “Katherine Heigl, Paano Ba Maging Ina?,” “Meron, Meron, Meron,” “Komiks at Tatsulok,” “Katarungan sa *Spiderman 3*,” “Pulang Kapa ni Moses, Pulang Kapa ni Leonidas,” “Ang mga Nasa Posisyon sa Telebisyon,” “Kiray sa Kapitalismo,” “Mga Mito ng Panggagahasa,” “Manny Pacquiao at ang Mundo ng Telebisyon,” at “Patriarkiya at Patalastas” ay unang nalathala sa print version ng *Pinoy Weekly*, samantalang ang “Cristina, Usap Tayo,” “Ang Isa at ang Marami,” at ang “Iyong mga Iniwan” ay unang nalathala sa pinoyweekly.org.

Introduksyon

Nahahati ang gawang ito sa tatlong bahagi, na kung ako ay narsistik ay sasabihin kong siya naman ding tinahak na landas ng aking karera sa pagsusulat.

Una ay ang “Kritisismo sa Sarili.” Istandard, ortodox, o di kaya’y *old hat* nang matatawag ang diskursong inilalahad dito. Todo-todo itong pag-uusig sa lahat ng pwedeng usigin, ang sarili, ang komunidad, ang moralidad, at ang pag-uusig mismo. Postmodernista o nihilistiko ang maaaring ibansag dito. Sa aking pananaw, merong *therapeutic* na epekto ang ganitong pagwasak. Binubuksan nito ang posibilidad ng muling paglikha. Kailangan nga lang munang manira muna. At laging potensyal lang ang pagbabago. Baka ito kasi mismo ay may dalang panganib.

Ang pangalawang bahagi’y “Laban sa Kapitalismo.” Hindi naman laban lang sa kapitalismo ang mga konseptong ginalugad dito, kundi laban din sa patriarkiya, *consumer society*, *cynicism*, at lalong-lalo na sa pagkawapakels o *apathy*. Hindi ito salungat sa kritisismong isinagawa sa unang bahagi, bagkus ay lohikal na pagpapatuloy lamang nito. Paano kung ang nihilismo’y pakana lang ng kapitalismo para mapunta ang enerhiya ng isang tao, ng isang bayan, sa pagpapalakas ng mga tanikalang nagpapabigat sa buhay? Paano kung instrumento lang pala ang *quietism* para lumakas ang pasismo?

Ang pangatlong bahagi nama’y “Tungo sa Paglikha.” Dito, inaalala pa rin ang mga babala ng unang bahagi. Pero inaalala rin ang mga babala ng ikalawang bahagi tungkol sa mga babala ng unang bahagi. Ang resulta’y hindi *mise en abyme* kundi walang hanggang pagsusulat.

Tinitingnan dito bilang resors ang pagsasalin. Sa pagsasalin, napapasok ang mga bagong ideya mula sa mga banyagang lugar. Tunghayan na lang ang pagtuligsa ni Goldmann sa institusyon ng bilangguan. Gayundin, alinsunod kay Schleiermacher, sa pagsasalin, yumayaman ang isang wika sa pag-angkop nito sa mga pormal na katangian ng isa pang wika. Ang pagsasalin at wika ang siyang batis ng enerhiya sa paglikha na siyang katapat ng *blackhole* ng nihilistikong pilosopiya ng pagdududa. Ang paggawa ang sagot sa walang hanggang pagsususpetsa.

Pinag-iisa ang tatlong bahagi ng isang sentral na preokupasyon: kalayaan. Kalayaan mula sa mga tradisyon at pamahiin, kahit iyong nagpapaligaya sa atin. Kalayaan mula sa komersyalismo at hedonismo, kahit na masarap. Kalayaan din sa *adventurism* at terorismo-ng-estado. Paminsan kahit sa sentido kumon ay lumaya na rin ako. Pero okey lang 'yon. *Wala Tayong Sasantuhin.*

Unang Bahagi:

KRITISISMO SA SARILI

Kritisismo sa Sarili

May tatlong seksyon ang mahabang sanaysay na ito. Una, gamit si Nietzsche bilang launch pad, ginalugad ko ang konsepto ng “ako.” Matutunghayan ditong hindi solid ang ako, kundi parang sibuyas na puro lamang balat. Ididiskas din sa bahaging ito ang mga posibleng consequences ng pagdiskubre sa kahungkagan ng “ako.”

Sa ikalawang seksyon naman, magbibigay ng maka-Nietzscheng pang-uusig sa moralidad. Bagaman mapanganib, at tila ba pagkahulog sa walang hanggang balon ang pagtanggap sa relihiyon bilang pundasyon ng lipunan, hindi pa rin maaaring atrasan ang mga kabatirang nahinuha mula sa unang bahagi. Hindi maaaring magtago sa likod ng “kabutihan” at “tama” bilang mga unibersal na utos. Gayundin, hindi maaasahan bilang tagapagligtas ang komunidad.

Sa pangatlong seksyon, lalo pang paiigtingin ang kritisismo sa pamamagitan ng paglalantad na si Nietzsche mismo’y hindi maaaring sambahin. Hindi pwedeng gamiting pundasyon ang kanyang pilosopiya—sapakat ito ay kontrapilosopiya. Sadya na walang binubuo si Nietzsche, dahil may kaakibat ding panganib ang pagbuo. Inilalahad niya ang maaaring maging gamit ng pagwasak ng wala mismo.

Unang Seksyon: Hindi Ako ang Daigdig

Isipin ang unang batas ng pag-iisip ni Immanuel Kant: “Mag-isip para sa sarili.” Mahusay na alituntunin, hindi nga naman dapat bulag na sumunod sa tradisyon. Mayroon nga lamang problema: si Kant ang nagsabing mag-isip para sa sarili. Pag sinunod mo siya, nag-iisip ka pa rin ba para sa iyong sarili? Nagkakaroon tuloy ng kontradiksyon sa pagtatanghal. Paanong iwawaksi ang mga tanikala ng tradisyon kung bahagi ng tradisyon ang pagwawaksi ng mga tanikala. Marahil, tanikala pa rin ang pagwawaksing ito.

Ininabuhay nina Friedrich Nietzsche ang kanyang paghahanap ng kalayaan. Makikita ito sa mga estratehiyang ginamit ni Nietzsche sa kanyang mga sulatin. Sa ginamit nilang mga paraan, ipinakita nila kung paano mararating ang ideyal na estado kung saan wala nang ideyal na hahangaring marating.

Napakaraming pilosopo ang naimpluwensyahan ni Nietzsche. Halimbawa’y sina Jean-Paul Sartre, Martin Heidegger at Michel Foucault. Dito’y ididiskas iyong mga iskolar na nagpakadalubhasa kay Nietzsche na may partikular na komentaryo sa librong tinatawag na *The Will to Power* (1901).

Una ay si Jacques Derrida sa kanyang *Spurs: Nietzsche’s Style* (1978). Ginamit na halimbawa ni Derrida ang siping “I have forgotten my umbrella” na kasama sa “unpublished manuscripts” ni Nietzsche. Dahil nga hindi lumabas ang pangungusap na ito sa kahit anong librong sinulat ni Nietzsche, hindi malalaman ng mambabasa ang kahulugan ng siping ito. Ayon kay Derrida:

Maybe a citation.

It might have been a sample picked up somewhere, or overheard here or there. Perhaps it was the note for some phrase to be written here or there (Derrida 123).

Dahil hindi masigurado kung saang konteksto ilalagay ang pangungusap, paano malalaman ang kahulugan nito? Tanong ni Derrida, paano kung wala namang ibig sabihin si Nietzsche, o nagpapanggap lang siyang may sinasabi? Maaaring likha ng konteksto para bigyang kahulugan ang sipi, ngunit hindi malalaman kung ito talaga ang konteksto-kahulugan para kay Nietzsche. Kung gayon, hindi magagamit ang “I have forgotten my umbrella” upang maintindihan ang kontrapilosopiya ni Nietzsche.

Isang pilosopo at dalawang kritika ng panitikan naman ang susunod nating pagtutuunan ng pansin. Sa librong *Nietzsche's Case: Philosophy As/And Literature* (1993) nina Bernd Magnus, Stanley Stewart at Jean-Pierre Mileur, inusig nila ang pilolohikal na pundasyon ng paggamit ng *The Will to Power*. Tulad ni Derrida, kinuwestyon nila ang kasiguruhan ng pag-iinterpreta sa mga bahagi ng di-nalathalang sulatin ni Nietzsche. Binigay nilang halimbawa ang siping ito: “‘But how could you behave that way! a friend said to a very clever person—it was stupidity.’ It has become difficult enough for me too, he replied.” Ang palitang ito’y isinulat ni Nietzsche noong 1882, at dumaan ito sa limang stejy bago masama sa ikaapat na bahagi ng *Thus Spoke Zarathustra* na nalathala noong 1885. Ibang-iba na ang konteksto (at kahulugan) ng sipi (Magnus, Stewart at Mileur 42-43). Ang isang manunulat, halimbawa, na ituturing ang bersyon mula sa 1882 bilang huling bersyon, imbes na burador, ay hindi talaga maiintindihan ang mga sinulat ni Nietzsche. Puro lamang burador ang *The Will to Power* at hindi rito mahihinuha ang ibig sabihin ni Nietzsche. Ayon pa nga kina Magnus:

“[N]ietzsche had not only abandoned his intention to write called *Der Wille Zur Macht* [*The Will to Power* sa Aleman], but that *even while he was entertaining the notion of writing such a book* its content was *not* to be the pseudo-canonical 1,067 sections gathered under that title by Elisabeth Forster-Nietzsche, Heinrich Koselitz, Otto Weiss et al” (Magnus, Stewart, Mileur 38, sa kanya ang empasis).

Pinasimulan nina Magnus ang mga katagang “lumper” at “splitter” sa pagsasakategorya ng mga manunulat hinggil kay Nietzsche. Ang mga lumper ay ‘yung tinatrato ang *The Will to Power* at iba pang di-nalathalang sulatin ni Nietzsche bilang kapantay ang status sa mga librong kanyang nilathala. Halimbawa ng lumper ay si Martin Heidegger na ididiskas sa katawan ng tisis na ito. Ang splitter naman ay ‘yung pinag-iiba ang mga nalathala at di-nalathalang sulatin ni Nietzsche. Para sa mga splitter, hindi kailangang ikonsedera ang huli sa interpretasyon ng mga ideya ni Nietzsche, taliwas sa paniniwala ng mga lumper. Halimbawa ng splitter ay si RJ Hollingdale, na ididiskas ko pagkatapos kina Magnus.

Bakit mahalaga ang pag-ibahin ang mga lumper at splitter? Reklamo ito ni Steven Hales, awtor ng *Recent Work on Nietzsche* (2000). Kinumpara niya ang kaso ni Nietzsche sa kaso nina Wittgenstein at Coltrane:

Other philosophers who left extensive unpublished notebooks after their deaths have not been treated similarly. [Ludwig] Wittgenstein, for example, has been far more prolific in death than he ever was in life, and his interpreters guiltlessly help themselves to this posthumous material. ... On the CD version of John Coltrane's jazz classic *Giant Steps* there are two versions of almost every song. One is the "official" version, as it appeared on the original LP, and the other is an alternative take. Jazz fans may dispute which versions are better, but it is the rare Coltrane buff indeed who wouldn't even want to hear the alternatives (Hales 314-315).

Unang-una, hindi naman musikero ng Jazz si Nietzsche. Pangalawa, ayon nga kina Magnus, ang mga lumper na pinagsasama ang mga nalathala at di-nalathalang sulatin ni Nietzsche ay kadalasang pinipilit siya sa isang pilosopikal na sistema (pilosopikal na sistema, bagay na lubos na nilabanan ni Nietzsche, ang kanyang mga atake rito'y ididiskas ko sa katawan ng tisis), sa isang metapisika. Argumento nina Magnus na kontrametapisika si Nietzsche, at magmumukha lang siyang makametapisika kung ang pagbabasehang teksto'y ang mga katulad ng *The Will to Power*, mga di-nalathalang sulatin.

At pangatlong dahilan: ilang bahagi ng *The Will to Power* ay hindi lamang burador kundi mga sulating tinapon ni Nietzsche. Marapat na makuha ang buong kwento sa mga salita ni Hollingdale. Ayon sa kanya, nag-iwan si Nietzsche ng mga papel na sinulatan sa bahay na kanyang nirentahan. Sinabi niya kay Durisch, ang kanyang landlord, na basura ang mga ito at dapat itapon. Hindi ito tinapon ni Durisch, at nang isang araw, wala na si Nietzsche, pinamigay niya ito sa mga turistang nadalaw sa kanyang bahay, sinita siya ng estate ni Nietzsche. Ang nangyari: "he at once sent the whole load of refuse to Elizabeth, who subsequently placed it in the 'Archive' – when the *Will to Power* was prepared, it was among the 'manuscripts' from which selection was made" (Hollingdale 250-251).

Malinaw mula sa mga datos na ito na hindi libro ni Nietzsche ang *The Will to Power* na hindi niya ito sinulat. Sa pagpapaliwanag sa kanyang (konra)pilosopiya, wala itong lugar. Nakakalungkot, kung ganon, na mabasa ang isang bagong lathalang libro, ang *Friedrich Nietzsche* ni Lee Spinks, na awtentikong likha ang *The Will to Power* (Spinks 133-152).

Istilo ang binigyang empasis ng maraming espesyalista sa paksang si Nietzsche. Halimbawa'y si Alexander Nehamas sa kanyang *Nietzsche: Life as*

Literature (1985). Ayon sa kanya, nagsulat si Nietzsche sa maraming genre (tula, aporismo, sanaysay, kwento [*Thus Spoke Zarathustra*], autobiography) dahil “he wants his readers to accept his views, his judgments and his values as much as he wants them to know that there are essentially *his* views, *his* judgments, and *his* values” (Nehamas 35, sa kanya ang emphasis). Konektado ito sa punto ni Nehamas na ang paglikha sa sarili ang sentrong problema ni Nietzsche. Syempre, kung lilikha ng sarili ang isang tao, kailangan sarili niyang gawa ito (hindi mo sarili ang gawa ng iba). Ang empasis ni Nietzsche sa presentasyon, sa istilo, ay ang empasis niya sa kung ano ang kanyang pinepresenta, sa kanyang sinasabi, na dapat gamitin ang sariling isip, at huwag magpaalipin sa mga ideya mula sa iba.

Isa pang katangiang nakita ni Nehamas kay Nietzsche ay ang sobrasobrang paggamit ng pilosopo sa hyperbole. Ayon sa kanya: “It is, for example, one thing to claim that Greek tragedy came to its end through the dramas of Euripides, that the genre was exhausted by them, that tragedy had nowhere to go after Euripides wrote. It is quite another to write, and to mean, as Nietzsche does, that “Greek tragedy... died by suicide... tragically,” that Euripides actually killed it, and that he used and was used by “aesthetic Socratism as the murderous principle” (Nehamas 22).

Pangatlong katangian at, kung aalalahanin ang pamagat ng kanyang libro, ginawang sentral na problema ni Nehamas ang paggamit ni Nietzsche sa mga talinghagang pampanitikan. Ito’y dahil estetiko ang pananaw ni Nietzsche sa buhay, proyektong nililikha.

Istilo rin ang binigyang empasis ni Bernd Magnus, Stanley Stewart, at Jean-Pierre Mileur. Tinukoy nila ang limang estratehiya ni Nietzsche sa kanyang mga sinulat. Ang una’y tugma sa pananaw ni Nehamas, ang paggamit ni Nietzsche sa hyperbole. Ang natitirang apat:

Second, there is the feature of *undecidability* which inhabits almost all of the writings as a sort of spectral presence. Third, Nietzsche’s writings resist *paraphrase* and they do so in a special way. Fourth, most of his published writings virtually *embody* the theses for which they argue, they represent, incarnate their thought, they are instances of their own kind, token of their own type; they are self-referring simulacra... Fifth, a defining feature of Nietzsche’s central philosophical gestures is that they are self-consuming concepts (Magnus, Stewart, Mileur 16).

Patuloy pa nina Magnus, ang estilo ni Nietzsche’y hindi binibigyang empasis ng ibang manunulat. Halimbawa na lang ang *Thus Spoke Zarathustra*. Ito ay kwento tungkol sa tauhang si Zarathustra pero tinuturing ng maraming mambabasa na lahat ng sinabi ng tauhang si Zarathustra ay opinyon din ni Nietzsche. At hindi lang ‘yon, pati ang mga sinasabi ng ibang tauhan sa kwentong ito’y tinuturing na pananaw ni Nietzsche. Halimbawa nina Magnus ang mga katagang “You are going among women? Do not forget your whip!” Ito ay binanggit ng matandang babaeng kausap ni Zarathustra, ngunit ginagamit ng ibang manunulat bilang patunay ng sexismo ni Nietzsche. Sa aking sariling riserts ay natagpuan ko ang ganitong textual na karahasan sa *The Body Social* (1993) ni Anthony Synnott (52).

Mga argumentong *ad hominem* naman ang istilong nakita ni Robert Solomon sa mga sulatin ni Nietzsche. Sa kanyang *Nietzsche ad hominem: Perspectivism, personality and ressentiment* (1995) nilarawan ni Solomon si Nietzsche sa ganitong paraan: “He wondered what made people “tick”, and he rightly suspected that what they thought and said about themselves and their ideals was almost always misleading, mistaken, or just plain fraudulent” (81). Ang isyu para kay Nietzsche, para kay Solomon, ay hindi ang kasagutan sa mga pilosopikal na tanong, kundi: anong uri ng tao ang mag-iisip ng ganitong uri ng mga tanong, at anong klase ang sasagot ng ganito, at anong uri ang sasagot ng ganoon. Ito ang pagiging sikolohista ni Nietzsche.

May sanaysay si Nietzsche sa *The Gay Science* (1882) na pinamagatang *The One Thing Needful*. Ang kailangan, ayon sa seksyong ito, ay “To “give style” to one’s character” (Nietzsche 232). Pinaliwanag ni Nehamas ang ideyang ito at ginawang sentro ng kanyang interpretasyon kay Nietzsche. *Life as Literature* nga, buhay bilang panitikan, buhay bilang likhang sining. Ito raw ang proyekto ni Nietzsche. Ang kaso’y sa usapin ng moralidad, kabutihan at hindi kagandahan ang importante. Reklamo nga ni Michael Tanner sa Nietzsche ni Nehamas, “What about Goering [isang mataas na pinuno ng mga Nazi]? His style is undeniable and unmistakable, but one hopes he has a few admirers” (393). Hindi naman sentral sa pilosopiya ni Nietzsche ang pagbibigay ng istilo sa buhay (bagaman dapat matinig ang istilo sa pagsusulat). Paliwanag nga ni Tanner: “[What Nietzsche] proposes in [*The Gay Science*] is to be taken as preliminary moves towards a goal of which he was not yet at all confident (394). Ang slogang inusal ni Nietzsche sa *The Birth of Tragedy*, ang

kanyang unang libro, “only as an *aesthetic phenomena* that existence and the world *justified*” (52, sa kanya ang empasis), ay tinalikuran na niya pagdating ng tinuturing niyang kanyang obra maestra, ang *Thus Spoke Zarathustra* (Hollingdale 32).

Salungat sa pag-iinterpreta sa mga masama o malungkot na bahagi ng isang buhay bilang kinakailangan sa pagbuo ng sarili sa kasalukuyang panahon (isang pagpapantasyang pagbabalik-tanaw), ang kinakailangan ay amor fati. Ang pagsang-ayon sa walang-hanggang pagbabalik/pag-uulit-ulit. Hindi nito ibig sabihin na pagtatakan mo ang iyong mga pagkakamali sa nakaraan, o pagkukunwaring naturuan ka ng mga pagkakamaling iyon, kundi ang pagmamahal sa nakaraan mong puno ng pagkakamali. Ito ang paliwanag ni Joan Stambaugh. Konklusyon niya: “what Nietzsche really emphasizes most about fate is that things cannot be in any other way than they are” (Stambaugh 82). Walang interpretasyon, meron lang kung ano ang meron.

Tungkol sa mga manunulat na Asyano ang paksa ng sanaysay ni Graham Parkes na pinamagatang *Nietzsche and East Asian thought: Influences, impacts, and resonances*. Ang pagiging kontrametapisika ang pinagtuunan ng pansin ni Parkes sa kontrapilosopiya ni Nietzsche. Ayon sa kanya:

[S]ince Chinese and Japanese philosophies are for the most part *unmetaphysical* in outlook, insofar as Nietzsche’s ideas can be shown to resonate sympathetically with features of those quite alien traditions of thinking, such resonances may boost his standing in the competition, among such figures as Hegel and Heidegger, for the distinction of being the first Western thinker to “overcome” the metaphysical tradition (Parkes 356).

Ayon kay Parkes, mababaw ang pagkakaintindi ni Nietzsche sa mga ideya ng Hinduismo at Budismo, at mas produktibong usapang ang mangyayari kung ang mga naimpluwensyahan niyang mga manunulat na Asyano na lang ang idiskas. Ang mga ito’y sina Watsuji Tetsuro at Nishitani Keiji, parehong Hapon.

Bilang manunulat ng mga kwento at dula, ayon kay Parkes, nabigyan ng tamang atensyon ni Watsuji ang mga aspektong masining sa mga gawa ni Nietzsche. Ngunit, sa kasamaang-palad, isa siyang “lumper,” binigyang pantay na pokus ang mga nalathala at di-nalathalang sulatin ni Nietzsche.

Magkasabay naman na binasa ni Nishitani sina Nietzsche, Dostoevsky, Emerson, at iba pang dakilang likha/manunulat ng Kanluran. Ang kombinasyon nito sa pag-aaral ni Nishitani sa kaisipan ng Silangang Asya (Hinduismo, Daoismo, Budismo) ang nagbigay sa kanya at iba pang pilosopong Hapon ng isang komprehensibong pagtingin sa pilosopiya, kung kaya't, ayon kay Parkes, dapat seryosohin ang kanyang mga kontribusyon sa pilosopiya.

Kontrametapisika nga ang oryentasyon ni Nishitani, bentahe niyang maging pilosopong nasa labas ng tradisyong metapisikal ng Kanluran. Ayon kay Parkes nailagay siya nito sa posisyong hindi nahuhumaling sa metapisika at kung gayon ay mas naiintindihan ang (kontra)pilosopiya ni Nietzsche. Sa kasamaang-palad ulit, tulad ni Watsuji, lumper ding matatawag si Nishitani.

Si Nietzsche nama'y madalas akusahan na walang binubuo, puro lang pagbabaklas. Ngunit para sa kanya mayroon nang ginagawa sa pagwawasak. Ang negatibismong ito'y tinatawag kong kontrapilosopiya. Mahihinuha ito sa paglalarawan ng mga editor ng *Cambridge Companion to Nietzsche* ng proyekto ni Nietzsche. Sa kanilang "Introduksyon" inilarawan nila ang pagtatangka sa mga sulatin ni Nietzsche "to liberate us precisely from the felt need to provide theories of knowledge, or moral theories, or ontologies" (Magnus at Higgins 3). Hindi nagbibigay si Nietzsche ng mga sagot sa standard/teksbuk na tanong sa pilosopiya, ipinapaliwanag niya kung bakit mayroong paghahangad para sagutin ang mga tanong na ito, ang nagrepresenta siya ng kaso (ang kanyang sarili) na tapos na sa ganitong uri ng pamimilosopo.

Pag-uusig sa Sarili

Ang konsensya ng isang tao, ayon sa ilan, ay munting tinig na bumubulong sa tao tuwing meron siyang gagawin na hindi tama. Kung iwawaksi natin ang paniniwalang ito, paano natin malalaman kung ano ang tama at mali? Para masagot ito'y kailangan nating pag-aralan ang genealogy ng sarili ni George Herbert Mead. Para sa kanya, sa pag-aaral tungkol sa sarili, hindi dapat assumption na meron na ngang sarili. Ang alaala, wika at komunidad na kinabibilangan ng isang tao'y malaki ang papel sa pagbuo ng sarili.

Dapat sundin natin si Mead sa kanyang sinabing dapat tayo'y gumawa ng distinksyon "between the experience that immediately takes place and our own organization of it into the experience of the self. One says upon analysis that a certain item had its place in his experience, in the experience of his

[self]. We do inevitably tend at a certain level of sophistication to organize all experience into that of a self” (135).

Isama natin si Nietzsche sa usapan. Ayon sa kanya: “I am afraid we are not rid of God because we still have faith in grammar” (*The Portable Nietzsche* 483). Ang istruktura mismo ng wika ang nagbubukas sa atin sa pagkakamali.

Hindi naman mahirap isipin ang isang bagay na hindi bagay. Tingnan na lamang ang apoy. Hindi ito solido, likido o gas. Ito ay proseso. Ang bata ay proseso, ang bata ang kanyang pagtakbo, pagkain, paghinga. Sabi nga ni Nietzsche sa *Genealogy of Morals*: “there is no ‘being’ behind doing, effecting, becoming; ‘the doer’ is merely a fiction added to the deed—the deed is everything” (481).

Para sa maraming pilosopo, at sentido kumon na rin, gamit ang wika. Tulad ng isang makina, kasama sa (gawang-taong) teknolohiya. Ngunit tulad ng paghuhugis ng wika sa sarili, may ganitong epekto rin ang/sa teknolohiya. Ito si Timothy Clark, sa kanyang paliwanag kay Walter Ong: “the emergence of the modern self as an individual, as subject of representation and space of private interiority, is only conceivable in a mass print culture” (242).

Kung paano gumagana ang wika ay susi para kay Mead sa paghahanap ng batis ng sarili. Halimbawa’y “Gugu guga” na walang kahulugan sa Filipino. Hindi ka maiintindihan ng kausap mo kung ito’y sasabihin mo sa kanya. Ngunit ang “Gaga ka,” sabihin mo sa kausap mo at may saysay ito para sa kanya, at kung pagalit mong sinabi’y baka magsapakan kayo, at kung pabiro’y baka magkatawanan. Ito’y sa kadahilanang may kahulugan ang “Gaga ka” sa Filipino, hindi tulad ng “Gugu guga” at tulad ng “Gugo, gaga.” Sabi nga ni Mead: “Language would have never arisen as a set of arbitrary terms which were attached to certain stimuli. Words have arisen out of a social interrelationship” (189). Upang maintindihan, kailangan mong gumamit ng mga salitang alam ng iyong kausap. Sa komunikasyon, dapat alam mo ang magiging epekto ng iyong mga gagamiting salita sa iyong kausap. At hindi lang mga salita, pati mga simbolo at galaw. Halimbawa ni Stanley Fish ang taong nagtataas ng kamay sa klase. Alam nating gusto niyang magsalita. Alam niya kasing ganito ang paraan upang makakuha ang mga estudyante ng permiso mula sa kanyang guro para magsalita. Kung gayon, ang estudyante’y inilagay ang kanyang sarili sa kalagayan ng guro. Sa kanyang diskusyon ng estudyanteng nagtataas ng kamay, sinabi ni Stanley Fish na hindi talaga

“obyus” ang kahulugan nito, pwera na lang sa mga estudyante at guro. Maaaring iba-iba ang kahulugan ng pagtataas ng kamay sa isang kwarto sa isang taong hindi naman babad sa kultura ng eskwelahan:

Such a person might have thought that Mr. Newlin was pointing to the fluorescent lights hanging from the ceiling, or calling our attention to some object that was about to fall (“the sky is falling,” “the sky is falling”). And if the someone in question were a child of elementary or middle-school age, Mr. Newlin might well have been seen as seeking permission not to speak but to go to the bathroom.... (Fish 187).

Sa ganitong paraan inilalagay ang sarili sa kalagayan ng iba. Kaya nang sabihin ni Mead na “You cannot say anything that is absolutely particular, anything you say that has any meaning at all is universal” (146) hindi niya sinasabing ang pangungusap na “Bayang magiliw, Perlas ng Silanganan” ay maiintindihan ng lahat ng tao sa mundo. Ang sinasabi niya’y upang magamit ang wika sa tamang paraan ay dapat mong alam kung anong damdamin at iba pang reaksiyon ang bubuhayin mo (sa pamamagitan ng mga salita) sa ibang tao, kahit sa isang tao man lang.

Ang pagsasalooob ng pamumuhay na ito ang paraan kung paano nalilikha ang sarili. Halimbawa ni Mead ang isang baseball player. Upang mahusay na makapaglaro, dapat alam niya ang inaasahan ng ibang player sa kanya. E hindi naman ako marunong maglaro ng baseball kaya ang gagamitin kong halimbawa’y ang mga patalastas ng Safeguard sa aking kabataan. May isang babae sa supermarket, naghahanap ng sabon. Nang kumuha siya ng isang brand, sumulpot ang kanyang konsensya, nagbababalang hindi sapat ang brand na iyon para pangalagaan ang kanyang pamilya. Ano na lang ang sasabihin ng iyong mga kapit-bahay? Ng iyong mga anak? Umaasa silang mahusay na nanay at asawa ang babae. Kapag ang isang tao’y naririnig na ang tinig ng iba sa kanyang ulo, at may reaksiyon siya sa mga ito, dito na masasabing meron siyang sarili: “he becomes an object to himself only by taking the attitudes of other individuals toward himself within a social environment or context of experience and behavior in which both he and they are involved” (Mead 138).

Kung gayon ay maaaring magkaroon ng iba-ibang sarili ang isang indibidwal. Kung tatanggalin natin ang konsepto ng gitna, matatanggal

ang mga problema ng kontradiksyon. Suhestyon ni Richard Rorty, isang tagapagmana ng tradisyong pragmatismo na kinasasapian ni Mead, na subukin nating tingnan ang mga tao bilang walang-gitnang sapot ng mga paghahangad at panaginip (tingnan ang Rorty 32).

Kultura at Komunidad

Ang sarili'y nagmumula, ayon kay Mead, balintuna man ang dating, sa ibang tao, sa mga grupong panlipunan. "Generalized other" ang tawag dito ni Mead. Kung gagamitin natin ang pragmatikong metodo ni William James ("What difference would it practically make to anyone if this notion rather than that notion were true?" (94)) iisipin nating mapanganib ang teorya ni Mead. Kung ang sarili ng isang tao'y nakabatay sa atityud ng kanyang komunidad, hindi ba't malulunod ang kanyang indibidwal na pag-iisip? Hindi lang personal na dangal ang naapektuhan dito, pati na rin ang pag-iisip natin tungkol sa tama at mali. Paano nga ba, para sa isang tao, ang maging kaaway ng masa? Totalitarianismo!

Naiiwasan ni Mead ang mga problemang ito sa kanyang pagdagdag na ang komunidad ay hindi blokeng monolith na hindi mapasok, nagbibigay lamang ng utos; "We are engaged in a conversation in which what we say is listened to by the community and its response is one which is affected by what we have to say" (Mead 168). Stratehiya niya ring sabihing hindi lang naman isa ang komunidad. Ang isang tao, kung kontra sa lipunan ang kanyang opinyon, ay maaaring mag-apila sa mas malaking komunidad. Halimbawa, sa rason, sa kasaysayan at kinabukasan ng iyong bayan, sa katotohanan:

Can I, belonging to a structure that demands that I be afraid, aggressive, acquisitive, can I go to the office without being ambitious? If I am not ambitious, if I am not greedy, completely – that is, actually and completely non-greedy, not just verbally– then nothing is going to make me greedy, because I have seen the truth and the falseness of greed. When I have seen that clearly, cannot I go to the office and not be destroyed? (Krishnamurti 101)

Narito na tayo ngayon sa etika. Tulad ng sarili, ang mga karapatan ay binubuo (sa pamamagitan) ng komunidad. Dalawang pangungusap mula kay Mead ang sumusuma sa pananaw na ito: "We cannot have rights unless we

have common attitudes” (164), “The things one cannot do are those which everybody would condemn” (168). Halimbawa ang pribadong pag-aari, hindi ito magiging karapatan kung hindi kikilalanin ng lipunan (tingnan ang Mead 161).

Ang ideya na ang karapatan sa pribadong pag-aari ay isa lamang likhang tao, at kung gayon ay hindi walang hanggang batas (ibig sabihin maaaring mabago) ay mabuting balita para sa akin, ngunit ang datos na ito’y nagbabalik sa atin sa problema ng metapisika at teyismo. Isipin na lang ang mga loyalista sa pulitika, ang mga nagpuputol ng clitoris, atbp. Isang mahusay na larawan ng “straying into an infinite nothing” (na tinatawag din nating “kultural na relativismo”) ay ang kay Randy David. Ang una sa mga galing na nakalista sa kanyang “Ten Virtues of a New World,” ay “tolerance,” binigyang kahulugan niya bilang “the capacity to accept difference and not to feel threatened by it” (David 340). Isa sa mga kulturang dapat pakitaan ng tolerance, kung susuriin natin ang libro ni David, ay ang mga fraternity. Kinuwento niya bonding, ang pagpapalakas ng imahen ng pagkalalake, at ang kinang ng mga prestihiyosong alumni na umakit sa kanya para sumali sa isang fraternity. Malapit sa paksang ito ang kumento niya sa pagkapatay kay Alex Icasiano, at ang tawag upang ipagbawal na ang mga fraternity:

Fraternities do not depend for their existence on the recognition of the schools in which they operate. They work their way to recognition as legitimate student organizations by proving their worth as workshops for leaders. De-recognizing or banning them may hamper their activities, diminish their stature, and make it more difficult for them to attract new members. It may put an end to younger fraternities, but it will not kill fraternity culture. Fraternities that have had a long illustrious tradition survive through their alumni. The networks they have formed over the years remain reliable sources of vital contracts in a highly personalistic society like ours (David 246).

Ang punto ni David: ang mga gustong durugin ang opisyal na pagkilala sa mga fraternity (bilang organisasyong pang-eskwela) ay hindi naiintindihan ang ibinibigay ng mga samahang ito sa mga lalakeng kasapi. Kung tayo’y magiging open-minded hindi natin sasabihing barbariko ang hazing, at kung may tolerance lang ang mga Filipino, maaari nilang ulitin ang deklarasyon ni David: “it was the tragic misfortune of Alex Icasiano that there were only

two in his batch and about 15 masters taking turns beating them up” (David 247). Masaya si David na malamang sinalihan ng kanyang anak ang dati niyang fraternity (nakatago ang mga pasa sa ilalim ng long-sleeves, tinawag siya nitong “brod”). Hindi ito pambababoy kay David kundi paglalarawan ng mga panganib ng kulturalismo. Ito halimbawa ang panggagagad ni Camille Paglia sa pluralismong liberal:

And if we're going to learn from the marginalized, what about drug leaders, moonshiners, Elvis impersonators, string collectors, Mafiosi, foot fetishers, serial murderers, cannibals, Satanists, and the Ku Klux Klan? I'm sure they'll all have a lot to say (Paglia 31).

Ngunit ito ang implikasyon ni Mead, at inamin ni Rorty (alingawngaw si David), na kulturalismo na lang ang matitira sa atin kapag inabandona na natin ang ideya ng absolute. Mga pangungusap lamang, ayon kay Rorty, ang maaaring maging tama o mali. Likhang tao ang mga pangungusap. Konklusyon: tao ang gumagawa ng katotohanan. Lahat ay maaaring pagandahin/papangitin sa pamamagitan ng paglalarawan at muling paglalarawan. Kaya nga kailangang aminin ni Rorty na walang “*neutral, noncircular way to defend the liberal's claim that cruelty is the worst thing we do...*” (197). Ang kanyang tawag sa kanyang binababoy ay “*metaphysician,*” at kung ilalaglag ang metapisika, ilalaglag na rin ang tradisyonal na pagsagot sa mga problema ng etika: “For liberal ironists, there is no answer to the question, “Why not be cruel?”– no noncircular theoretical backup for the belief that cruelty is horrible” (Rorty xv).

Madalas gamitin ni Rorty ang “we” sa kanyang depensa sa liberalismo, at nagmimistulang mga liberal (ayon sa kanya, mga taong naniniwalang kalupitan ang pinakamasamang bagay) ang tinutukoy ng “we.” Syempre pa, hindi naman tayong mga Filipino kasama sa “we” na ito. Ngunit hindi lang “we liberals” ang tinutukoy ng kanyang “we,” na pwedeng maging ilusyon ng isang Filipinong gustong maging espesyal, kundi “we Americans” (tingnan ang Rorty 191; Eagleton 116).

Kung ilalaglag ang ideya ng gitna, ng grupo ng mga katangiang makikita sa lahat ng tao, kakailanganing maging makabayan para maging mabait. Ang pagpapalawak ng iyong ideya ng “we,” ayon kay Rorty, ay mayroong bagaheng hindi maaaring hindi pansinin, ay nagagawa hindi sa pamamagitan

ng pagbabasa ng mga libro ng pilosopiya (sabihin nating *Groundwork for a Metaphysics of Morals*) kung hindi? ng mga nobela, kung saan may mga detalye ng paghihirap ng tao. Ginagawa tayong mas malay ng fiksyon, hindi lamang sa sakit na dinadanas ng mga babae at taga-Vietnam, kundi pati sa sarili nating kalupitan. Talo ng panitikan ang pilosopiya pagdating sa moralidad: “Since the characters in novels age and die – since they obviously share the finitude of the books in which they occur – we are not tempted to think that by adopting an attitude toward them we have adopted an attitude toward every *possible* sort of person” (Rorty 107). Isa pang batis ng pagpapalawig ng imahinasyon, para kay Rorty, ay ang mga libro ng etnograpiya, at sa diskasyon na ito’y maaari na tayong pumunta sa mga gawa ni Bradd Shore.

Ikalawang Seksyon: Paalam sa Moralidad

Kailangang aminin, mahirap sagutin ang “Ano ang tao?” at sa aking palagay hindi ko kayang sagutin ang “Ano ang Amerikano?” (sa tingin ko kahit si Rorty mahihirapan). Siguro may masasabi naman akong mahusay sa isang katulad na tanong: “Ano ang Filipino?” Paano malalaman kung Filipino ang isang tradisyon, isang sayaw, isang kanta, isang tao, isang bagay? Sa kanyang nakamamanghang *Bukod na Bukod* (2003), atas ni Isagani Cruz sa mga Filipinong kritika na dapat maalam sila sa mga makabagong teorya, tulad ng Bagong Historisismo, atbp. Ngunit nagbabala rin siya tungkol sa walang-isip na pagtanggap ng mga metodong ito:

Ikawalo’y dapat nating iwasan ang pagkalublob sa tinatawag na Kanluraning Neo-Universalismo na binubuo ng Marxismo, Istrukturalismo, Istrukturalismo, Feminismo, postmodernismo, at iba pa. Hindi ko sinasabi na hindi dapat tayo nagbabasa ng tungkol sa mga ito; malaking kamangmangan ang mangyayari sa atin kung gagawin natin ito. Ang sinasabi ko’y dapat nating kunin sa Kanluran ang mga bagay lamang na bagay sa atin. Sa sarili nating kritika tayo magsimula, sa kritika nina Rizal at Lopez at iba pa, at gamitin lamang natin ang ilang aspekto ng makabagong mga kilusang Kanluranin kung bagay at kapaki-pakinabang ang mga ito sa ating sariling sitwasyon (Cruz at Bayot 17).

Ang problema’y pinresenta ni Cruz. Ito ay ang Kanluran bilang isang buong kultura, na walang kontradiksyong internal. Iyon din ang ginagawa niya sa Pilipinas, estratehiya ang paggamit ng “tayo” at “natin.” Nag-iimbento siya ng esensya ng “Filipino,” at ng “tao!”:

Unang-una na’y dapat maging maka-Filipino ang kritikong Pinoy. Hindi ako makikipagtalo sa inyo kung hindi kayo sang-ayon dito. Wala tayong mapag-uusapan kung hindi kayo naniniwala na dapat maging maka-Filipino tayo. Hindi rin ako makikipagtalo sa inyo kung ayaw ninyo pumayag na dapat maging makatao ang kritikong Pinoy. Kung maka-Amerikano kayo o kaya’y makahayop ay problema na ninyo iyan (Cruz at Bayot 11).

Parang laro, nagmimistulang pareho ang maka-Amerikano at maka-hayop, parang hayop ang mga Amerikano, ngunit ito’y masyadong simplistiko, at nakakadagdag, imbes na nasasagot, ang problema.

Ang problema ng Filipinong kritika ay problema rin ng Panitikang Filipino. Noong ako’y estudyanteng di-gradwado, pinakain ako ng marami, at nagsasalungat na teorya. Sabi ng iba, ang isang gawa’y Filipino kung ito’y nakasulat sa isang wikang Filipino (kadalasa’y hindi tinatanggap ang paniniwalang ito dahil sa Espanyol sinulat ni Jose Rizal ang kanyang dalawang nobela). Ang sabi naman ng iba, ang isang gawa’y Filipino kung tungkol ito sa Pilipinas (e.g., base sa ating mga mito, dinidiskang ang ating mga sosyo-pulitikal at pang-ekonomiyang problema). Hindi kapanipaniwala ang istilong local-color na ito. Ang isang maikling kwentong tungkol ba sa Payatas ay otomatikong Filipino? Ang dulang may mga tauhang tulad ni Bernardo Carpio? Parang superpisyal ang pagiging Filipino, katulad din ng Barong Tagalog Nationalism. Narito ang mga salita ni Jorge Luis Borges, Argentine, at nagsusulat tungkol sa mga espiyang Pranses at mamamatay-taong Aleman:

I believe if there were any doubt as to the authenticity of the Koran, this absence of camels would be sufficient to prove it is an Arabian work. ... the first thing a falsifier, a tourist, and Arab nationalist would do is have a surfeit of camels, caravans of camels, on every page (Borges 215).

Ang pulitika ng panitikang Filipino ay nagbibigay-liwanag sa

kasalimuotan ng halagahang Filipino. Para diretso na: walang espesipiko at esensyal na halagahang Filipino, kahit ano pa ang sabihin ng mga manunulat na nagbubukod-sa-sarili, ‘yung mga ipinagdiriwang ang “utang na loob,” “pakikisama,” at “pakikipagkapwa.” Hindi sagot sa pagkawala ng paniniwala sa Diyos ang relativismong kultural. Ito ang konklusyon ni Bradd Shore sa kanyang pag-aaral ng kultura ng Samoa. Isinalaysay niya ang kwento ng isang lalake, anak ng pinuno ng bayan. Binaril ang kanyang ama. Sa isang seremonya, kinausap ng Pastor ang lalake, pinaalala ang mga ideya ng pagmamahal ng Kristiyano, ang halaga ng pagpapatawad. Ngunit, ilang oras lang ang lumipas, itong Pastor na ito ay kinausap muli ang lalake, at inutos na nitong patayin ang pumatay. Ang ginawa ng anak ng pinuno ng bayan: inatake niya ang pumatay sa kanyang tatay, gamit ang isang matchete. Hindi niya ito pinatay.

In this case, however, there was no easy way out for the dead chief's son. Caught between the demands of incompatible norms, contextual dissociation could not provide for him an escape from what must have been experienced as a double blind. The fact that the youth opted to play out the vengeance scenario rather than the forgiveness one is not predictable from the cultural perspective alone. The son's attack on his father's murderer was a ferocious public display of filial piety. Yet it fell short of lethal revenge. Far from the simple manifestations of cultural value, this violent act can only be understood as the unpredictable product of fundamentally incompatible cultural models for behavior combined with profound personal grief and anger over his father's murder. The youth was caught in an ethical dilemma and did what his heart told him to do (Shore 288).

Etnosentrik si Rorty hindi lamang dahil inaalok niyang gamitin ng kanyang mga mambabasa ang kanyang istandard ng “we” sa pagdedesisyon tungkol sa mga sosyo-pulitikal na problema, etnosentrik din siya dahil nag-iimbento siya ng esensya ng ibang kultura. Tulad na lang sa kaso ng lalakeng taga-Samoa. Ang kanyang kultura’y hindi naman nagbibigay ng madaliang sagot tungkol sa mga problema ng moralidad. Maaaring pareho ang magiging reaksyon ng isang Amerikano sa taga-Samoa kung ang tatay naman niya ang pinaslang. Maaaring magkaiba ng reaksyon sa parehong sitwasyon ang dalawang taga-Samoa. Hindi sagot ang kultura sa etika: “[I]f cultural models are the anthropologist's argument for revitalizing human experience, then the ambivalence and anxiety generated by conflicting

models have the effect of relativizing this relativity” (Shore 285).

Ito ang paradoha. Ang sarili’y nagmumula lang sa komunidad. Pero, hindi dapat pagkatiwalaan ang komunidad na ito. At, kadalasan, ang komunidad na ito’y nagpapanggap na moralidad.

Walang tungtungan, kahit ang paniniwalang walang tungtungan.

Ang Pinagmulan ng Kabutihan

Panimulang babala: sa makakaisip na sinasalungat ko ang aking sarili sa kritisismo ko sa etikang maka-Kant, maaaring pigilin muna ang paghuhusga hanggang sa ikatlong seksyon. Sa kanyang *The Practice of Moral Judgment* paulit-ulit iwinaksi ni Barbara Herman ang karaniwang pananaw na ang Imperatibong Kategorikal ay parang pastor na nag-utos sa mga tao kung ano ang dapat nilang gawin. “In a wide range of cases, the role of the Kantian motive of duty is as such a limiting condition: it expresses the agent’s commitment that he will not act (on whatever motive, to whatever end), unless his action is morally permitted” (Herman 31).

Sa paglalarawan ni Herman, ang moralidad na maka-Kant ay hindi nagsasabi kung ano ang dapat mong gawin, kung kung kailan ka lampas na sa tama. Tingnan ito bilang kondisyong panlimita, parang bakod na tumutukoy kung ano ang hindi dapat tapakan, at hindi listahan ng mga moral na gawain sa pang-araw-araw na buhay.

Ang Imperatibong Kategorikal ay dapat makita bilang paraan sa paghuhusga sa ating mga kilos, kung maaari o di-maaari ang mga ito. Ayon kay Herman, hindi ito ang batis ng ating mga paghuhusgang moral. Tumutulong lamang ang prosijur na Imperatibong Kategorikal kapag hindi tayo sigurado tungkol sa isang bagay.

Sa madaling salita, upang gumana ang Imperatibong Kategorikal, ang isang tao’y alam na/naniniwalang dapat niyang gawin ang tama. Pumapasok lang ang Imperatibong Kategorikal kapag may duda ang isang tao sa pagiging maaari ng kanyang balak gawin. Hindi ka kayang kumbinsihin ng Imperatibong Kategorikal na gawin ang tama. Ang paniniwalang dapat gawin mo ang tama ay dapat manggaling sa ‘yo.

Saan naman nagmumula ang konsepto ng tama at mali? Narito na ang rules of moral science ni Herman.

Typically they are acquired in childhood as part of socialization; they provide a practical

framework within which people act. When the rules of moral salience are well internalized, they cause the agent to be aware of and attentive to the significance of “moral danger.” They are not learned as bits of information about the world, and not as rules of guidance to use when engaged in particular sorts of activities (moral ones). The rules of moral salience constitute the structure of moral sensitivity. They may indicate when certain sorts of actions should not be taken without moral justification, or they may prevent certain kinds of actions from occurring to the agent as real options for him (functioning here as a kind of moral taboo) (Herman 78).

Kahit sinong pamilyar sa mga pananaw ni Nietzsche tungkol sa moralidad ay susunggaban ang talatang ito. Inasahan na mismo ni Herman ang mga kritisismong ibabato sa kanya. May tatlong tanong siya sa kanyang sarili, dalawa rito’y tanong ko rin: “(1) Where do the RMS [rules of moral salience] come from? Do they represent some source of moral value independent of the CI [Categorical Imperative]? (2) What can count as valid RMS?” (Herman 84)

Hindi ko na gagalugarin ang masalimuot na pagtatanggol/elaborasyon ni Herman sa rules of moral salience, pwersa ang punahin ang kanyang konklusyon: “Not all valid RMS will be the same. Different strategies for resolving the task set by the Moral Law out to be possible, and at times appropriate, given the varied circumstances of human communities” (Herman 92). Hahayaan ko nang si Nietzsche ang umusig kay Herman. Upang maging klaro sa aking mga termino, kailangang itanong: ano ang moralidad? Mahusay ang paghahambing nina Solomon at Higgins sa Moralidad at mga moralidad. Ayon sa kanila:

Even a hermit, separated from society, necessarily lives according to some values (for example, maintaining solitude), ideals (perhaps personal enlightenment), taboos (don’t eat the squirrels), practical guidelines (put enough wood on the fire before going to sleep) and even rules (sing every day at sunset) (Solomon at Higgins 104).

Sa ganitong saysay, walang tukoy na halagahan, ideyal, pagbabawal at alituntunin ang moralidad. Ito’y koleksyon ng “inherited, invented, or even instinctual practices.” Ikinumpara nina Solomon at Higgins ang moralidad sa Moralidad (malaking M), na ayon sa kanya’y partikular sa modernong

lipunang burgis. Ang konsepto ng Moralidad ay isahan, unibersal, otoritatibo, lohikal, walang kondisyon-kondisyon at kategorikal (Solomon at Higgins 104). Ang bersyong ito ng Moralidad ay walang otoriti, at, ayon kay Nietzsche, ang pagsunod dito’y lohikal at rasyunal lamang para sa mga tukoy na uri ng tao.

Bago ako pumunta sa mga puntong ito, ididiskas ko muna ang genealogy ng moralidad. Ang salaysay ni Nietzsche tungkol sa moralidad, kailangang sabihin agad, ay hindi ang kanyang huling paniniwala, o ang huling kahulugan (para sa lahat), ng pinagmulan ng moralidad. Sa katunayan, sa dulo ng unang sanaysay ng kanyang *Genealogy of Morals*, nagtawag siya ng riserts at pag-aaral tungkol sa moralidad gamit ang bagong kaalaman mula sa linggwistiks. Ang orihinal na Alemang pamagat ng librong ito’y *Zur Genealogie der Moral*, na ayon kina Magnus, Stewart at Mileur, ay mas tamang isaling bilang *Toward the Genealogy of Morals* imbes na *On the Genealogy of Morals* (at lalong hindi *The Genealogy of Morals*) dahil

‘on the genealogy of morals’ suggests a topic upon which one is remarking; whereas ‘toward the genealogy of moral[s]’ does not imply the prior existence of the subject upon which Nietzsche is remarking. The one proposition (‘toward’) suggests that Nietzsche is working in the direction of the genealogy of morals in a way that the preposition ‘on’ does not suggest” (Magnus, Stewart at Mileur 19).

Sa madaling salita hindi ang *Genealogy* ang huling imbestigasyon ni Nietzsche sa moralidad (kaso nga lang nabaliw siya dalawang taon pagkalathala ng libro noong 1887 at hindi na siya nakagawa ng mga pagsusuri tulad ng uring kanyang suhestyon sa huling bahagi ng unang sanaysay ng aklat). Kung anu’t anuman, ano ba ang mga konklusyon ni Nietzsche tungkol sa genealogy ng moralidad?

Ang unang pares ay ginagamit sa moralidad ng mga amo, dito’y ang mga kilos at tao’y sinusukat sa kanyang gamit at kapangyarihan. Sa amo, ang mabuti para sa kanya ay maaaring hindi mabuti para sa lahat. Ang kanyang ebalwasyon ng “mabuti” ay mula sa kanyang sarili, ito’y aktibo. Sa kanyang paggalugad ginamit ni Nietzsche ang kanyang pagiging pilolohista, nagkatalog siya ng mga salitang Griyego, Pranses at Latin para sa dakila at mababa. Halimbawa: [T]he German word *schlecht* [bad] itself ... is identical

with *schlicht* [plain, simple]—compare *schlechtweg* [plainly], *schlechterdings* [simply]....” (*Basic Writings of Nietzsche* 464)

Baliklad ang moralidad ng mga alipin, ito’y reaktiv. Para sa alipin, kung ano ang nakakasakit sa kanya ay salbahe sa lahat ng tao sa lahat ng panahon. Unang binibigyan ng kahulugan ng alipin ang iba sa kanya, ang “salbahe,” at sunod lamang ang pagtawag sa kanyang sarili bilang “mabuti,” ang kabaligtaran ng kung ano ang hindi siya. Kunwaring maawain ang alipin, sa totoo’y wala naman siyang kapangyarihang maging malupit. Ang among hindi malupit, bagaman may lakas maging malupit, ang kapuri-puri. Peke ang pagkamapagkumbaba ng alipin.

Wala siyang maipagmamalaki.

Argumento ni Nietzsche na ang kadalasang tinatawag nating moralidad (Moralidad kina Solomon at Higgin) ay nadungisan ng hinanakit.

Ang moralidad na maka-Kant ba (tulad ng relihiyon, tulad ng Moralidad) ay pang-aliping moralidad? Puno ba ito ng sama ng loob? Sagot ko’y oo. Upang patunayan ito’y magbibigay ako ng perspektibong maka-Nietzsche sa tatlong susing konsepto ng moralidad na maka-Kant: ang pagsasaunibersal ng moralidad, ang pagkaila sa sarap sa ebalwasyon ng tama at mali, at ang tingin sa mga tao bilang katapusan-sa-sarili-nila.

Unibersong Kristal

Sabi ni Kant: “Act only on that maxim through which you can at the same time will that it should become a universal law.” Sagot nina Solomon at Higgins: “What he is defending in the most sophisticated terminology is one and the same Morality that he learned as a pious child at his mother’s knee” (Solomon at Higgins 105).

Argumentong ad hominem ito na malamang papalakpakan ni Nietzsche. Paliwanag nila’y ang moralidad mo’y moralidad mo, ang moralidad ko’y moralidad ko, at sa pagkakaiba natin tayo nagiging masaya.

Ang pandakilang moralidad ay pag-oo sa sarili mong halagahan, paniniwala, alituntunin, sarili mong moralidad. Ikaw ang nagset ng mga batas na ito, ang takda ng papahalagahan, at pinaniniwalaan ang mga paniniwala para sa kanyang sarili. Para sa kanyang sarili at para sa kanyang sarili lamang:

The fundamental laws of self-preservation and growth demand the opposite—that everyone must invent *his own* virtue, *his own* categorical imperative. A people perishes when it confuses *its* duty with duty in general. Nothing ruins us more profoundly, more intimately, than, every “impersonal” duty, every sacrifice to the Moloch of abstraction (*The Portable Nietzsche* 577, kay Nietzsche ang emphasis).

Sa madaling salita, dapat may sarili kang moralidad o kung gagamitin ang mga salita ni Herman, dapat may sarili kang rules of moral salience. Ayon nga kina Solomon at Higgins: “Indeed, insofar as it can be universalized (or even generally described!), a virtue is diminished or destroyed” (209).

Bakit may petisismo ang mga maka-Kant sa pagsasaunibersal? Palagay ko’y ito ang paraan ng alipin upang (1) gawing meron ang kanyang wala, at (2) pagkonekta sa kanyang sarili sa mas malaking bagay (ang “tunay” na mundo, ang bagay-sa-sarili-nito). Balikan natin ang sipi ko kay Nietzsche kanina: “Some moralists want to vent power and creative whims on humanity; some others, perhaps including Kant, suggest with their morality: “What deserves respect in me is that I can obey—and you *ought* not to be different from me” (*Basic Writings of Nietzsche* 289-290). Halimbawa ko nga kanina ng pang-aliping moralidad: pagiging mapagkumbaba.

Ang alipi’y mapagkumbaba dahil wala siyang maipagmamalaki. Sa ganitong linya, sumusunod siya hindi dahil gusto niyang maging masunurin kundi dahil ang sumunod lamang ang tangi niyang magagawa. Ang mga batas na unibersal ay unibersal. Kahit sino pwedeng sumunod sa mga ito. Kaso:

But the rules that prescribe such actions may not at all be in the interest of the (not very helpfully described) strong members of that group. They actually prevent them from exploiting qualities that may be dangerous to the group as a whole and by means of which they can distinguish themselves from their community and accomplish the deeds Nietzsche sometimes, equally unhelpfully, describes as unique, high, or great (Nehamas 214).

Ngayon ang ikalawang punto: ganito ng alipin ang pagsasaunibersal. Pagsasaunibersal ng kanyang pekeng pagkamasunurin at pagkamapagkumbaba. Sigaw ng alipin: “Ako ay rasyunal! Ako ay lohikal! Ako ay moral! Alipin mo man ako, salbahe ka, mabuti ako!” Sagot ni Nietzsche:

Moral judgments and condemnations constitute the favorite revenge of the spiritually limited against those less limited—also a sort of compensation for having been ill-favored by nature—finally an opportunity for acquiring spirit and *becoming* refined—malice spiritualized. It pleases them deep down in their hearts that there are standards before which those overflowing with the wealth and and privileges of the spirit are their equals: they fight for the “equality of all men before God” and almost *need* faith in God just for that (*Basic Writings of Nietzsche* 337, kay Nietzsche ang emphasis).

Ito ngayon ang nagkokonekta sa mga punto ng bahaging ito ng sanaysay. Ang metapilosopiyang kontrapilosopiya ni Nietzsche (kontrapilosopiya sapagkat ang buong tradisyon ng Kanluraning Pilosopiya’y hindi papasa sa paggagalugad ng metapilosopiya ni Nietzsche), ang atake niya sa mga relihiyoso, kay Kant, sa salungatang tunay na/mukhang mundo, at sa pang-aliping moralidad ay iisa lamang. Kritisismo niya ito sa mga mahina, sa aliping nais gawing alipin ang lahat.

Ang pagtawag sa Katwiran ay katangahan, dahil hindi naman darating ang Katwiran upang tulungan ka sa panahon ng krisis. Ang magliligtas sa ‘yo, ang magbibigay ng pagkamalikhain sa iyong buhay, ang magbibigay sa ‘yo ng sarap, ay ang mga itinakda mo sa iyong sarili sa pamamagitan ng iyong moralidad.

Ang Gamit ng Sarap

Ayon kay Herman okey lang kay Kant kung ang isang kilos ay overdetermined. Ibig sabihin, na gagawin mo ito nang may higit sa isang motibo. Halimbawa, tungkulin at emosyon. Ngunit: “If the moral incentive is present but does not produce the action—that the action is morally required is not what brings the agent to act—there is no reason to credit the action with moral worth” (Herman 33-34).

Kung babasahin ang siping ito’y maaalala ang dalawang punto mula kay Nietzsche. Una:

“The sexual sensations have this in common with the sensations of sympathy and worship, that one person, by doing what pleases him, gives pleasure to another person – such benevolent arrangements are not to be found so very often in nature!” (*Daybreak* 45)

At:

“An action demanded by the instinct of life is provided to be *right* by the pleasure that accompanies it....” (*The Portable Nietzsche* 577-578, kay Nietzsche ang empasis).

Si Nietzsche ang magpapakita ng koneksyon nito sa moralidad. Para sa kanya, hindi naman kailangang iwaksi lahat ng itinuturing na “moral” at ibida lahat ng “imoral.” Ito ay kabaliwan. Imbes, ang kailangan, magkaroon ng ibang motibo para gawin iyong mga tinatawag na moral (tingnan ang *Daybreak* 60). Ano ang maaaring pumalit sa tungkulin bilang motibo sa mga kilos? Suhestyon ni Nietzsche sa isa sa mga huli niyang libro: Kapangyarihan (tingnan ang *The Portable Nietzsche* 570). Syempre, isa lang ito sa mga maaaring pamalit. Hindi dapat palitan ang petisismo sa tungkulin ng petisismo sa kapangyarihan, o petisismo sa sarap.

Ang Katapusan ng Tao

Sinabi ni Kant dapat tratuhin natin ang mga tao bilang mga dulo at hindi gamit lamang. Nadiskas na nga sa taas na iba ang tingin ni Nietzsche sa mga amo at alipin. Ang mga alipin, dahil namamayani ang hinanakit sa kanyang buhay, ay nakakasuklam. Ang kanyang sikolohiya, ang kanyang paraan ng pag-iisip, ay sakit. Salungat sa alipin ang pananaw ni Nietzsche sa dakilang tao, sa mataas na tao, sa aristokrasya. Sa *Thus Spoke Zarathustra* isinigaw ni Nietzsche ang pagdating ng huling tao. (At dahil isinulat niya ang librong ito mula 1883 hanggang 1885, ngayong kayang 2014 ang panahon ng huling tao?) Zarathustra: “No shepherd and one herd! Everybody wants the same, everybody is the same: whoever feels different goes voluntary into a madhouse” (*The Portable Nietzsche* 130).

Proklamasyon ito ni Zarathustra sa malaking grupo ng tao. Bago ang mga sigaw tungkol sa huling tao ipinakilala muna ni Zarathustra ang *Urbemensch*, ngunit iwinaksi ng mga tao ang ideyang ito. Akala ni Zarathustra’y mandidiri ang mga nakikinig sa kanyang huling tao, ngunit pinalakpakan pa nga nila ito. Konklusyon ni Zarathustra: hindi siya dapat nagesermon sa maraming tao. Naganap ang pangyayaring ito sa prologo ng *Thus Spoke Zarathustra* sa pang-apat na bahagi ng bildungsroman ikukwento ni Zarathustra ang kanyang karanasan. “You higher men”—thus blinks the mob—“there are no higher men, we are all equal, man is man; before God we are all equal” (*The Portable Nietzsche* 398). Kung hindi na

kapani-paniwala ang relihiyon, nga lang, bakit gugustuhing maging kapantay ang madla?

Abiso ni Zarathustra sa matataas na tao na lumayo sa palengke dahil wala silang makikitang kapantay doon. Si Zarathustra mismo ay walang makitang kapantay sa palengke dahil ang tao roo'y katulad din ng huling tao, mga aliping ang pag-iisip ay dapat kalabanin. Hindi maaaring kumbinsihin ang mga tupa na maging dakila.

Tanging sarap lang ang hinahanap ng mga huling tao. Wala silang mas mataas na tunguhin, walang dakilang layunin. Kaiba sila, kung gayon, kina Zarathustra. Mababang uri sila ng tao. Hindi sila mahalaga bilang pinuno, manlilikha ng kultura.

Naniniwala si Nietzsche na iba-iba ang mga tao. Hindi lang ang mga *Übermensch* ang iba sa mga huling tao, iba rin ang mga pilosopo ng hinaharap at mga philosophical laborer, ang mga pilosopo at ordinaryong tao. Naniniwala si Nietzsche sa ranggo at saray sa lipunan dahil naniniwala siyang hindi naman malaki ang pagkakaiba ng tao sa mga hayop (tingnan ang *Basic Writings of Nietzsche* 351). Kailangan ding itala na hindi mahalaga ang alternatibo ni Nietzsche sa maka-Kant na etika. Ang importante'y ang kanyang kritisismo.

Ikatlong Seksyon: Wala sa Sarili

Ang pangungusap na “Ang ganda-ganda mo” ay nag-iiba ng kahulugan depende sa kung paano ito sinasabi, kung sarkastiko o sinsero ang tono ng nagsabi. Ang pagbabago-depende-sa-tono'y hindi lamang katangian ng inusal ng mga pangungusap, kundi pati iyong mga nakasulat. Halimbawa, kung isusulat kong “Baliw talaga si Nietzsche,” nakabatay ang ibig sabihin sa konteksto, kung may malisya o paghanga ang paraan ng ekspresyon.

Pokus ng maraming iskolar ang istilo ni Nietzsche. Nadiskas na ang mga ito sa mga unang seksyon. Nakikita nila kung ano ang sinasabi ni Nietzsche sa pamamagitan ng pagsusuri kung paano niya sinabi ang mga ito. Kapag may parikala ang tono ni Nietzsche, malamang ginagagad niya ang ideyang kanyang ipinepresenta. Kapag eksaherado ang kanyang paraan, maaaring mas konserbatibo ang kanyang tunay na posisyon. Kapag imbes na deklarasyon

ang makita sa kanyang gawa'y mayroong tanong, baka hindi niya rin alam ang sagot. *O kinukwestyon niya ang tunguhin ng pagtatanong sa isyu.*

Ang bago sa aking pagsusuri'y nais ko munang magbigay ng ilang personal na detalye, sapagkat wala ngang naiintindihan kung hindi iniisip ang konteksto.

Si Nietzsche ang unang pilosopong aking sineryoso. Bagaman nakapagbasa na ako ng ilang sipi mula kina Plato, Aristotle, Augustine at Aquinas, at namangha sa mga sinulat nina Machiavelli at Marx, sa aking Social Science II noong ikalawang taon ko sa kolehiyo. Binalikan ko na lang sila pagkatapos akong mabighani ni Nietzsche. Aaminin kong ang aking unang paghanga kay Nietzsche ay bunga ng megalomania. Tingin ko sa sarili ko'y isa sa matataas na tao ni Zarathustra.

Matututunan kong ang matataas na taong ito'y kulang sa edukasyon, tulad ko (hanggang ngayon?). Pero sa simula'y naging maka-Nietzsche ako (ang nakakahiya'y excerpts lang mula sa mga sulatin ni Nietzsche ang aking nabasa). Banggit ako nang banggit kay Zarathustra. Isang insidente (binara ako ng isang guro) ang nagtulak sa akin na basahin ang buong *Thus Spoke Zarathustra*, pati na rin ang ibang libro ni Nietzsche, at libro tungkol kay Nietzsche. Nangyari ito noong ikalawang taon ko sa kolehiyo. Ngayong binabalikan ko ang paborito kong sipi mula sa aklat, at nagmumunimuni tungkol sa pag-unlad ng aking pagbasa kay Nietzsche, natanto ko ang sigaw ni Zarathustra sa matataas na tao ang isa sa mga di-importanteng bahagi ng likha.

Aling bahagi ng *Zarathustra*, kung gayon, ang importante? Ayon kay Richard Schacht ang buong libro'y importante dahil binibigyan tayo ng modelo ng guro, tulad ng pagiging guro ni Arthur Schopenhauer kay Nietzsche. Ang tauhang si Zarathustra'y dadaan sa pag-unlad, at kaakibat nito, tayong mambabasa'y makakakuha ng edukasyon. Para kay Schacht, ang mga ideya at imahen sa *Zarathustra* ay ginagamit upang kunin ang atensyon ng mambabasa at makipagtalo sa kanyang pag-iisip. Ngunit ang dapat na seryosohin ay ang "human possibilities that are reconfigured and opened up to us as the work unfolds, and as we respond" (Schacht 340). Ngunit bakit ginagawa ito ni Nietzsche, bakit ganito ang istilo ng *Zarathustra*? Ang sagot ay nakikita ko sa librong sunod niyang sinulat, pagkatapos ng *Zarathustra—Beyond Good and Evil*.

Sa kanyang paunang salita sa librong 'yon, tinanong ni Nietzsche, paano kung babae ang katotohanan? Hindi ba't "all philosophers, when they have been dogmatists, have had little understanding of women..." (*Basic Writings of Nietzsche* 192) Sa madaling salita: kapag makadogma ang mga pilosopo, dito nila ipinapakita ang liit ng kanyang pagkakaintindi sa katotohanan. *Prelude to a Philosophy of the Future* ang subtitle ng *Beyond Good and Evil*. Narito ang paglalarawan ni Nietzsche sa mga tinatawag niyang mga pilosopo ng kinabukasan: "It must offend their pride, and also their taste, if their truth is supposed to be a truth for everyman, which has hitherto been the secret desire and hidden sense of all dogmatic endeavors" (*Basic Writings of Nietzsche* 243).

Naniniwala si Nietzsche na ang tradisyon ng Kanluraning pilosopiya'y makadogma, at ipokrito dahil nagpapanggap ang mga pilosopo na objektib, patas at impersonal. Kay Nietzsche ang tunay na pamimilosopo'y personal at di-makadogma, dapat pa nga'y kontra-dogma. At kung gayon, maaari nating tawagin ang kanyang pilosopiya bilang kontrapilosopiya. Ang istilong kanyang ginamit ay pagsasakongkreto ng kanyang pag-uusig sa (makadogmang) Kanluraning pilosopiya.

Pilosopiyang Pambata

Upang maintindihan si Nietzsche, isasalansan ko ang kanyang kontra-dogma sa kontra-dogma ng iba pang pilosopo. Sentral na argumento ng aking tisis ay hindi naman dapat makulong at mabigatan ang pilosopiya sa mga problema ng akademya.

Sa sinaunang Gresya at Tsina, ang pilosopiya'y hindi departamento sa kung anong kolehiyo ngunit paraan ng buhay. Naniniwala akong kailangan nating balikan ang ganitong uri ng pamimilosopo, kung saan ang mga teorya'y hindi limitado sa monograf kundi isinasabuhay, kung saan ang dunong ay hindi sinusukat sa dami ng talababa kundi sa galak, kung saan hindi ang paghangad sa mga huling sagot ang pagbubuhusan ng pansin, kundi walang katapusang pagtatanong.

Hindi ko naman sinasabing dapat ay tumigil na tayo sa pagbabasa o hindi gagamit ng talaan ng mga sanggunian sa ating mga sulatin. Ang kalaban ko'y ang paraan ng pag-iisip na ganito ang takbo: "Para mamilosopo, kailangang basahin mo itong mga librong ito, pumili ng larangan ng expertise, makakuha

ng PhD, malathala sa mga pang-akademikong journal, magbasa ng papel sa mga convention.” Iyak nga ni Giles Deleuze:

“[H]ow can you think without having read Plato, Descartes, Kant and Heidegger, and so-and-so’s book about them? A formidable school of intimidation which manufactures specialists in thought – but which also makes those who stay outside conform all the more to this specialism they despise” (Deleuze at Parnet 13, sipi sa Schrift 254).

Paanong magsisimulang mag-isip muli? Ang sagot ay magmumula sa dalawang libro tungkol sa pilosopiya para sa mga bata, *Philosophy and the Young Child* (1980) at *Philosophy in the Classroom* (1980). Ang mga pananaw na ipinagtanggol sa mga librong ito tungkol sa pilosopiya para sa mga bata ay maaaring iaplay sa pilosopiya.

Halimbawa, ayon kay Gareth Matthews sa unang seksyon ng kanyang libro, “Puzzlement and wonder are closely related” (Matthews 2). Pahayag niya ito pagkatapos ibigay ang isang anekdota tungkol sa isang “quintessentially philosophical puzzle” (paano mo malalaman kung nananaginip ka o hindi?), pagkatapos ay sisipi siya mula kay Aristotle at Bertrand Russel tungkol sa kung ano ang pananaw nila sa pilosopiya.

Ang konsensus: ang pilosopiya’y pagkamangha. Sa una’y nababawan ako sa libro ni Matthews. Ang ibig kong sabih’y ang akala ko’y walang silbi ang (mga problema sa kanyang) pilosopiya: ang pagkamangaha sa mga bagay na imposible namang hanapan ng sagot—inutil na pagmumunimuni. Ngunit sa aking patuloy na pagbabasa at pag-iisip, nakumbinse ako. Ang pagkamangha, ang puzzle, ay malaki ang papel sa pilosopiya. Sa pilosopiya naitatanong ang mga tanong na di-karaniwang naitatanong, mga tanong na kadalasa’y hindi pinapansin.

Paliwanag ni Matthews, nawawala ang ganitong pagkamangha habang tumatanda ang isang tao, binubura ng sosyalisasyon.

Para naman kina Matthew Lipman, Ann Sharp at Frederick Oscanyan, ang pilosopiya’t ang mga bata’y parang pinagbiyak na kamatis, sapagkat pareho nilang gustong sagutin ang mga malalim na tanong. Ito’y mula sa *Philosophy in the Classroom*:

In other words, every time children call into question the fundamental assumptions of the subject matter they are studying, they raise metaphysical questions. Every time

they want to know how they can be sure of anything, they are raising epistemological questions (Lipman, Sharp at Oscanyan 28).

Metapisika? Epistemolohiya? Nakakatakot. At parang mahirap. Ngunit ayon nga kina Lipman: “But the fact that there are no ready answers to these philosophical questions that children continually raise is no justification for dismissing such questions when the child asks them” (Lipman, Sharp at Oscanyan 28). Konektado ito sa mga babala sa *Philosophy in the Classroom* tungkol sa dogma at pagkokondisyon ng utak para sumunod sa doktrina.

The intellectual progress is typically credited to children occurs, not when they learn to think for themselves, but when we note with satisfaction that the content of their thought has begun to approximate the content of our own—when their conceptions of the world begin to resemble ours (Lipman, Sharp at Oscanyan 60).

Argumento nina Lipman na laban ito sa isiprito at bisyon ng pilosopiya (para sa mga bata). Pinaghambing nila sa pilosopiya at sining, at nagtanong: hindi ba’t kabaliwan ang isang klase tungkol sa pagpinta kung saan parepareho ang larawan ng mga estudyante? Sa parehong paraan, sabi nila: “To visit a philosophy class and discover that everyone in it had developed the same point of view would suggest that something was amiss somewhere” (Lipman, Sharp at Oscanyan 90).

Sinasabi nila ito sa diskasyon ng pilosopiya para sa mga bata. Idadagdag kong ang dogma at pangongondisyon ay laban sa ispirito at bisyon ng pilosopiya, at dahil ganito ang nagaganap sa namamayaning tradisyon ng Kanluraning pilosopiya, kailangan natin ng kontrapilosopiya para maibalik sa maayos ang pilosopiya. Hindi naman tungkol sa mga huling sagot ang pilosopiya kundi sa pagdami ng mga tanong. Wala bang silbi ang pilosopiya dahil puro lang ito tanong? Sagot ni Ludwig Wittgenstein: “If somebody scratches where it itches, does that count as progress? If *not*, does that mean it wasn’t an authentic scratch, or not an authentic itch?” (Wittgenstein, 1977, 165-166, kay Wittgenstein ang diin, sipi sa Behler 177).

Nakasulat ang mahabang sanaysay na ito sa ispirito ng pagkamangha ni Matthews at pangangati ni Wittgenstein. Nakasulat ito sa ispirito ng pamimilosopo ni Nietzsche sa kanyang kontrapilosopiya.

Paano, kung gayon, inaalok ni Nietzsche, sa kanyang *Thus Spoke Zarathustra*, ang kanyang pilosopiyang kontradogma? Limang estratehiya ang kanyang ginagamit. Una’y ang subtitle ng kanyang gawa: *A Book for All and None*; pangalawa, sa paggamit ni Zarathustra ng mga linyang tatawagin kong “metafictional;” pangatlo, sa pamamagitan ng tauhang si Zarathustra mismo, ang propetang hindi propeta; pang-apat, sa pamamaraan ng pag-alok ni Zarathustra ng kanyang mga doktrina, sa pamamagitan ng tanong; at panghuli ay ang pag-abandona ni Zarathustra mismo sa *Übermensch*.

Kwento

Bago ang lahat, nais kong banggitin ang isang bagay na hindi pinapansin ng marami sa nagbabasa ng libro. Isa itong kwento. Para sa ilang iskolar ni Nietzsche, ito’y isang *Bildungsroman*, nobela ng edukasyon, genre ng fiksyon kung saan ang pangunahing tauhan ang maglalakbay mula sa inosensya papunta sa karunungan. Maituturing din itong panggagagad ng *Bildungsroman*, sapagkat sa simula ng kwento’y maalam si Zarathustra, at sa dulo’y ito pa rin ang pakiramdam niya, ngunit mahihinuha ng mambabasa ang mga leksyon na hindi nakuha ng bida ngunit natutunan ng mambabasa.

Ang fiksyonal na istatus ng *Zarathustra* ay nagbibigay duda sa mga mambabasa nito tungkol sa istatus ng mga prinsipyo at doktrinang pinapahayag ng bida ng kwento. Hindi tulad ng mga ordinaryong libro ng pilosopiya (na nagpapanggap na totoo, at kung gayon ay hindi maaaring kwestyunin), ang *Bildungsroman* ni Nietzsche ay alegorya niya tungkol sa dapat maging atityud sa lahat ng libro ng pilosopiya (experimental man o hindi, dayalog, polemiko, sanaysan, atbp).

Librong Para sa Lahat at Wala

Una, ang subtitle ng *Bildungsroman*. Nakakintriga, eksperto talaga si Nietzsche sa retorika at balintuna. Una kong interpretasyon, obys ang pagiging megalomaniac – sapagkat ayon kay Nietzsche obra maestro niya ang *Zarathustra* (“With [*Thus Spoke Zarathustra*] I have given mankind the greatest present that has ever been made to it so far” (Nietzsche 675), ay ito: pakiramdam niya nakasulat sa librong ito lahat ng kailangang malaman ng tao (kaya nga para sa lahat), ngunit alam ni Nietzsche na hindi siya binabasa,

at pakiramdam niya ang kanyang mga sulati’y hindi para sa kanyang mga kontemporaryo (kaya para sa wala).

Ngunit kinuwestiyon ko rin ang aking unang interpretasyon. Tingnan natin kung ano ang masasabi ng iba tungkol sa subtitle. Ito si Martin Heidegger. Para sa kanya, ang ibig sabihin ng “para sa wala” ay hindi para sa lahat:

for none of the ideal curious who come drifting in from everywhere, who merely intoxicate themselves with isolated fragments and particular aphorisms from this work; who won’t proceed along the path of thought that here seeks its expression, but blindly stumble about in its half-lyrical, half-shrill, now deliberate, now stormy, often lofty and sometimes trite language” (“Who is Nietzsche’s Zarathustra?” 64).

“The ideal curious?” “Intoxicated with fragments?” Pinapatamaan yata ako ni Herr Heidegger. Subalit magseryoso tayo, maraming kulang sa kanyang paliwanag. Kung patuloy na babasahin ang kanyang sanaysay makikita ang mga parirala tulad ng “fundamental thought,” atbp. Iniisip yata ni Heidegger na ang *Zarathustra* ay para sa mga elite, sa matataas na tao. Ang pagiging elitista ng libro’y mahahalata sa empasis sa wika ni Nietzsche, na masusumang: “Mahirap intindihin ang librong ito.”

Sinasabi ni Heidegger na dapat baguhin ang subtitle ng libro ni Nietzsche: imbes na *Libro Para sa Lahat at Wala: Libro Para kay Martin Heidegger at sa mga Taong Kasingtalino Niya*. Hindi ito eksaherasyon, at mali ang ganitong pananaw. *A Book for All*, ang makita iyon sa pabalat ng libro’y nakakakuha ng atensyon. Mas lalo na ang *and None*.

At tungkol naman sa “half-shrill” at “trite” na wika ni Nietzsche, estratehiya ito. Nasabi ko na sa itaas ang argumento ng maraming iskolar tungkol sa istilo ni Nietzsche, na sentral sa kanyang mga sulatin. Tulong sa mambabasa ang wika ni Nietzsche, pangkuha ng atensyon at laban sa pagkabagot (subukan lang magbasa ng kahit anong akda ni Heidegger para makakuha ng salungat). Hindi landas na lilinisin na wika ni Nietzsche para maintindihan ang kanyang pilosopiya. Ang kanyang wika’y ang kanyang pilosopiya.

Isa pang perspektibo ang kina Bernd Magnus, Stanley Stewart at Jean-Pierre Mileur: “A book for all” is a book without a writer, without a specific

origin to interfere with its reception; “a book for none” is a book addressed to no one, a book without readers” (Magnus, Stanley at Mileur 161). Para sa tatlo, hindi matatagpuan ng isang mambabasa ang mga kadalasang inaasahan niya mula sa ibang libro sa *Zarathustra*.

Ang mga iskolar namang ito’y gumagamit ng isang uri ng teoryang reader-response mula sa kritisismong pampanitikan. Sa madaling salita sinasabi nilang kaya subtitle ng *Zarathustra* ang subtitle nito’y para hindi hanapin ng mga mambabasa ang awtor nito para sa tamang interpretasyon. Kung gayon, para ito sa lahat dahil nakadepende sa kung sino ang nagbabasa para interpretasyon. Ngunit ang librong ito’y kay Nietzsche at kay Nietzsche lamang, at kung gayon ang kahulugan nito’y para sa awtor lamang (para sa wala).

Ngunit sa interpretasyong ito’y ni ang mambabasa o ang manunulat ay hindi makakakuha ng satsipaksyon, sa pagkadurog ng subjek/sarili. Kaya “para sa lahat” dahil parehong satsipetso ang mambabasa’t awtor, ngunit “para sa wala” dahil hindi naman makukuha ng mambabasa at manunulat ang gusto nila!

Hindi ako umaayon kay Heidegger sa kanyang pananawa na ibig sabihin ng pera sa lahat ay kung sino ang nararapat, at salungat ako kina Magnus sa kanyang perspektibo na kahulugan nito’y ang pagkawala ng awtor. Literal ang “para sa lahat”: para sa lahat ng mambabasa. Para sa sangkatauhan, sasabihin ni Nietzsche. Hindi ibig sabihin sasabihin nito kung ano ang gustong interpretasyon ng mambabasa, ngunit: “Ito ang aking kontribusyon, o daigdig, sa inyong lahat, ito ang aking masasabi.” At dagdag ng “para sa wala”: “Subalit walang kailangang maniwala.” Sa madaling salita: walang kailangang maniwala sa sinasabi ni Nietzsche sa lahat. Ang kanyang ipinapahayag ay hindi mabuting balita, hindi ang Katotohanan. Ito rin ang gamit ng subtitle ng *Beyond Good and Evil: Prelude to a Philosophy of the Future*. Pauna ito, hindi sa iisang pilosopiya ng hinaharap, kundi isa sa mga pilosopiya ng hinaharap (Magnus at Higgins 45). Isa lamang itong opsyon. Lahat ay opsyon lamang.

Upang ipagtanggol ang ganitong posisyon, ididiskas ko naman ang ikalawang estratehiya ni Nietzsche laban sa dogmatismo ang mga linyang metafictional ni Zarathustra.

Metafiction

Ang “metafiction,” ayon kay David Lodge, “is fiction about fiction.” Teknik ito ng mga kontemporaryong manunulat, paalala sa mga mambabasa tungkol sa pagiging fiction ng akdang kanyang binabasa. Ginagawa ng mga nobelista ito dahil sa kanyang “awareness of their literary antecedents, oppressed by the fear that whatever they might have to say has been said before” (Lodge 206-207).

Maraming paraan para gawin ito, ang pagsulat sa metafiction. Halimbawa, ang kwento sa loob ng kwento, tulad ng mga dula ni Tom Stoppard (*Rosencratz and Guildenstern are Dead*) at Luigi Pirandello (*Six Characters in Search of an Author*). Sa pelikulang *Moulin Rouge* ang banghay ng kwentong isinusulat ng tauhang ginampanan ni Ewan McGregor ay banghay ng pelikula mismo.

Ngunit ang pinakamadaling paraan kung paano masigurado kung metafiction nga o hindi ang binabasa/pinapanood ay ang paghahanap sa mga linyang metafictional. Minsan tago, minsan isinisigaw, kindat sa mambabasa na ang kanyang binabasa’y kwento lang, at kung paniniwalaan ma’y pagdudahan din. Halimbawa, mula sa *The Lottery in Babylon* ni Jorge Luis Borges, sinabi ng narrator: “The scribe who writes a contract almost never fails to introduce some erroneous information. I myself, in this hasty declaration, have falsified some splendor, some atrocity” (Borges 35). Sa madaling salita: ang binabasa mo’y maaaring mali.

Sa *Thus Spoke Zarathustra*, estratehiya ni Nietzsche ang mga linyang metafictional. Gamit niya ito upang ipaalala na kwento lamang ang kay Zarathustra, at sa ganitong paraan ay napapalaya n’ya ang kanyang mga gustong sabihin (pati na rin ang mga sinasabi ni Zarathustra) mula sa dogma. Hindi ito ang huling katotohanan. Baka sila’y mga kasinungalingan.

Dalawang linyang metafictional ang aking sisipiin. Una, mula sa unang bahagi ng libro: “go away from me and resist Zarathustra!” (Nietzsche, *The Portable Nietzsche* 190). Patuloy niya: “Now I bid you lose me and find yourselves; and only when you have all denied me will I return to you” (Nietzsche, *The Portable Nietzsche* 190). Ibig sabihin, para sundan ako, wag akong sundan. Mas direkta ang ikalawang linyang metafictional. Mula sa dulo ng ikatlong bahagi: “‘This is my way: what is yours?’—thus I answered those who asked me ‘the way.’ For the way—that does not exist” (Nietzsche, *The Portable Nietzsche* 307, kay Nietzsche ang diin).

At hindi lamang sa *Zarathustra* gumagamit ng mga ganitong linya si Nietzsche. Halimbawa na rito ang unang pangungusap ng *Genealogy of Morals*: “We are unknown to ourselves, we men of knowledge—and with good reason. We have never sought ourselves—how could it happen that we should ever *find* ourselves?” (Nietzsche, *Basic Writings of Nietzsche* 451) Sa madaling salita: bakit ba namimilosopo ang mga pilosopo?

Ang pilosopiya ni Zarathustra, ang kontrapilosopiya ni Nietzsche: walang iisang pilosopiya. Bawat isa sa ati’y dapat may sariling pilosopiya. Hindi dapat mabuhay nang tinatawag ang iyong sarili bilang maka-Kant o maka-Plato. Sa ganitong paraan, kopya ka lang ng isang pilosopo, hindi tunay na pilosopo (ganito kadalasan ang “philosophical laborers” ng Kanluraning tradisyon). Ang magkaroon ng sariling pilosopiya’y ang makahanap ng dahilan para maniwala sa mga bagay, hindi paramihan ng sipi mula sa mga aklat. Sa ganitong paraan mga pilosopo ang mga pilosopo sa sinaunang Gresya at Tsina, at hindi pilosopo de-PhD sa ating mga Unibersidad.

Hindi lang si Zarathustra, kundi si Nietzsche mismo’y nagsasambit ng mga linyang metafiksiyonal. Halimbawa, ito ang kanyang babala bago ipahayag ang kanyang mga paniniwala tungkol sa babae (mula sa *Beyond Good and Evil*):

After this much civility that I have just evidenced in relation to myself I shall be perhaps permitted more readily to state a few truths about “woman as such”—assuming that it is now known from the outset how very much these are after all only—*my* truths (Nietzsche, 1967, 352, kay Nietzsche ang diin).

Siguro’y kilala rin ni Nietzsche ang kanyang mga limitasyon? O na pwede namang pareho lang ng huli kong sinabi, wala siyang patawad sa kahit sinong nag-iisip, kahit sa kanyang sarili: “It has gradually become clear to me what every great philosophy has hitherto been: a confession on the part of its author and a kind of involuntary and unconscious memoir” (Nietzsche, *Basic Writings of Nietzsche* 37).

Konektado sa mga linyang metafiksiyonal ang mga patawa sa libro. Tulad ng tingin ni Nehamas sa estratehiya ng eksaherasyon sa mga sulatin ni Nietzsche, ang mga patawa ng parehong kontrapilosopo’y paalala na ang mga katotohanang kanyang sinasambit ay pawang katotohanan nila lamang.

Zarathustra

Gilid pa lamang ng *Zarathustra* ang aking natatalakay—ang pamagat nito at dalawang linya. Panahon na para sisirin ang libro mismo. Simulan natin sa “bida,” kay Zarathustra. Propeta ang presentasyon kay Zarathustra, at tulad ng ibang propeta, marami siyang gustong sabihin. Ngunit anong uri siya ng propeta? Tulad na ng nadiskas sa mga linyang metafictional, siya ang uri ng propeta (may katulad ba niya?) na ang turo sa mga disipulo’y wag siyang sundan.

Ngunit hindi lamang mga linyang metafictional ang ginamit ni Nietzsche upang ipaalala sa kanyang mga mambabasa na wag paniwalaan ang bawat sabihin ni Zarathustra. Sa paglalantad ng banghay ng *Zarathustra*, matatanto ng mambabasa na hindi di-dapat sundan si Zarathustra dahil ito ang kanyang sinasabi, ngunit dahil din sa ipapakitang katangahan ng propeta.

Halimbawa, sa Prologue ng aklat. Pagkatapos ng apatnapung taon sa mga bundok, nagdesisyon si Zarathustra na pumunta sa Tao. Ayon nga sa bahagi ng libro na aking unang sinipi, pumunta siya sa palengke. Doon natagpuan niya ang maraming tao. Naghihintay para sa isang palabas. Nagsimulang magsermon si Zarathustra tungkol sa (kinakailangang) pagdating ng *Übermensch*—walang nakinig sa kanya. Sinubukan niyang ulit. Ang kanyang sunod na nilarawa’y ang huling tao, kasuklam-suklam, hindi malikhain. Inaasahan ni Zarathustra na kamuhian ng mga tao ang huling tao, at maging tunguhin ang *Übermensch*. Baliktad ang nangyari, nais nila ang huling tao, at wala silang pakialam sa *Übermensch*. Pagkatapos ay pinatahimik nila ang propeta dahil gusto na nilang magsimula ang palabas. Konklusyon ni Zarathustra: hindi siya dapat nagsesermon sa palengke, ang hinahanap niya dapat ay kapantay.

May dalawa akong interpretasyon sa pagtangi ng mga tao kay Zarathustra. Una: ang panenermon tulad ng isang propeta’y hindi epektibo. Kung ang atityud mo’y “Galing ako ng bundok, dala ang sampung utos” wala na ngang makikinig sa iyo, patunay pa ‘yon na hindi ka nga dapat pakinggan.

Pangalawa: ang realisasyon ni Zarathustra na ang kailangan niya’y kapantay at hindi mga tupa ay senyales na ang mga pilosopo’y hindi dapat mag-astang pastor, nag-aapoy ang mga salita’t mambabato ng ketong sa sinumang susuway. Ang pilosopiya’y hindi para sa tupa, para sa mga taong hindi malikhain, katulad ng huling tao. Ang kailangan ng mga pilosopo’y kaibigan, hindi disipulo.

Ito ang nangyari sa unang bahagi ng libro. Isipin siguro ng mambabasa na natuto na si Zarathustra sa kanyang karanasan. Ngunit sa ikaapat at huling bahagi ng libro niya lamang matatanto ang kailangan niyang matanto. Sa kwento, nasa kweba siya nang marinig niya ang isang iyak. Dahil sa awa, lalabas si Zarathustra at sinubukang hanapin ang pinagmulan ng iyak. Sa kanyang paghahanap maeenkwentro niya ang iba't ibang klase ng “matataas na tao.” “The higher have each taken one of Zarathustra’s doctrines as fundamental – so much so that each exaggerates one feature of Zarathustra’s perspective” (Magnus at Higgins 44). Sa dulo lamang ng libro matutuklasan ni Zarathustra na ang matataas na taong ito ang pinagmulan ng iyak. Nang mangyari iyon, bagaman sa mga unang bahagi ng kwento’y matututunan niyang mapanganib ang awa, maaawa siya. Buti na lang matatanto niyang hindi dapat maawa, at tatawanan niya ang kanyang pagkakamali.

Dalawang elemento ang importante rito. Una’y ang pagtangi ni Zarathustra sa awa, at pangalawa ang pagpapakita ng kanyang mga mali.

Dapat iwaksi ang awa, at dahil sa pakiramdam na ito’y iniisip mong makakatulong ka sa ibang tao, sa pag-iisip na mas mahusay ka sa kanya, mas matalino, atbp. Ibig sabihin, nasa iyo *ang sagot* na dapat malaman ng kinaaawaan mo, kundi’y walang kwenta ang kanyang buhay, kundi’y mamamatay siya. Una’y mararamdaman ni Zarathustra ito na mayroon siyang ituturo. Sa pagpapakita ng mga pagkakamali ni Zarathustra, ipinapaalala ni Nietzsche ang katangahan ng mga propeta, na sila mismo’y may pagkukulang. Bobong propeta si Zarathustra, at wala siyang dapat kinakaawaan.

Tanong

Hindi ibig sabihin na ang tangi nating matututunan kay Zarathustra ay wala tayong matututunan kay Zarathustra (bagaman ito ang pinakaimportante). Argumento nga nina Solomon at Higgins, ang mga sulatin ni Nietzsche’y “gilled with moral exhortations, practical advice, prescriptions, observations on love and friendship, and warnings about weakness, pity” (Solomon at Higgins 176). Hindi naiiba ang *Zarathustra*. Kasama sa mga itinuro ni Zarathustra ang *Urbemensch*, ang kalooban tungo sa kapangyarihan, ang tamang oras para mamatay, atbp. Subalit dapat alalahanin na ang mga ideyang ito’y hindi diretsong ipinapahayag. Madalas ay may parikala, eksaherado, nagpapatawa. Gusto kong idiskas dito ang presentasyon ng isa sa mga sentral

na turo ni Zarathustra—ang walang hanggang pagbabalik/pag-uulit-ulit. Ang “doktrina” ay unang lumabas, hindi sa Zarathustra kundi, sa *The Gay Science*, sa sunod sa huling seksyon ng unang edisyon (sa ikalawang edisyon may nadagdag na higit isandaang seksyon):

What, if some day or night a demon were to steal after you into your loneliest loneliness and say to you: “This life as you now live it and have lived it, you will have to live once more and innumerable times more; and there will be nothing new in it, but every pain and every joy and every thought and sigh and everything unutterably small or great in your life will have to return to you, all in the same succession and sequence—even this spider and this moonlight between the trees and even this moment and I myself (273).

Demonyo ang nagsasalita, at pagkatapos ng kanyang mabuting balita itatanong ni Nietzsche: magagalit ba ang mambabasa sa demonyo (ibig sabihin aayawan ang walang hanggang pagbabalik) o magpapasalamat (ibig sabihin ipagdiriwang ang walang hanggang pag-uulit-ulit)?

Ang ikalawang labas ng “doktrina” ay mula sa bibig ni Zarathustra. *Muli, isa itong tanong:*

“Behold,” I continued, “this moment! From this gateway, Moment, a long eternal lane leads *backward*” behind us lies eternity. Must not whatever *can* walk have walked on this place before? Must not whatever *can* happen have happened, have been done, have passed by before? And if everything has been there before—what do you think, dwarf, of this moment? Must not this gateway too have been there before? And are not all things knotted together so firmly that this moment draws after it *all* that is to come? (Nietzsche, *The Portable Nietzsche* 270, kay Nietzsche ang diin).

Sa susunod na mabanggit ang “doktrina” sa libro, hindi man lang si Zarathustra ang uusal ng mga salita, kundi ang kanyang mga ahas at agila. Mga hayop! “O Zarathustra,” the animals said, “to those who think as we do, all things themselves are dancing: they come and offer their hands and laugh and flee—and come back.” (Nietzsche, *The Portable Nietzsche* 330).

Sa ibaba’y ididiskas ko ang katotohanan/gamit ng doktrina ng walang hanggang pagbabalik/pag-uulit-ulit. Ang mahalaga sa bahaging ito’y ang mga teknik na ginamit ni Nietzsche sa presentasyon ng ideya. Hindi lang

niya ito sinusulong, sa isang kwento niya ito ipinahayag, at pinakamahalaga: sa paraang patanong.

Palagian ding nagtatanong si Nietzsche sa kanyang mga sulatin. Ito ang katapusan ng *Daybreak*: “Will it perhaps be said of us one day that we too, *steering westward, hoped to reach an India* – but that it was our fate to be wrecked against infinity? Or, my brothers, Or? –“ (575), at ito naman ang sa *Ecce Homo*: “ – Have I been understood? *Dionysos against the Crucified*” (Nietzsche, *Basic Writings of Nietzsche* 791), at huli, sa *Twilight of the Idols*: “All truth is simple.’ Is that not doubly a lie?” (Nietzsche, *The Portable Nietzsche* 467).

Kung gayon, ang walang hanggang pagbabalik, sentral sa pilosopiya ni Nietzsche, ay pinapahayag ng mga hayop, o kaya’y itinatanong ng tangang propeta.

Mula hayop ni Zarathustra papunta kay Zarathustra. Mula kay Zarathustra papunta sa mambabasa. Nararanasan ng mambabasa ang karanasan ni Zarathustra. Matutuklasan ni Zarathustra ang karunungan ng kanyang mga hayop, at yayakapin niya ang walang hanggang pag-uulit-ulit. Matutuklasan ba ng mga mambabasa ang karunungan ni Zarathustra? Yayakapin din ba nila ang walang hanggang pagbabalik/pag-uulit-ulit? Salungat sa Armageddon ng mga relihiyoso (na *talagang* mangyayari, ayon sa mga disipulo), ang doktrina ni Nietzsche’y pinahayag sa pamamagitan ng “Ano kaya kung?” Kontradogma. Kontrapilosopiya. Panimula sa pagkamangha.

Walang ritong pagkalinga. Walang kaligtasan o ginhawa. Ang meron dito’y wala. At ang walang ito—maraming binubuksang posibilidad, maraming potensyal. Ang walang ito, maraming gamit.

MGA SANGGUNIAN

- Behler, Ernst. *Confrontations: Derrida, Heidegger, Nietzsche*. Stanford UP, 1991.
- Borges, Jorge Luis. *Labyrinths*. New Directions, 1964.
- Clark, Timothy. “Deconstruction and Technology.” *Nasa Deconstructions: A User’s Guide*, inedit ni Nicholas Royle, Palgrave, 2000, pp. 238-257.
- Cruz, Isagani at David Jonathan Y. Bayot. *Bukod na Bukod: Mga Piling Sanaysay*. UP Press, 2003.

- David, Randolph. *Nation, Self and Citizenship*. Department of Sociology, College of Social Science and Philosophy, UP Diliman, 2002.
- Derrida, Jacques. *Spurs: Nietzsche's Styles*. The U of Chicago P, 1978.
- Eagleton, Terry. *The Illusions of Postmodernism*. London: Blackwell, 1998.
- Fish, Stanley. "How to Recognize a Poem When You See One." *Nasa Ways of Reading: An Anthology for Writers*, inedit nina David Bartholomae at Anthony Petrosky, St. Martin's Press, 1990, pp. 178-193.
- Hales, Steven. "Recent Work on Nietzsche." *Nasa American Philosophical Quarterly*, vol. 37, no. 4, 2000, pp. 313-333.
- Heidegger, Martin. *Off the Beaten Track*. Cambridge University Press, 2002.
- Heidegger, Martin. "Who is Nietzsche's Zarathustra?" *Nasa The New Nietzsche*, inedit ni David Allison, The MIT Press, 1985, pp. 64-79.
- Herman, Barbara. *The Practice of Moral Judgment*. Harvard UP, 1996.
- Hollingdale, R.J. *Nietzsche: The Man and His Philosophy*. Cambridge UP, 1999.
- James, William. "What Pragmatism Means." *Nasa Pragmatism: A Reader*, inedit ni Louis Menand, Vintage, 1997, pp. 93-111.
- Kaufmann, Walter. *Nietzsche: Philosopher, Psychologist, Antichrist*, Princeton UP, 1974.
- Krishnamurti, Jiddu. *You are the World*. Krishnamurti Foundation India, 1972.
- Lipman, Matthew, Ann Sharp at Frederick Oscanyan. *Philosophy in the Classroom*. Temple UP, 1980.
- Lodge, David. *The Art of Fiction*. Penguin, 1992.
- Magnus, Bernd, Stanley Stewart at Jean-Pierre Mileur. *Nietzsche's Case: Philosophy As/And Literature*. Routledge, 1993.
- Matthews, Gareth. *Philosophy and the Young Child*. Harvard University Press, 1980.
- Mead, George Herbert. *Mind, Self and Society*. The U of Chicago P, 1934.
- Nehamas, Alexander. *Nietzsche: Life as Literature*. Harvard UP, 1985.
- Nietzsche, Friedrich. *Basic Writings of Nietzsche*. Inedit at isinalin ni Walter Kaufman. The Modern Library, 1967.
- Nietzsche, Friedrich. *The Birth of Tragedy at The Genealogy of Morals*. Sinalin ni Francis Golfing. Anchor Books, 1956.
- Nietzsche, Friedrich. *Daybreak*. Inedit ni Maudemarie Clark and Brian Leiter. Cambridge UP, 1997.
- Nietzsche, Friedrich. *Human, All Too Human*. Isinalin ni Helen Zimmern. Cambridge UP, 1986.

- Nietzsche, Friedrich. *Philosophy and Truth*. Humanity Books, 1979.
- Nietzsche, Friedrich. *The Portable Nietzsche*. Inedit at isinalin ni Walter Kaufman. Penguin, 1954.
- Paglia, Camille. *Sex, Art, and American Culture*. Vintage, 1992.
- Parkes, Graham. "Nietzsche and East Asian thought: Influences, Impacts, and Resonances." Nasa *The Cambridge Companion to Nietzsche*, inedit nina Bernd Magnus at Kathleen Higgins, Cambridge UP, 1995, 356-384.
- Rorty, Richard. *Contingency, Irony, and Solidarity*. Cambridge UP, 1989.
- Schacht, Richard. "Zarathustra/Zarathustra as Educator." Nasa *Nietzsche: A Critical Reader*, inedit ni Peter Sedgewick, Blackwell, 1995, 222-249.
- Schrift, Alan. "Putting Nietzsche to Work: The Case of Gilles Deleuze." Nasa *Nietzsche: A Critical Reader*, Blackwell, 1995, 250-275.
- Searle, John. *Mind, Language and Society: Doing Philosophy in the Real World*. Weidenfield and Nicolson, 1999.
- Shore, Bradd. *Culture in Mind: Cognition, Culture and the Problem of Meaning*. Oxford UP, 1996.
- Solomon, Robert at Kathleen Higgins. *What Nietzsche Really Said*. Schocken, 2001.
- Solomon, Robert. "Nietzsche *ad hominem*: Perspectivism, Personality and Ressentiment Revisited." Nasa *The Cambridge Companion to Nietzsche*, inedit nina Bernd Magnus at Kathleen Higgins, Cambridge UP, 1995, 180-222.
- Spinks, Lee. *Friedrich Nietzsche*. Routledge, 2003.
- Stambaugh, Joan. *The Other Nietzsche*. State U of New York P, 1994.
- Tanner, Michael. "Nietzsche." Nasa *German Philosophers*, Oxford UP, 1997, 345-431.

Ikalawang Bahagi:
LABAN SA KAPITALISMO

Patriyarka at Patalastas

Hindi ba kayo nagtataka na ang mga ad sa telebisyon at iba pang midya'y nagpapalaganap ng negatibong pananaw tungkol sa babae? Karaniwang nirerepresenta ng mga ad ang mga babae bilang (1) madumi, (2) pangit, at (3) di-kumpleto kung walang lalake.

Makikita ang unang pambabalahura ng kababaihan sa mga ad para sa napkin. Sa kanyang *The Second Sex* (1949), inilista ng Pranses na si Simone de Beauvoir ang ilang pamahiin tungkol sa regla sa sinaunang panahon. Halimbawa, hindi pinapahawak ang mga babaeng merong mens sa bigas, pinaniniwalaan kasing mabubulok ito kapag nangyari iyon. Nakakatawa, at akala natin lampas na tayo sa primitibong pananaw na ito. Ngunit pansinin natin ang ad ng Modess, ang may *tagline* na “Kayang-kaya...” Pinapakita ang isang babae sa ad na nalalagay sa sitwasyong dadaan s’ya sa harap ng isang lalake at hindi maiiwasang maharap ang kanyang likuran sa mukha ng lalake. “Kayang-kayang rumampa sa class... Kayang-kayang tumabi sa crush...” Nakakapagtaka na regla ang paksa ngunit pigi ng babae ang binibigyang atensyon. Sa ganitong pagrerepresenta, pinapalabas ng ad na iisa ang pwet at puke: mababahong lugar na dapat ikahiya. Walang lugar ang konsiderasyong

bayolohikal na proseso ang mens, at natural lamang ito. Sa dulo ng ad, habang nakaupo sa damo ang babae habang nagpipicnic, humiga ang lalake sa kanyang mga hita. Buti na lang at walang amoy!

Konektado ito sa ikalawang negatibong pananaw na pinapalaganap ng mga ad, ang pagiging banidosa at pangit ng mga babae. Dalawa ang atake ng mga ganitong uri ng patalastas: gumagawa ng pangangailangan, at pagkatapos ay mag-aalok ng sagot sa pangangailangang ito. Sandata rito ang pagpipilit sa isang imposibleng ideyal, madalas nating makita sa mga cover ng magasin: babaeng madalas maputi at lagi-laging “sexy.” Nakasalaylay ang mga ad na ito sa binansagan ng Amerikanang si Naomi Wolf bilang “mito ng kagandahan” (2002). Pinapalabas na mayroong isang standard ng ganda, at lahat ng hindi umaabot sa ideyal na ito ay pangit at dapat itakwil. Makikita ang ganitong paghuhubog ng kamalayan sa mga ad ng pampaputi, halimbawa ng Biolink at Block and White. Alalahanin natin ang patalastas ng Biolink na hindi lamang sexist bagkus ay racist pa, sapagkat pinapalabas na pangit ang mga kayumanggi. May bagong panganak ng babae na maputi, at lalapit ang kanyang asawa. Pokus sa anak: bakit maitim? Pinapalagay na iniisip ng lalake na may ibang kinakasama ang kanyang asawa. Iyon pala, gumagamit ng Biolink. Mayroong karugtong ang ad na ito: ang binyag. Nagtaka naman ang pastor sa hitsura ng bata, dahil maitim ito samantalang parehong maputi ang mga magulang. Tumingin ang pastor sa kanyang kanan at nakitang puro maputi ang kamag-anak ng lalake. Sa kanyang pagtingin sa kaliwa nasagot ang misteryo: maiitim ang mga kamag-anak ng babae. Ang ganitong pag-atake sa mga babae’y makikita rin sa mga ad ng *liposuction* sa mga *billboard*. Kataka-taka na walang ganitong katumbas na patalastas para sa mga lalake, at dito natin makikita ang sagot sa tanong sa aking unang pangungusap.

Iginigiit nga ng lipunan na kailangang maging “maganda” ang mga babae, at dapat gawin nilang lahat para umabot sa standard na ito. Kunin na lang natin ang buhok. Ang babae, dapat mahaba ang buhok. Napakalaking gambala ito sa kanilang pamumuhay. Magastos ang mahabang mabuhok, kailangan mong bumili ng mas maraming shampoo, at madalas mo rin dapat itong idaan sa parlor para sa *hot oil o rebond*. At madali ka pang masabunutan, kahinaan sa pisikal na komprontasyon. Ngunit ang buhok ay dapat sa ulo lang ng babae! Kung meron s’yang buhok sa itaas ng labi (bigote), sasabihan

s'yang pangit. Kung meron s'yang buhok sa binti, sasabihan s'yang pangit. At pag meron s'yang buhok sa kili-kili? Hindi man lang s'ya ituturing na babae! At gaano ba kahirap na magtanggap ng buhok sa kili-kili? Ahitin man ito o gamitan ng tsani ay napakasakit na proseso.

Ang kailangang itanong ay kung bakit ipinipilit sa mga babae ang ganitong pagpapakasakit, pagwasak sa sarili. At bakit ito tinitii ng mga babae? Hindi naman mahirap sagutin. Isipin na lang natin ang isang ad ng Safeguard, kung saan may isang batang nagalusan dahil sa pisikal na aktibidad. Ang unang inisip ng kanyang ina: hindi na pwedeng manalo sa *beauty pageant* ang kanyang anak! Pag may galos ang bata, hindi na ito maganda, kaya hindi na ito mahalaga. Ang sukatan ng babae ay ang kanyang kagandahan. Bata pa lang, ito na ang isinasaksak sa ating mga isipan. Ang batang babae'y itinutulak sa pagturing sa kanyang pisikal na anyo bilang pinakaimportante tungkol sa kanyang pagkatao, at kung gayon hindi na s'ya dapat maglaro at baka magalusan at magkapeklat. Kung kaya, sa kakatapos pa lamang na telenovelang *Kampanerang Kuba*, kahit na nagkukunwari ang mga tauhan na ang mahalaga'y ang kabutihan at panloob na kagandahan, sa dulo ng palabas kailangan pa ring maging sexy at magandang Anne Curtis partner ni Luis Manzano. Sino ba nga naman, sinasabi ng palabas, ang papatol at magmamahal sa kuba?

Ikonekta ngayon natin ito sa isyu ng pagsasalsal. Idinidikta ng lipunan na natural lang ang pagsasalsal ng lalake, pero bawal ito sa babae. Ang lumalabas kasi, pag nagsasalsal ang isang babae, puta s'ya. Pero ano ba ang signipikasyon ng babaeng nagbibigay ng sarap sa sarili? Syempre, na hindi n'ya kailangan ng iba, na hindi n'ya kailangan ng lalake para magkaroon ng satsipaksyong sekswal. Tingnan ang kabuktutan: ang babae'y dapat gumamit ng nagbibigay-cancer na pamputi, pero bawal magbigay ng kasiyahan sa sarili.

Ang pagiging di-kumpleto ng isang babae kung walang lalake'y pinapalaganap din sa mga *fairy tale* mula sa Kanluran. Halimbawa na lang sina Sleeping Beauty at Snow White, na hindi makakagising kung wala ang prinsepeng hahalik at magliligtas sa kanila. Katulad din ni Cinderella, na hindi aangat sa buhay kung walang papakasalang mayaman. Alalahanin din natin na sa mga kwentong ito, ang kaaway ng mga bidang babae ay mga kontrabidang babae. Ibig sabihin, kaaway ng mga babae ang kapwa nila

babae, at ang dapat ay kumapit sa mga lalake. Ito kung gayon ang koneksyon ng una, pangalawa, at pangatlong pang-uusig ng mga patalastas sa mga babae: bakit ba ayaw ng babaeng may regla na maamoy s'ya? Bakit ba kailangang magpaputi ng isang babae, maging maganda? Ito'y dahil kailangan ng mga babae ang lalake. Alalahanin natin ang ad ng Rejoice. May babae at lalake, ang lalake'y nagdadrayb ng kanyang kotse. Ang babae'y pasahero na maganda ang buhok. Nang bumilis ang pagpapatakbo ng kotse, nasira ang buhok ng babae. Ayaw na sa kanya ng lalake!

Sa ad na ito, ang lalake'y may kotse, ibig sabihin, meron s'yang pera, merong kapangyarihan. Ang babae? Meron s'yang buhok.

Sa mga ad na ito nakikita at pinapalaganap ang patriarkiya, sistemang pulitikal at sosyo-ekonomikal na nagbibigay pribileheyo sa mga lalake, at nagsasadlak sa mga babae sa karukhaan. Tropeyo lamang ng mga lalake, o di kaya'y laruan.

Manny Pacquiao at ang Mundo ng Telebisyon

Sa pagbugbog ni Manny Pacquiao kay Eric Morales, makikita natin ang tatlong mapanganib na katangian ng telebisyon. Una, ang pagkiling nito. Pangalawa, ang tribyalisasyon nito ng lahat. At pangatlo, ang paghiwalay nito sa atin sa tunay na mundo.

Tungkol sa pagkiling: maraming sa ati'y naniniwala na pagdating sa balita, transparent na midyum ang telebisyon. Na ito'y nagpapalaganap ng neutral na facts, ng katotohanan. Ngunit pagkatapos ng laban ni Pacquiao, pagkatapos siyang interbyuhin, bumaling si Qunito Henson sa kanyang kaliwa, at ininterbyu naman si Mike Arroyo. Ang Mike Arroyo, may dalang cellphone, at sa harap ng lahat ng manonood, binati ni Gloria Arroyo si Pacquiao. Bakit si Gloria Macapagal Arroyo ang ipinakitang nagbibigay congratulations kay Pacquiao, bakit ang kanyang opinyon tungkol sa pagkapanalo ni Pacquiao ang inireport? Bakit, sabihin na natin, hindi ang opinyon ni Satur Ocampo? E ano naman ang alam ni Satur Ocampo tungkol sa pagbo-boxing, itatanong n'yo. E ano naman ang alam ni GMA tungkol sa boxing? E, isasagot n'yo naman, si GMA presidente ng Pilipinas, si Ocampo, congressman lang.

Sa sagot na iyan makikita ang pagkiling ng telebisyon. Hindi simpleng: sinasabi nito ang ibig nitong sabihin, at ibig nitong sabihin ang sinasabi nito. Sabihin na nating nagrereport ito ng facts, pero aling facts? Nag-iinterbyu ito ng mga experto, at ibang mahalagang personalidad, pero sinong experto, sinong mahalagang personalidad? At gaano katagal ang ibinibigay na panahon sa balita upang iere ng mga taong ito ang kanilang opinyon. Halimbawa, kung merong rally, ilang segundo ang ibinigay sa mga militante upang ipaliwanag ang kanilang mga pananaw? Merong administrador ang telebisyon, at iniedit ang facts na ating nakukuha. Tulad din sa mga libro ng kasaysayan, ayon nga kina Reynaldo Ileto at Terry Eagleton, sa likod ng impormasyong ibinibigay, sa likod ng mga katotohanang ipinapahayag, merong halagahan.

Konektado 'yan sa ikalawang mapanganib na katangian ng telebisyon.

Tungkol sa tribyalisasyon ng lahat: bukod sa pagbugbog ni Pacquaio kay Morales, alin pang balita ang inireport sa palabas na pinanood n'yo? Malamang tungkol sa mga nakatakas na myembro ng Magdalo, siguro ilang pagnanakaw at pagpatay, sigurado ang pinaka-latest sa showbiz. At pagitan ng mga ito, mga komersyal. Halimbawang estruktura: Pinaslang na Escudero, inilibing na! Komersyal ng deodorant! Manny Pacquiao, binugbog si Morales! Komersyal ng beer! Claudine Barreto, nakipagbangayan sa may-ari ng *Yes! Magazine!* Komersyal, komersyal, komersyal. Sa pagsasalansan ng mga balita sa komersyal, lumalabas na kasing halaga lang ng impormasyon tungkol sa pagpapaganda ng buhok sa pamamagitan ng Sunsilk ang impormasyon tungkol sa tangkang pagbabago ng ating Saligang Batas. At kung titingnan ang haba ng segundong inilalaan, lumalabas na mas mahalaga ang ad kaysa balita.

Talaga namang mas mahalaga sa telebisyon ang komersyal kaysa katotohanan. Isipin na lang ang mga balita tungkol sa panggagahasa: kung ikaw ang administrador ng report, at pinagpipilian mo: balita tungkol sa panggagahasa ng lolo sa apo at pagkagahasa ng isang dispatsadora, ano ang pipiliin mo? Syempre, 'yung sa lolo, dahil incest, mas kontrobersyal, mas pumupukaw ng atensyon, mas hahatak ng manonood.

Isa pa: malungkot mang aminin, pero napakaraming panggagahasang nagaganap sa Pilipinas oras-oras, araw-araw. Bakit iilan lang ang balita tungkol sa panggagahasa ang inirereport? Bakit, halimbawa, magbabalita pa tungkol sa mga toro sa Colombia? Bakit mahaba ang panahong inilalaan

sa *Mga Kwento ni Marc Logan*? Sapagkat kung puro panggagahasa ang ibabalita, kung paulit-ulit, mababagot ang mga manonood. At pag sila'y nabagot, hindi na sila manonood. Masamang balita para sa mga may-ari ng telebisyon, dahil kung mababawasan ang manonood, mababawasan ang mga magpapakomersyal sa estasyon. Mababawasan ang kita! Ang katotohanan tungkol sa panggagahasa, kung gayon, ay nagsisilbi lamang para mabitag kang manood tungkol sa Nescafe. Mas mahalaga ang tubo kaysa sa kung ano ang totoo.

At sino naman kasi ang may gusto sa katotohanan?

Tungkol sa paghiwalay ng telebisyon sa atin sa tunay na mundo: ilang oras ang nilaan n'yo sa panonood ng laban ni Pacquiao? Nagsimula ang coverage ng alas dyes, natapos ng ano, alas dos? Isa pang tanong: ilang oras ang inilaan n'yo sa panonood ng telebisyon? Isang oras? Dalawa? Lima? Kalahating araw? Oras na sana'y nailaan sa mas mahalagang gawain. Tulad ng ano? Tulad ng pag-aanalisa ng sosyo-ekonomiko at pulitikal na kondisyon ng ating bansa.

Sa interbyu ni Henson kay Pacquiao pagkatapos na pagkatapos ng laban ng huli, itinanong ni Henson: ano ang mensahe ni Pacquiao para sa mga Filipino? Ang sagot: pagkakaisa ng Pilipinas. Tulad na rin ng mga linya sa kanyang kanta, "Para sa pagkakaisa ng bayan ko." Nakakatawang ang isang taong nabubuhay sa isang bayolenteng laro'y nagsasalita laban sa gulo at dahas. Ang hindi nakakatawa'y ang katotohanang hindi naman payapa ang Pilipinas, sapagkat marahas ang kauyusang ipinapataw na mga multinasyunal na kompanya, at ng iilang mayayamang pamilyang sakal-sakal ang ating lupain, sa ating mga Filipino. Totoong para sa atin ang laban ni Pacquiao, para sa ating patuloy na pagkaalipin.

Mahal natin si Pacquiao. Mahirap lang s'ya noon, pero ngayo'y abot-abot na ang mga pangarap. Mayaman, sikat na sikat. Sa mundo ng telebisyon, ang mga nagtitiyaga'y nagtatagumpay. Sa mundo ng telebisyon, isang pindot lang sa remote control mawawala ang banta ng kudeta, ang milyong skwater, lahat ng problema. Binubura ng telebisyon ang ating masasamang alaala. Pero dapat mag-ingat si Pacquiao. Nasa rurok s'ya ngayon, pero sa mundo ng telebisyon, madali natin s'yang kakalimutan. Tulad na lang ng nangyari sa isa ring boksingero galing General Santos, ang tinaguriang Bad Boy ng Dadiangas, si Rolando Navarete. *Sino s'ya?* Manny Isa Kang Bayani,

proklamasyon ng isang poster sa EDSA. Totoo, bayani tulad ni Darna. Bayani sa mundo ng telebisyon. Ang problema: hindi naman tayo sa mundo ng telebisyon nakatira.

Mga Mito ng Panggagahasa

Ito ang patawa (na hindi nakakatuwa): nang ma-convict si Daniel Smith sa panggagahasa kay Nicole, meron daw nagsabing: “Sana ako na lang ang nireyp.” Paano’y gwapo si puti. Unang mito, ayos lang magahasa pag gwapo ang kriminal. Konektado ito sa ating paniniwalang hindi narereyp ang mga “pangit” (i.e., ang hindi tumutugma sa depinisyon ng ganda ng industriya ng cosmetics), pati na rin sa bias nating pag nakadama ng sarap ay hindi na ginahasa ang babae. Madaling basagin ang unang binanggit, hindi naman talaga pagnanasa ang dahilan ng panggagahasa: hindi lang mga maganda, kundi mga “pangit” ang narereyp, pero pati na rin matandang-matanda, at mga bata. Mas masalimuot ang ikalawang paniniwala, pero isipin ito: pag kiniliti ka’y mahirap pigiling tumawa, pero hindi ibig sabihin hindi ka matatawa. At ang titi, kahit ayaw ng may-ari sa naglalaro nito, bigyan ng sapat na panaho’y lalabasan ng tamod. May ilang gawain ang katawan na hindi nakokontrol ng ating loob.

Ikalawang mito, hindi naman talaga ginahasa si Nicole, dahil sino bang matinong babae ang sasama’t makikipag-inuman at makikipagsayawan sa mga lalake sa kung anong oras ng gabi? Sa madaling salita, ang akusasyon

dito'y malandi si Nicole, o di kaya'y puta na nakakita ng oportunidad na kumita ng pera at maging sikat dahil sa kontrobersya. Narito ang lohika ng patriarkiya: pag maikli ang damit pwede nang silipan, pag nanlalandi pwedeng gahasain. Pero ang hindi ay hindi, at ang taong wala sa kanyang sarili'y hindi makakahindi kahit gusto pa n'yang humindi. At isa pa, kahit puta pwedeng gahasain. Ang problema'y ito, galit tayo sa mga babaeng hawak ang kanilang sexualidad, kaya natutuwa tayong nagagahasa sila. Ang isip natin, "Naku, noon pa naman 'yan di birhen. Buti nga."

Ikatlong mito, ginagamit ng mga babae ang isyu ng panggagahasa para manira ng mabuting pangalan. Ngunit isipin, gaano ba kalaki ang pwersang nanakot sa isang babaeng nanggahasa para magdemanda? Punto nga ni Susan Brownmiller, pag hinoldap ka, o sinaksak, hindi ka naman magtatago ng mukha pag nagsusumbong ka sa batas. Bakit ba kailangang magtago sa pangalang Nicole si Nicole? Dahil sa ating pagtingin, ang babaeng nagahasa'y madumi. Ang panggagahasa lang ang krimen kung saan ang ginawan ng krimen ang gumagamit ng alias. Si Nicole pa, lumalabas, ang kriminal dahil ginahasa s'ya. Ngayon, si Smith at ang kanyang mga kasama, madalian ba ang proseso ng kanilang kaso? E muntik na ngang hindi masampahan! Meron silang abugadog todo ang simpatya at pagtatanggol, hindi sila sa bilangguan nakadetine, lantad sa publiko ang kanilang estado ng kalusugan. E ang mga nakapiit sa Guantanamo Bay? Napakabait ng ating korte at gobyerno sa mga dayuhang kinasuhan!

Alalahanin natin ang slogan ng mga feminista: ang personal ay pulitikal. Dapat nating tingnan ang kaso ni Nicole hindi bilang isang pirasong kwentong walang kinalaman sa nagaganap sa ating paligid. Ilagay natin sa konteksto. Una, hindi lang naman si Nicole ang babaeng nagahasa sa Pilipinas. Kung gayon, ang panggagahasa'y hindi personal na insidente, kundi manifestasyon ng patriarkiya. May koneksyon ang ating mga bias at palagay hinggil sa mga babae at ang ating mga gawain hinggil sa mga babae. Mula sa patalastas ng Skin Whitener hanggang sa ayaw-nang-pansining problema ng prostitusyon, mahihinuha nating nakatira tayo sa isang patriarkal na lipunan kung saan nagpapalaki ng mga lalake (at babae) na namumuhi sa mga babae. Kung gayon, matibay ang relasyon ng mga sexistang imahen at misojinistikong praktika. Pangalawang konteksto, hindi lamang usapin ng kasarian ang nanunuot sa kaso ni Nicole, kundi usapin

din ng uri. Itanong na lang natin, bakit ba mayroong sundalong Amerikano sa Pilipinas? Bakit ba may Visiting Forces Agreement? Sinekdoke ang kaso sa militaristiko at ekonomikong dominasyon ng Amerika sa daigdig. Kung walang sundalong Amerikano sa Pilipinas, walang sundalong Amerikano ang makakapangghasa sa Pilipinas. At ang tanong, kung gayon, ay paano natin mapapaalis ang mga sundalong Amerikano sa Pilipinas? At ang tanong, kung gayon, ay paano natin wawakasan ang militaristiko at ekonomikong dominasyon ng Amerika sa Pilipinas tungo sa pandaigdigang demokrasya?

Hindi ito isyu ng pagkamuhi sa mga puti ang balat, ito'y isyu ng katarungan. Hayaan akong magtapos sa pamamagitan ng isang sipi mula sa isang Briton na ginawang tahanan ang Amerika:

Maligayang Pasko, sa Itim at Puti, sa Pula at Dilaw

Itigil na natin ang lahat ng labanan.

Tapos ang digmaan, kapag gusto mo

Tapos ang digmaan, kapag gusto mo

Nasa kamay natin ang kapangyarihang wakasin ang panggagahasa, ang pang-aapi, ang gera, ang ekploytasyon sa imperyo. Ang punto ni John Lennon: dapat nating baguhin ang mundo.

Kiray sa Kapitalismo

“Beautiful mornings served everyday” ang bagong tagline ng McDonald’s. Anong nangyari’t pati magandang umaga’y nakabase na sa iyong kakayahang bumili? Pag pumasok ka sa kahit anong fast food restaurant, ngingitian ka’t babatiin ng mga empleyado, at pagkatapos mong kumai’y magpapasalamat sila sa iyo, at aayain kang bumalik. Ngunit mawawala lahat ng ito kung wala kang pera. Pera ang nagpatakbo sa ating lipunan, hindi na mahalaga ang mga tao bilang tao, kailangang ang tao’y mapagkikitaan. Lahat pinagkakakitaan. Ika nga nina Marx at Engels: “The bourgeoisie has stripped of its halo every occupation hitherto honoured and looked up to with reverent awe. It has converted the physician, the lawyer, the priest, the poet, the man of science, into its paid wage-labourers. The bourgeoisie has torn away from the family its sentimental veil, and has reduced the family relation to a mere money relation” (para. 15).

Sa ganitong sistema hindi na nakapagtataka ang pagkanta ng mga bata ng “No Touch” sa *Goin’ Bulilit* nitong nakaraang linggo, ika-5 ng Pebrero. Gag show sa ABS-CBN ang palabas na ito, pero ano nga ba ang nakakatawa sa mga siyam hanggang labing-isang taong gulang na mga lalake at babae na

umiindayog sa awit na may mga linyang, “Pahipo naman, pahawak naman, di na kita, matsansingan”? Isa sa kanila’y si Kiray, kulot ang buhok at morena. Sa napakarami nang episode ng *Goin’ Bulilit*, siya ang tumpalan ng insulto. “Pangit” kasi si Kiray, ayon sa istandard ng ating patriyarkal at kontra-Filipinong lipunan, kaya s’ya ang gumaganap na biyenan, o kaya’y multo, o kaya’y iwinawaksi ng mga lalake (na pilit pa ring naghahabol). Ito’y pang-aabuso ng bata, naglalantad sa pagiging ipokrito ng Channel 2, na madalas ipinagmamalaki ang kanilang mga misyon ng pagsasalba sa proyektong Bantay Bata at Gawad Kalinga.

Ang panlalait bilang patawa, ang pang-aabuso bilang paghahanap ng tubo, ay kakikitaan ng katumbas sa *Bubble Gang*. Bagaman matanda, pareho lang ang artistang si Diego kay Kiray. Meron halimbawang kanta si Michael V. sa gag show, “Wag Ninyo Kaming Pansinin” ang pamagat, na may mga linyang “Pangit ka! Baluga ako! Hanggang tawanan na lang ba tayo?” habang ang pinapakitang video’y ang pagpunta ni Diego sa isang mangguguhit, na tatanggihan ang kanyang pag-order ng sketch dahil masyado s’yang maitim at pangit lang ang magagawang drowing. Samakatwid, Kapamilya man o Kapuso, nilalamon ang dignidad para sa pera. Ngunit sino nga ba ang hindi magbebenta ng dangal sa isang sistema kung saan pag-aari ng iilan ang lupa, makinarya, likas-yaman at ang bawat produkto ng lakas-paggawa ng nakararami?

Sa kapitalismo, hindi nakikita ng isang manggagawa ang kanyang relasyon sa buong proseso ng produksyon, kaya hindi n’ya natatanto na wala ang sistema kung wala siya. Hindi na natin nakikita ang ating mga sarili bilang manlilikha, kundi bilang mambibili na lamang. Sintomas nito ang nabanggit sa itaas na pagtutunggali ng Kapamilya (Channel 2) at Kapuso (Channel 7). Ito na ang paraan ng iyong pagbibigay-kahulugan sa iyong buhay, sa iyong identidad: ano ang iyong channel na tinatangkilik? Ano ang iyong kinokonsumo? Wala na tayong awtentikong komunidad, wala na tayong organitkong relasyon sa isa’t isa. Kaya nga ngingiti at sasayaw at magpapalait ako sa iyo, basta merong pera.

Pumapasok na tayo sa usapin ng kultura. Tutal naman nabanggit na ang McDonald’s, magtungo naman tayo sa Jollibee. Kamakailan kinanta ko sa aking mga estudyante ang “Sabado Song,” iyong may linyang, “Isang tulog na lang, Jollibee na naman, ang araw lulubog, bukas mabubusog sa Chicken Joy

manok at Yumburger bilog.” Mangilan-ngilan lang ang nakakilala ng awit. Paano’y nakalimutan na ito, laos na. Sabagay, sino nga naman ang aalala sa isang ad? Ngunit sa kapitalismo, lahat nagiging ad. Halimbawa, ang ating mga t-shirt at pantalon, prominente ang brand para maipagmalaki sa iba. Sa telebisyon, hindi lang sa pagitan ng mga palabas kundi sa loob mismo, merong ad. Sa pelikulang *Feng Shui*, na dapat ay horror, nasira ang dating ng magbenta si Kris Aquino ng Purefoods Chunky Corned Beef. Sa radyo naman, kung saan napakaimportante ng boses, sa iisang tinig nagbabalita at nagbebenta ng Liveraid si Mike Enriquez. Dumaan ka sa EDSA, sandamukal na billboards ang iyong makikita, puro ad, kahit na dineklarang mapanganib ang mga ito pag bumabagyo. Kasi nga, mas importante ang pera kaysa tao.

Ngunit kung ang tanging kultura nati’y kultura ng ad, hindi tayo magiging buo bilang bayan. Kung ako ay maka-Ginebra at ika’y maka-Alaska, mas madali tayong masasakop. At, sa totoo lang, hindi nga ba’t sakop naman tayo? Kaninong mga pelikula, kaninong mga sapatos, kaninong paraan ng pamumuhay ba ang ating gustong-gusto? Kung dumating na nga ang ating kinakatakutan at papakialaman ang ating Konstitusyon, maaari nang ariin ng mga dayuhan ang lupa sa Pilipinas nang isandaang porsiyento! Mayroong magsasabi: kailangan natin ng mga banyaga para sa investment! At, iyon na nga, bumabalik tayo sa kung ano nga ba ang kahulugan ng pagpalit ng dangal at dignidad para sa pera. Nakalimutan kasi natin na wala ang mundong ito kung wala ang ating lakas-paggawa, na tayo ang lumilikha ng mundo. Nakikita na lang natin ang ating mga sarili bilang *binibili at mambibili*.

Parating na ang eleksyon, at katulad ng dati’y pare-pareho ang mga kandidato: mga balimbing, mga trapo, mga artista, mga taong sa sobrang kapal ng mukha, hindi pa simula ng campaign period ay nakikita na natin ang propaganda sa telebisyon, at mga poster sa kalsada. Pagpunta ka ng McDonald’s o Jollibee, pwede kang pumili ng Coke o Sprite, pero hindi ng Pepsi. Paano, bago ka pa man pumili, may pumili na para sa iyo. At ganito rin ang takbo ng mga eleksyon sa Pilipinas, parang multiple choice exam kung saan ang A, B, C at D ay mali lahat. Ngunit ang esensya ng Leninistang kalayaan, ayon sa pilosopong si Slavoj Žižek, ay hindi ang pagpili sa napagpilian na, kundi sa pagpili ng pagpipilian. O, sa ibang salita, hindi dapat tayo manatili sa lebel ng maka-Arroyo o maka-Estrada

ba ang ating pipiliin. Ang tanong ay: pagkaalipin ba o kalayaan? “Beautiful mornings served everyday” ba o kasarinlan? Tubo o tao? Kiray—o rebolusyon?

Ang Mga Nasa Posisyon sa Telebisyon

Sa simula ng ikalawang bahagi ng pelikulang *Full Metal Jacket* (1987), ipinakita ang isang papalapit na babae. Ang mata ng camera, at kung gayon, ang mata ng manonood, ay unang pumokus sa mga paa ng babae, pagkatapos sa mga binti, pagkatapos sa buong katawan, sa huli isinama pati ang mukha. Saka pa lamang natin maiiintindihan ang nangyayari sa pag-zoom out ng camera at pagpapakita ng buong eksena. Puta ang babae at papalapit s'ya sa dalawang sundalong Amerikano. Isa na namang karaniwang araw sa gitna ng giyerang Vietnam-Amerika. Ang mahabang paglalarawang ito'y para lamang ipaliwanag ang katotohanang hindi lang natin pinapanood ang isang pelikula. Inilalagay tayo ng pelikula sa *posisyon* ng titingin sa katawan ng babae, sa *posisyon* ng dalawang Amerikano, sa *posisyon* ng heterosexual na lalake. *Ang manonood ay nililikha ng pinapanood.*

Hindi lang pelikula kundi lipunan, ang mga espisipikong operasyon ng lipunan, ang naglalagay sa atin sa mga espisipikong *posisyon*. Ganito ang isang gamit, ayon sa pilosopong si Antonio Gramsci, ng hegemoniya: hindi man natin naiintindihan kung paano ang pasikot-sikot ng ekonomiya at politika, mayroong *nasa posisyon* na umintindi para sa atin. Inaagaw sa atin

ang posisyong ito, at dahil nga meron nang nasa posisyong umintindi na *tumatayo para sa atin*, inaabandona natin ang posisyong ito.

Halimbawa ang isang manggagawa sa paggawaan ng manika. May tagakabit ng buhok, may tagasuot ng sapatos. Ang nakikita lang ng tagakabit ng buhok ay ang kanyang pagkabit ng buhok, hindi n'ya alam kung paano magkabit ng sapatos. Hindi lang iyon, hindi n'ya nakikita ang kabuuan ng sistema. Dahil s'ya ay nasa posisyon ng pagkabit ng buhok *lamang*, hindi n'ya nakikita na walang manika kung wala s'ya, na walang kita kung wala s'ya, na walang halagang malilikha kung wala s'ya, na wala ang sistema kung wala s'ya. O, isipin na lang ang isang nanonood ng telebisyon, ng *Wowowee* o *Eat Bulaga*. Nasa posisyon s'ya ng panonood, at sina Willie Revillame at Vic Sotto ang nasa posisyong magbigay ng pera. Ngunit ang nakakalimutan ng manonood ay walang perang maipamimigay sina Willie at Vic kung walang pagpopondo ng advertisers, ng mga kompanya. At wala ang pera mula sa mga palatastas kung walang manonood. Inilalagay tayo ng estruktura ng kapitalismo sa posisyon ng kahinaan, samantalang tayo naman talaga ang malakas. Tayo ang dapat nasa posisyon ng kontrol, ngunit inaagaw ito sa atin, araw-araw.

Maikukumpara natin ito sa pagpapaliwanag ng pilosopong si Slavoj Žižek sa canned laughter sa mga komeding palabas sa telebisyon. Ngayon, ang silbi ng komedi'y patawanin tayo, at ang manonood ang dapat matawa, pero ang gamit ng canned laughter ay ang okupahin ang *posisyon ng tumatawa*. Meron nang tumatawa para sa atin. Sa counter ng mga fast food restaurant sa Pilipinas, makakakita tayo ng mga lata ng Bantay Bata o Caritas. Konting barya lang, sabi ng mga lata, at malaking tulong na. Hindi mo na kailangang tumulong, meron nang tutulong para sa 'yo. May tumatayo na sa dapat nating lugar: hindi na tayo ang *nasa posisyong umintindi*, hindi na tayo ang *nasa posisyong tumawa*, hindi na tayo ang *nasa posisyong tumulong*.

Punto ni Walden Bello, awtor ng *The Anti-Development State* (2004) na sa eleksyon sa Pilipinas, walang kandidato mula sa hanay ng maralita ang maaaring tumakbo bilang presidente. Dahil sa estruktura ng politika at ekonomiyang Filipino, kinakailangan ng sandamukal na pera para tumakbo bilang meyor, representatibo, senador o presidente. Kung gayon, inilalagay tayo ng *estruktura* mismo sa *posisyon* ng pagpipili sa iilang mayaman para mamuno sa atin. Dahil sa estruktura, wala tayo sa posisyong itakda ang ating

kinabukasan. *Ang estruktura ang lumilikha ng tao.* Kung gayon, hindi na tayo binubulag ng ideolohiya sa realidad, sa wika ni Slavoj Žižek, *ang realidad na mismo ang ideolohikal.*

Sa ganitong paraan, maiintidihan nating ang political ads sa telebisyon ni Prospero Pichay. May batang magsasabi: “Pangarap kong kumain ng masarap at masustansya.” May drayber na magsasalita: “Pangarap kong wala nang kotong sa lansangan.” Lalabas si Pichay at idedeklara: “Pangarap kong tuparin ang mga pangarap n’yo.” Sa estruktura ng politika at ekonomiyang Filipino, hindi tayo ang *nasa posisyong tumupad ng ating mga pangarap.* Madali na ang konklusyon: kailangang wasakin natin ang estruktura upang maibalik ang ating mga sarili sa posisyong dapat tayo ang umuukopa: pag-intindi, pagtawa, pagtulong, pagtakda ng ating tadhana.

Pulang Kapa ni Moses, Pulang Kapa ni Leonidas

May eksena sa pelikulang *300* (2007) na alingawngaw ng isang eksena mula sa *The Ten Commandments* (1960). Tatlong daang sundalo lang ng Sparta ang haharap sa milyong taga-Persia. Swerte na nga lang at bumagyo, at ilang daang sundalong mananakop ang namatay. Patatsulok ang pormasyon ng mga taga-Sparta habang pinapanood wasakin ng mga nagwawalang alon ang mga barko ng kanilang kalaban. Sa tuktok ng tatsulok ang lider nilang si Leonidas, wagayway ang pulang kapa. Hindi nga maikakaila ang koneksyon nito sa eksena sa *The Ten Commandments* kung saan pinanood ni Moses (wagayway ang pulang kapa) at ng mga Hudyo na lamunin ng Pulang Dagat ang mga taga-Ehiptong humahabol sa kanila, huling subok ng mga dating amo na bawiin ang mga dating alipin. Ito pa ang isang koneksyon ng dalawang pelikula pareho silang may elemento ng Utopia.

Ano ang Utopia? Literal na ibig sabihin nito’y “wala kahit saan,” at sa kritisismong kultural ito’y tumutukoy sa imahen ng mundo na iba sa kasalukuyan. Halimbawa, pag inilarawan sa isang tula ang isang isla kung saan lahat pantay-pantay, lahat kumakain at marangya, maituturing natin itong imahen ng Utopia. Ayon nga sa kritikong si Fredric Jameson, hindi simpleng

panloloko ang nagaganap sa mga tekstong kumikiling sa naghaharing uri. Sapagkat para maging epektibong behikulo ng ideolohiya, kailangan munang gisingin ang pagnanasa sa Utopia ng nagbabasa/nanonood, saka ito susupilin. Kaya, bagaman sa huling pagsusuri'y mapanlinlang ang 300 at *The Ten Commandments*, kakikitaan ang pareho ng mga ideyang mapagpalaya. Ang 300 ay tungkol sa paglaban ng kakaunti (tatlong daang taga-Sparta) laban sa milyong sundalo ng Persia, samantalang ang *Ten Commandments* ay tungkol sa paglaya ng mga aliping Hudyo mula sa mga mapaniil na taga-Ehipto. Sa madaling salita, pakikipagtunggali ng mahihina sa malalakas.

Utopia ang punto ng kritikong si Rolando Tolentino ng itanong n'ya: "Bakit patuloy na nanonood ang mga babae ng pelikulang kumikiling sa patriarkiya?" Ito'y dahil may elemento rin na maka-babae at feminista sa mga sexistang pelikula. Makikita rin ito sa telebisyon. Halimbawa, sa teleseryeng *Bituing Walang Ningning*, sa may gitna, inalok ni Ryan Agoncillo ng kasal si Angelika dela Cruz. E singer si babae, at alam n'ya na masisira ang kanyang karir kung tatanggapin n'ya ang alok. Kaya tumanggi s'ya. Ito 'yung sandali ng Utopia, at ang mensahe nito sa mga babaeng nanonood ay maaari n'yong unahin ang inyong interes kaysa ang interes ng lalake. Pero ititiwalag ito ng teleserye sa mga nakaraang episowd, kung saan bumagsak mula sa katanyagan si Angelika dela Cruz. Ang mensahe'y dapat nagpakasal na lang s'ya. Ito ang sandali ng ideolohiya.

Alalahanin natin 'yung kanta ng Rivermaya para sa nakaraang SEA GAMES. "Posible." Tungkol ito sa posibilidad na magwagi ng maraming ginto ang mga Filipino sa isports. Pero may elemento ng Utopia ang kanta. Posible bang magkaroon ng mundong walang ginagahasa? Posible bang magkaroon ng Pilipinas na walang nagugutom? Posible bang magwagi ang rebolusyon? Ito ang sandali ng Utopia, kung saan ang ating mga panaginip ay inilalabas at binibigyang tinig. Pero sa dulo ng kanta, ipapahayag ang tag line: "Basta Globe, posible." Ito ang sandali ng ideolohiya, kung kailan kakainin ang subersibong pontensyal ng kanta at gagamitin ito para sa kita ng mga mayaman.

Tutal naman nadiskas na rin ang *Ten Commandments*, pumunta na tayo sa Kristiyanismo. Ito ang madalas na pagtingin sa relihiyon sa panahon ng pakikipaglaban sa kolonyalismong Espanyol: ang Kristiyanismo ay sandata, gamit para lokohin ang mga inaapi. Sino nga ba ang magrerebolusyon kung

may pangako namang langit sa dulo ng buhay na ito? Pero sa pagbasa ng historyador na si Reynaldo Ileto, makikitaan ng subersibong elemento ng mga pasyon. Nakita ng mga ninuno nating api ang pagpapakasakit ni Kristo bilang alegorya ng kanilang pagpapakasakit, at ang tagumpay ni Kristo bilang indikasyon na maaari din silang magtagumpay. At hindi ba pwede rin tayong makakuha ng inspirasyon mula sa Kristiyanismo ngayon? Ano ba ang sabi ng simbahan? Lahat tayo ay magkakapatid. Kung lahat tayo magkakapatid, dapat walang nakatira sa barong-barong. Ano ba ang sabi ni Hesus? Mahalin mo ang iyong kapwa. Kung mahal mo ang iyong kapwa, bakit mo s'ya hahayaang kumain ng basura, samantalang sapat naman ang ating kayamanan para kumain nang tama ang lahat? Ang kinakailangan, kung gayon, ay ilipat ang Utopia mula sa mga texto papunta sa mundo.

Katarungan sa *Spiderman 3*

Sa *Spiderman 3* (2007), gustong patayin ni Harry Osborne si Peter Parker dahil akala n'ya ito ang pumatay sa kanyang ama. Gusto namang patayin ni Peter Parker si Flint Marco dahil akala n'ya ito ang pumatay sa kanyang tiyo. Malalantad na hindi pala si Peter ang pumatay sa tatay ni Harry, at hindi pala sinasadya ni Flint na patayin ang tiyo ni Peter. Isyung epistemolohikal ang isinisiwalat ng pelikula, at nagsisilbi itong kritisismo sa pagbitay. Hindi tayo kahit kailan makasisiguro sa isang krimen, maaaring kahit video ay nilikha lamang, kaya hindi tayo dapat pumapatay bilang parusa, kahit sentensiyado na ang kriminal, kahit na nga mismo nangumpisal na ito. Ang buhay ng isang tao ay masyadong mahalaga para ibitin lamang sa tsansa.

Ngunit hindi lang epistemolohiya kundi etika ang tinalakay ng *Spiderman 3*. Mabalik tayo sa kaso ni Flint Marco, paano ba n'ya di sinasadyang mapatay ang tiyo ni Spiderman? Hinoldap kasi n'ya ito, at aksidente n'yang nabaril dahil ninenerbyos s'ya. Ang unang reaksyon nati'y: aba, magnanakaw pala! E ano kung di sinasadya ang pagpatay? Parusahan pa rin dapat! May sagot dito ang pelikula: hindi naman masamang tao si Frank, napilitan na lang s'yang mangholdap dahil may sakit ang kanyang anak, at mamamatay

ito dahil wala silang pera. Palusot! Porke ba mamamatay ang anak ay pwede nang magnakaw? Hindi syempre, pero pokusan natin hindi ang pagpaparusa kundi ang prebensyon. Ano ba ang mahalaga? Pera o tao? Kung tao talaga ang mahalaga, bakit napakaraming namamatay dahil sa sakit na pwede namang malunasan, samantalang ang kayamanan ng mundo’y nasa kamay ng iilan? *Estruktural* ang problema, politikal ang etikal. Nitong Mayo 4, ipinalabas sa XXX ang kaso ng nagbebenta ng repackaged na powder na gatas at juice, na madumi at expired, at ng mga delatang hindi na rin mabuting kainin. Hinuli sila. Palakpakan! Ngunit ang kinakalimuta’y ang mga paktori ng gatas at delata kung saan nananatili ang eksploytasyon ng lakas-paggawa, ang sistemang kapitalistang lumilikha ng kahirapan at nagtutulak sa mga tao sa kriminalidad. Kung wawakasan natin ang sistema kung saan pinapatay ng kahirapan ang mayorya, mababawasan ang pagnanakaw, karahasan at patayan sa ating paligid.

Hindi tayo dapat makulong sa mentalidad ng sisi-parusa. Sa maikling kwentong “Strange Archaeology” ni Josef Skvorecky, isang propesor at pulis ang nag-usap tungkol sa isang kriminal, na pumatay ng isang mensahero at pinarusahan ng bitay. Kaso nga lang, para sa ibang pagpatay ang parusang ito. Kumento ng propesor, hindi naman pwedeng ilang beses patayin ang kriminal para sa kanyang pagkakasala. Sa madaling salita, hindi katarungan ang pagpaparusa. Hayaan akong magbigay ng isa pang sitwasyon. Halimbawa’y may isang serial rapist na nahuli, at napag-alamang dalawampu’t tatlo ang kanyang babaeng ginahasa. Katarungan ba kung papatayin s’ya, o di kaya’y gagahasain din? Hindi. Ang tamang hakbang tungo sa katarungan ay ang pagbuo ng mundo kung saan walang ginagahasa.

Masasabi, kung gayon, na ang pagpaparusa, bitay man o kulong, ay hindi ang solusyon sa krimen. Ang dapat atakihin ay ang ugat ng krimen. At hindi ba’t nakikita natin ang koneksyon ng pagpaparusa sa paglilimos? Sa pagsusuri ni Rolando Tolentino ng programang MaAgang Pasko ni Aga Mulach at Jollibee, ipinakita n’ya ang kahungkagan ng pagbibigay ng laruan sa mga batang ang kailangan ay lipunang magsisiguro sa kanilang pagkain, tirahan, kalusugan at pag-unlad bilang tao. Nitong Mayo 10, sa *Pinoy Big Brother*, ang kontestant na si Robert ay nagpa-ahit ng kanyang kilay, at bilang kapalit ay ang pagpopondo ng operasyon ng isang batang may hair lip. Palakpakan! Ngunit ilang bata pa ang nangangailangan ng operasyon? Sa totoo lang,

hindi nakakatulong ang mga ganitong gawain, sapagkat publicity stunt lamang. Sapagkat lumalabas na kailangang maghintay sa awa para bumuti ang ating buhay. Ang solusyon ay hindi limos, kundi ang pagdurog sa sistema ng showbiz at konsumerismo kung saan mas importante ang tubo kaysa tao. Ang pagwasak sa kapitalismo’y hindi nangunguhulugang papatayin ang mga kapitalista kundi ang paglikha ng lipunan kung saan pantay-pantay ang lahat, *kung saan walang uri*. Hanggang sa hindi tayo tumutulak sa direksyong ito’y mananatiling buhay-alangan ang mga buhay-alamang.

Sa dulo, tumutumbas ang pagpaparusa at paglilimos sa paninira ng ari-arian ng iba, ng pagsusulat ng grafitti sa pampublikong lugar, ng pagmumura sa mga politikong nakikita sa telebisyon, sapagkat limitado ang mga kilos na ito. Ika nga, bigyan mo ng isda ang isang tao, at kakain s’ya sa araw na ito. Itaguyod mo ang rebolusyon, at lahat ng tao’y makakakain araw-araw. Kailangan natin ang katarungang isinisiwalat ni Spiderman.

Komiks at Tatsulok

Sa mundo ng komiks sa Amerika, dalawang bida ang matawawag na madaya. Si Strong Guy, lumalakas sa bawat suntok at sipang natatanggap. Si Bishop, kapag tinamaan ng enerhiya, kinakain ito upang makapaglabas ng kanyang enerhiyang sandata. Hindi ba't ang dalawang bidang ito ang perpektong alegorya sa kapangyarihan ng kapitalismo?

Tingnan na lamang ang pag-uusig ng kritikong si Michael Andrada sa tagline ng *Bubble Gang*: “Makitawa, Wag Matakot.” Pag-aangkop ito ng telebisyon sa slogan na “Makibaka, Wag Matakot” na ang punto sana’y hikayatin ang mga tao na mas maging aktibo sa labanan ng uri. Ang pagkain ng kapitalismo sa mga kalaban nito’y makikita rin sa pagtransporma sa “Power to the People” ni John Lennon mula papuri sa masa tungo sa tagline ng Touch Mobile, at sa pag-angkop sa mukha ng rebolusyonaryong si Che Guevarra bilang disenyo sa t-shirt.

Ang revival ng bandang Bamboo sa kantang “Tatsulok” ng Buklod ay sintomas ng palala nang palalang kondisyon ng kontra-gahum na kultura sa Pilipinas. Sa unang tingin, lumalabas na subersibo pa rin ang awit. Ang mga linyang “Hanggang marami ang lugmok sa kahirapan/ At ang hustisya

ay para lang sa mayaman” ay hanggang ngayo’y may dating pa rin sapagkat tumutukoy pa rin sa eksploytasyon at karahasan sa ating bayan. Ngunit narito ang malaking pagkakaiba: Bamboo ang kumakanta nito. At ano ang Bamboo? Bandang nagbebenta ng Colt 45, at iba pang produkto. Bandang komoditi rin, na ang mensahe sa ati’y bumili nang bumili (ng serbesa, ng CD). Sa pagkanta ng Bamboo sa “Tatsulok” matatanggalan nila ito ng pangil, naging isa na namang awit ng banda ang dati sana’y kanta ng panunuligsa.

Ito rin ang punto ng kritikong si Isagani Cruz tungkol sa mga makakaliwang dula na itinatanghal sa Cultural Center of the Philippines. Nagiging palabas na lamang ang mga ito para sa pag-enjoy ng mga elitista. Kung babalik tayo sa larangan ng musika, hindi ba’t kalunos-lunos ang pagkuha ng bandang Parokya ni Edgar sa tono ng “Banal na Aso, Santong Kabayo” ng Yano, kantang atake sa mga ipokritong relihiyoso? Ang nangyari kasi, ang tonong ito’y ginamit sa kantang tungkol sa “Chikini.” Ang kritisismo ng lipunan ng Yano’y naging isa na lang patawa ng Parokya. Ngunit ano ba ang ating magagawa? Pag-aari ng kompanya ang tono ng “Banal na Aso,” at ito’y produktong pagkakakitaan nila hanggang maaaring pagkakitaan. Alam ng Parokya ang kahungkagan ng kanilang posisyon. Kaya nga sa kanilang album na *Gulong Itlog*, *Gulong* may kanta silang “Saan Man Patungo,” kung saan maririnig ang mga salitang ito: “Hindi ko maalala/ Ang lyrics ng kanta/ Kahit ako ang gumawa/ Iba naman ang nagsalita/ Mahirap talaga/ Pag inaasahan kang/ Awitin ang mga tulang/ Nagmumula sa pera.” Mula sa dekada nobenta pa ang “Saan Man Patungo,” at ngayon sa bagong milenyo ano pang kanta ang nagagawa ng Parokya? Wala na silang pangil, ang mga awit na lang nila’y *pambenta ng deodorant*.

Maitatanong siguro, sinasabi ko bang walang saysay lumaban sa kapitalismo? Na masyado itong makapangyarihan, tulad ni Bishop? Siguro’y sa komiks din natin maaaninag ang solusyon sa bugtong. Nang kalabanin ng kontrabidang si Apocalypse si Bishop, imbes na gumamit ng enerhiya’y suntok ang ginamit nito, kaya natalo ang bida. Isa pang alegorya: sa nobelang *Wizard and Glass* (1997) ni Stephen King, ang apat na bida’y nakulong sa isang tren na nag-iisip. Magpapakamatay na ang tren, at idadamay nito ang mga bida kung hindi sila makakapagbigay ng bugtong na di nito kayang sagutin. Sobrang daming bugtong ang ibinato nila, ngunit lahat ay di kayang talunin ang lohika ng tren. Malapit na ang katapusan, naisipan ng isang bidang

gumamit ng mga bugtong na walang saysay. Ilohika laban sa lohika! At ito na nga marahil ang direksyon na ating dapat tahakin sa pakikipagtunggali sa kapitalismo: *hindi tayo dapat naglalaro na ang mga alituntunin nito ang ginagamit.* Sa huling analisis, hindi naman sa kultural na larangan kundi sa materyal na kondisyon ng ating pamumuhay ang pinakaimportanteng lugar ng laban. Kung kaya't ang bawat pagkain ng kapitalismo sa slogan at dula ng mga makakaliwa, dapat sagutin ng pang-angkop ng mga sandata ng kapital: baril, cellphone, eroplano, paktori. Hindi maaaring magmukmok na lang tayo sa isang sulok. Rebolusyon, kung gayon, at hindi lang kanta, ang makapagbabaliktad ng tatsulok.

Merong, Merong, Merong

Sa *History of the World, Part 1* (1981) may eksena tungkol sa Rebolusyong Pranses. Parodiya ang gamit ng pelikula para ipakita ang paghihirap ng mga tao. Mga mayaman na lang ang may kayang makakakuha ng pagkain, at ang mga mahirap ay kinakailangang magtiis sa kung ano-ano. “Bulok na mansanas!” sigaw ng isang manininda. “Merong akong bulok na mansanas!” Alok naman ng isa: “Daga! Nagbebenta ako ng daga!” At may isa pa: “Wala! Nagbebenta ako ng wala!” Nagpapatawa ang eksenang ito, pero kasabay ng pagngiti makikilala natin sa parodiya ang kasalukuyan nating kalagayan. Hindi ba’t karamihan sa mga ibinibenta ngayo’y wala naman talagang halaga? Halimbawa na lang ang mga infomercial na mapapanood sa Channel 4, 9, at 13 kung saan ang inalalako’y pampalaki ng mga suso. Sa pwersa ng retorika ang produktong hindi importante’y naging pangangailangan.

Tandaan na lang ang patalastas ng Rexona, kung saan may dalawang babaeng niyayaya ang isa pa nilang kaibigan para sumayaw. Sa una’y ayaw nito, pero nadala na rin ng musika’t sumama. Ngunit sa kanyang pagtaas ng mga braso’y naamoy ng dalawang kaibigan ang kanyang kilikili. Nahilo ang mga ito’t bumagsak sa kama. Ang itinuturo ng ad: lahat tayo mabaho.

Ang itinuturo naman ng Kristiyanismo, lahat tayo makasalanan. Lahat ng makasalanan ay pupunta sa impyerno. Sabi naman ng patalastas, lahat ng mabaho'y pupunta sa impyerno ng kawalang-kaibigan.

Ano ang nararapat na tindig sa ganitong uri ng mundo? Sa kanyang maikling kwentong "The Improbable Impostor Tom Castro," inilantad ni Jorge Luis Borges ang kapangyarihan ng sinisismo (cynicism). Sa kwento, ang anak ng isang mayamang babae'y nawala sa dagat. Ang paniniwala ng babae'y buhay pa ang kanyang anak, at ipinahayag n'ya ito sa dyaryo. Naisipan ng kaibigan ni Tom Castro na maaari s'yang magpanggap na anak ng babaeng mayaman *dahil* malayong-malayo ang hitsura n'ya sa tunay na anak. Ito ang lakas ng ideolohiya ng namamayaning kaayusan ngayon sa Pilipinas. Ganito ang inusual ng gobyerno: "Alam kong hindi ako ang karapat-dapat mamuno, alam mong hindi ako ang karapat-dapat mamuno, alam kong alam mong hindi ako ang karapat-dapat na mamuno, pero kahit na, ako ang mamumuno."

Naging natural na reaksiyon ng mga Filipino ang paghugang negatibo ang lahat ng nakikipagtunggali sa larangan ng pulitika. Kapag nagkakaroon ng rally, nagrereklamo tayo sa trapik. May magsasabi pa tungkol sa mga rebelde: "Komunista o si Arroyo man, pareho lang na magnanakaw." Sa ganitong pagbu-*bulldozer* ng katwiran walang pagkakaiba ang Abu Sayyaf, AFP, at WB-IMF. Walang gagawin ang taong itong naniniwalang masama ang lahat, pagkat naniniwala s'yang lahat ng pagtatangkang magkaroon ng kapangyarihan ay marumi. Kambal ng paniniwalang ito ang tindig ng "kultural na relatibismo," iyon namang pagsasabing lahat ay mabuti. Sintomas nito'y mga pangungusap tulad ng "Kanya-kanyang paniniwala 'yan," o mga pagpapalusot tulad ng "Tradisyon na e." Sa ganitong moda ng pag-iisip, hindi maaaring husgahan ng isang lipunan ang isa pang lipunan dahil hindi ito napapaloob sa kultura ng lipunang iyon. Kung susundin ang lohika nito, hindi rin maaaring husgahan ng isang tao ang isa pang tao dahil walang maaaring magdikta sa kahit sino kung paano mabuhay, "Kung ang trip ko man ay golf, droga, o pagsusunog ng pera sa aking bakuran, walang pakialaman."

Makikita rito kung paanong walang pagkakaiba ang sinisismo at kultural na relatibismo. Ang pagsabing lahat ay masama, o lahat ay mabuti, ay pagsasabi lamang na hindi nangangailangan ng lehitimasyon ang aking paraan ng pamumuhay. Hindi ko kailangang magbago. Ikinukulong sa

isang uri ng pagkilos ang manggagawa sa paktori, paulit-ulit ang trabaho ng isang call center agent. Ang pagkabagot na ito’y nanunuot sa sosyo-ekonomikong kaayusan, sa pulitikal at kultural na aspekto ng ating lipunan. Ang ating paniniwalang wala na tayong kailangang baguhin tungkol sa ating pagkato’y tumutugma sa realidad na halos wala tayong kapangyarihang baguhin ang ating mundo. Ngunit ang susing salita rito’y “halos.” Tandaan natin ang isang opisyal ng Tsina na bumisita sa Pransya na tinanong kung ano ang tingin n’yang epekto ng Rebolusyong Pranses. Ang kanyang sagot: “Masyado pang maaga para masabi.” Inspirasyon para kina Bonifacio at Rizal ang Rebolusyong Pranses, at dito’y mabuting susugan natin ang dalawang bayani. Kalayaan, pagkakapantay-pantay, kapatiran, sigaw ng mga isumpa ng mundo noon. Kalayaan, pagkakapantay-pantay, kapatiran, sigaw natin ngayon. Hindi tayo dapat magtiyaga sa bulok na mansanas, daga, at wala.

Katherine Heigl, Paano Ba Maging Ina?

Tatlong detalye ang kailangang bigyang empasis sa kaso ng pagkabuntis ng tauhang ginagampanan ni Katherine Heigl sa *Knocked Up* (2007). Una, wala s'yang problema sa usaping pinansiyal (walang dumedepende sa kanya at hindi s'ya maaaring tanggalin sa trabaho sa *E!*). Pangalawa, meron siyang opsyong magpalaglag. At ikatlo, suportado s'ya ng kanyang ina sa pagpapalaglag. Hindi ito ang kaso ng karamihang buntis ngayon at gusto o kinakailangang magpalaglag. Sa isang banda, iisiping negatibo ang mensahe ng pelikula: pag nakipagsex ka, mabubuntis ka. At: pag nabuntis ka, ituloy mo. Pero kung titingnang muli ang inilista ko sa itaas, maaaninag ang isa pang kahulugan: na ang mga babaeng nasa posisyon lamang ni Heigl ang may kapangyarihang mag-anak, i.e., na ang mga nabubuntis na walang katulad na opsyong tulad ng kanya ay nasa mapanganib na lugar.

Magkakaroon ng dagdag ng paglilinaw kung babanggitin dito ang ilang datos mula sa kolum na "At Large" ni Rina Jimenez-David mula sa isyung Oktubre 21, 2007 ng *Philippine Daily Inquirer*. Sa Sierra Leone, isa sa bawat anim na babae ang namamatay sa pagbubuntis o panganganak. Bawat taon, sampung milyong babae ang namamatay dahil sa pagbubuntis o panganganak.

Siyamnapung porsyento nito’y mula sa ikatlong daigdig. Sa Pilipinas, isa sa bawat 140 ang malamang mamatay sa pagbubuntis o panganganak.

Wala yatang masasabing matino hinggil dito, dahil, ayon nga kay Kurt Vonnegut, Jr, wala namang intelihenteng masasabi hinggil sa isang masaker. At ito’y isang masaker, isang masaker na hindi binibigyang-pansin. Bakit? Dahil walang kwenta ang mga babae. Ito ang turo ng namamayaning kaisipan. Sa *Knocked Up*, kasama ang mga kaibigan nageset-up ng website ang tauhang ginagampanan ni Seth Rogen, ang lalakeng nakasiping ni Heigl. Ang makukuhang impormasyon: kung sa aling pelikula mo makikitang nakahubad ang paborito mong artista, kasama na kung gaano katagal, at kung utong lang, may bulbol, atbp. Narito ngayon ang pagpapakasal ng teorya at praxis: sa lebel ng imahen, pampalibog lang ang mga babae; sa lebel ng aktwalidad, daang libo ang namamatay araw-araw.

Kamakailan nagmeryenda ako kasama ang dalawang kaibigan mula sa kolehiyo. Nagkwento ang isa hinggil sa kaibigan n’ya mula sa hayskul, na nakilala ko noon at naging crush. Tatlo na ang anak nito, at ilang buwan lang ang nakakaraan nang makunan. Nagtatrabaho ang babae sa call center, hindi na nakapagtapos. Sabi ko’y bakit hindi pa magpatali, at agad iniusal ng aking kaibigan ang aking pagkakamali. Sabi ng kaibigan ko: s’ya na nga ang nagtatrabaho, s’ya na nga ang nagbubuntis, s’ya na nga ang nanganganak, s’ya na nga ang nakukunan, s’ya pa ang magpapatali?

Makikita sa kaso ng kaibigan ng aking kaibigan at sa tauhang ginampanan ni Katherine Heigl ang isang importanteng isyu: sino nga ba ang may kontrol sa katawan ng isang babae? Hindi sinasabing perpekto ang kondisyon ni Heigl, ngunit dahil legal ang pagpapalaglag sa Amerika, meron s’yang higit na kontrol sa kanyang katawan, at kung gayon sa kanyang buhay. Ang tauhang ginagampanan ni Rogen sa pelikula ay taga-Canada, at hindi s’ya nagbabayad ng buwis kahit nakatira sa Amerika. S’ya rin ay may pera dahil sa insurance na nakuha mula sa aksidente noong nasa hayskul, kaya nagagawa n’yang wag magtrabaho at kung ano-anong gawain ang tahakin: mula pagsayaw sa bar hanggang pagmamarijuana. Alingawngaw si Rogen ng imahen ng *hippie*, na *icon* ng kontra-kultura sa Amerika noong dekada ‘60. Ang mga *hippie* ay nakakatakas sa estruktura ng produksiyon ng mapagsamantala at puno ng elyenasyon. Parehong may kontrol sina Heigl at Rogen sa kanilang buhay. Kung lilimiin ang mga imahen nina Heigl at Rogen, makikita ang isang

malaking pagkakatulad ng mga babae at mga manggagawa at magsasaka: parehas silang walang kontrol sa kanilang katawan.

Mas nakaangkla sa realidad ang kaso ni Heigl, sapagkat, bagaman hindi sinasabing ligtas sa patriarkiya, ang mga katulad ng babaeng kanyang ginagampanan ay masasabing mayroon nang kalayaan. Hindi lang may posibilidad kundi may aktuwalidad. Pantasya naman ang kay Rogen. May saysay na gawing legal ang pagpapalaglag, ngunit imposible ang gawing opsyunal ang pagbabayad ng buwis. Kahina-hinala rin ang pinagkukuhanan ng pera ni Rogen, hindi naman maaaring magpasagasa tayong lahat at hayaang insurance ang magbigay ng ating tirahan at pagkain. Dalawa, kung gayon, ang maiuwi natin mula sa panonood ng *Knocked Up*: una, ang puntong esensyal ang legalisasyon ng aborsyon sa pagpapalaya ng mga babae, at pangalawa, ang tanong na: sa paanong katulad na paraan magkakaroon ng aktuwal na kalayaan para sa mga magsasaka at manggagawa?

Dokumento ng Barbarismo

Mayroong mahusay na gimik ang Quickly, establisyementong nagbebenta ng *fruit shake*. Pagkatapos pumili ng *flavor* ang mamimili, ilalagay ang kanyang baso sa isang metal na kahon, may kung anong mangyayari sa loob ng kahon, at paglabas ng baso’y meron na itong takip, bubutasin na lang sa pamamagitan ng straw. Ituring nating alegorya ang gimik na ito at maipapaliwanag ang isang sentral na konsepto ng Marxismo, ang reipikasyon. Sa kanyang *Postmodernism or, The Cultural Logic of Late Capitalism* (1991), binigyang-kahulugan ito ng kritikong si Fredric Jameson bilang “pagbubura ng bakas ng produksiyon.” Sa Quickly, hindi natin nakikita kung paanong eksaktong nagkaroon ng takip ang baso ng *fruit shake*. Sa kapitalismo, hindi natin nakikita kung paano ang proseso ng produksiyon. Ang nakikita lang natin ay ang pinal na produkto.

Halimbawa, kung oorder ka ng hamburger sa isang *fastfood restaurant*, ang nasa kamalayan mo lang ay ang hamburger. Wala sa iyong isipan ang mga sumusunod: kung ano ang pagmamaltratong nararanasan ng mga bakang ginawang *patty* (may mga kompanya, halimbawa, na *nagpapakain ng baka sa baka*), kung *genetically modified organism* ba ang mga gulay (may

pag-aaral na nagsasabing nakakadulot ng cancer ang mga GMO), kung ano ang kondisyon ng crew sa *fastfood restaurant* na iyong pinagbibilhan ng hamburger (contractual ba sila, meron bang *health benefits?*). Mawawalan ka nga naman ng gana kung iisipin mo pa ito.

Sa mga mahihilig magsuot ng mamahaling damit, halimbawa, baka gusto ninyong malaman ang balita hinggil sa Gap? Inireport ni Barbara Ehrenreich sa kanyang *blog* nitong Oktubre 31, 2007, na gumagamit ang kompanya ng mga batang manggagawa. Mga batang alipin (mayroon daw sampung taong gulang lamang) na nagtatrabaho hanggang 16 na oras kada araw sa isang *sweatshop* sa India, kung saan umaapaw ang banyo at nahahampas ang mababagal gamit ang plastik na tubo. Dahil sa reipikasyon, hindi natin nakikita ang pagsasamantala na kaakibat ng produkisyon sa ilalim ng modang kapitalismo.

Ang reipikasyon ang dahilan kung bakit hindi natin nakikita ang susi ng estrukturang kapitalismo: ang labis na halaga (sa Ingles, *surplus value*, sa Aleman, *Merhwert*). Isipin, halimbawa, ang isang manggagawa sa pagawaan ng sapatos. Kinakailangan lang niyang magtrabaho, dapat, ng apat na oras, para makalikha ng sapat para mabuhay siya para sa isang araw. Pero nagtatrabaho siya ng walong oras. Ano ang nangyayari sa yamang ito na kanyang nalilikha? Ito ang labis na halaga na ninanakaw ng kapitalista. Ngayon, kung ang yamang ito ay gagamitin niya para magpatayo ng isa pang pagawaan ng sapatos, iisiping siya ang pinagmulan ng pagawaan, kaya siya ang dapat kumita ng mas malaki mula rito.

Tingnan naman ang kaso ng tulang “Ang Liham ni Pinay Mula sa Brunei” ni Ruth Mabanglo. Dito, isang OCW ang nagkwento kung paanong puro siya trabaho sa bahay para sa kanyang asawa noong nasa Pilipinas pa. Wala siyang nakukuhang aruga, kalinga, o pagmamahal mula sa asawa. Samantalang sa Brunei, siya ang sinusuwelduhan. Sa Pilipinas, hindi kinikilala ng lalakeng asawa ang kontribusyon ng babae sa produkisyon ng yaman. Pinagwawalang-bahala ang lakas-paggawa ng babae ang pinagsasamantalahan sa tahanan. Ituloy natin ang lohika ng tula: dahil sa mga OCW na nagtatrabaho sa bahay, ang mga banyaga ay nagkakaroon ng panahon para lumikha ng yaman. Sa madaling salita, kung walang OCW, hindi makakasali ang mga dayuhang ito sa produksyon.

Ngunit: nabubura ang bakas, nakakalimutan ang kasaysayan. Hindi nakikita na ang yaman ng kapitalismo ay mula sa mga manggagawa. Kumbaga sa bigas: kami ang nagtanim, sila ang nagpiging.

Sa kasalukuyang estado ng Pilipinas, bawat Filipino ay may utang na lampas sampung libo. Ito ang ngayon, ngunit kinakalimutan ang kasaysayan ng pagsasamantala sa ating bayan. Hindi ba't dumanas (at dumaranas) tayo ng higit sa 400 taon ng kolonisasyon? Kung tutuusin nga, ang mga imperyalistang bansa ang may utang sa atin.

Bakit wala sa ating kamalayan ang ganitong uri ng impormasyon? Muli, bumabalik tayo sa reipikasyon. Pag nagbabasa tayo ng diyaryo, pag nakikinig tayo ng radyo, pag nanonood tayo ng telebisyon, ang nakikita lang natin ay ang pinal na produkto--ang balita. Hindi natin nakikita ang produksiyon ng balita. Hindi natin naiisip kung sino ang may-ari ng kompanya, kung sino ang *advertisers* na nagpopondo ng ating mga batis ng kaalaman, hindi natin nakikita ang proseso ng pagpili ng mga editor at administrador ng diyaryo, radyo, telebisyon. Hamburger, damit, balita--walang dokumento ng sibilisasyon ang hindi rin dokumento ng barbarismo.

Pagkatapos ng Katapusan ng Mundo

Sa pelikulang *Resident Evil: Extinction* (2007) nagwala ang virus na gawa ng kompanyang Umbrella kaya naging halimaw ang mayorya ng populasyon ng mundo. Ang mga mayayaman ay nagtatago sa ilalim ng lupa. Ang pangunahing kontrabida’y sinusubukang baguhin ang epekto ng virus, upang gawing mga masunuring manggagawa ang mga halimaw. Narito ang kondemnasyon ng walang habas na paghangad sa pera at tubo. Tingnan ang ating mga bida: pumipila sila para sa pagkaing random ang pagtalaga. Walang pagpili rito, at kung gayon walang “kalayaan” (kung ibabase sa bulgar na saysay ng salita). Ang meron ang mga nomadong ito’y komunidad, kapatiran, pagkakaisa.

May nagwalang virus din sa pelikulang *I Am Legend* (2007), at ginawa rin nitong mga halimaw ang sangkatauhan. Sa buong New York, ang bidang si Will Smith na lang ang normal, i.e. s’ya na lang ang hindi nangangain ng kapwa tao. May tatlong eksena ang nakakapukaw ng isip. Una, nang pumasok ang Smith sa isang abandonadong warehouse para hanapin ang kanyang aso, nakatagpo s’ya ng tambak-tambak na dolyar sa sahig, perang wala nang halaga. Pangalawa, nang pumunta si Smith sa hiranman ng DVD para ibalik ang kanyang napanood nang pelikula at kumuha ng bago. At pangatlo, ang

eksena kung saan inaanunsyo ni Smith sa radyo na maaari s'yang puntahan ng iba pang hindi apektado ng virus. Ang kanyang mensahe: "Maaari akong magbigay ng pagkain, seguridad, tahanan."

Sa unang tingin, makikita ang dalawang pelikulang ito bilang halimbawa ng pantasya tungkol sa katapusan ng mundo. Ngunit, mahalagang bigyan ng diin na ang mas inilalarawan ng *Resident Evil: Extinction* at *I Am Legend* ay ang katapusan ng kapitalismo. Sa kasalukuyang estado ng mundo, ang tingin nati'y walang hanggan ang kapitalismo, naniniwala tayong wala nang maaaring alternatibo sa pagwasak ng imperyalistang globalisasyon sa kalikasan at sa tao. Alegorikal ang dalawang pelikula, ang ipinapalabas nilang magiging ikutang pangyayari sa pagbuwag sa kapitalismo'y bayolohikal na trahedyang nagwawalang virus. Ang virus na ito ang rebolusyon. Sa akto ng rebolusyon makikita natin na ang pera ay dapat ihagis sa sahig at ang dapat pangalagaan ay ang kapwa nating tao.

Maaari tayong magsalo-salo, ika nga ng isang awit sa simbahan: "Walang sino man ang nabubuhay para sa sarili lamang." Kabaliwan ba ito? Isipin na lang ang mga silid-aklatan. Ang mga libro dito'y hindi pag-aari ng iisang tao. Pag-aari sila ng komunidad. Ang nangyayari, inaalagaan ang mga libro ng komunidad. At hindi ba't ito ang lipunang hangad nating ipalit sa kapitalismo? Komunidad kung saan wala tayong pag-aari kaya pag-aari natin ang lahat.

Alalahanin ang eksena ng pagbabalik ni Smith ng DVD na kanyang hiniram. Wala naman itong saysay, sapagkat wala namang huhuli sa kanya, o magdedemanda pag hindi n'ya binalik ang DVD. Ngunit patuloy n'ya itong ginagawa sapagkat ito ang nagpapanatili ng kanyang pagkatao: ang kapasidad na kumilos para sa ikabubuti ng nakakarami. Sa dulo ng pelikula, pipiliin ni Smith na mamatay para ipagtanggol ang gamot sa virus, ang gamot na magbabalik sa katinuan ng mga halimaw, ang magtatransporma sa kanila pabalik sa pagiging tao.

Makapangyarihan ang mga likhang-sining na kinabukasan ang inilalarawan sapagkat ginagawa nilang di-pamilyar ang pamilyar sa ating mundo, at sa ganitong paraan binibigyan tayo ng sariwang punto de bista sa ating sitwasyon. Halimbawa, ang maikling kwentong "Ampalaya" ni Reuel Aguila ay tungkol sa isang lalakeng idinemanda at ikinulong dahil nagtanim s'ya ng ampalaya. Hindi na maaaring magtanim ng ampalaya sa loob ng

limampung taon sapagkat pag-aari na ito ng isang kompanya. Amplaya, bawal nang itanim? Imposible! Ngunit tingnan ang ating paligid, hindi ba't nagsisimula na nga ang inilalarawan ni Aguila? Sa nangyayaring *bio-piracy*, ang mga tradisyunal na kaalaman (halimbawa, paggamit ng mga halaman para gawing gamot) ay nagiging pag-aari na lamang ng iilan sa pamamagitan ng mga di-etikal na batas ng *patent* at *copyright*.

Hindi ba't ito rin ang nangyayari sa *kaalaman* mismo? Kailangan mo munang magbayad para magkaroon ng pagkakataong makagamit, halimbawa, ng mahuhusay na *computer program*. Buti na lang meron ding mga kontra-gahum na proyekto, tulad ng Linux, *operating system* sa mga computer na libre. Ang siste: maaari ka ring maglagay ng modipikasyon, at ang iyong mas pinagandang bersyon ay maaari mong ipakopya ng libre sa mga taong maaari ding paghusayin pa ang iyong pinaganda na. *Walang katapusang pag-unlad*.

At iyon, sa dulo, ang dalawa nating pagpipilian. Ang pagiging halimaw, ang pagiging walang pagkabusog sa tubo, o ang pagtatag ng isang komunidad kung saan ang pagyabong ng isa'y pagyabong ng iba. May samahan sa Pransiya na ang pangala'y angkop sa sitwasyong ito: *Sosyalismo o barbarismo?*

Hinggil sa Kontradiksyon

Sa tulang “Santong Paspasan” ni Jose Lacaba isinalaysay ang panggagahasa ng barkadang lalake ng anak ng kongresman sa isang babaeng nagngangalang Maritess. Ang paglalandad ng pag-aabuso ng mga lalake sa babae ay siningitan ng paglalarawan ng mga pangyayaring pulitikal: protesta’t rali at ang marahas na dispersal sa mga ito. Lumalabas na may pagkakatulad ang pambubusabos kay Maritess at sa pagiging bayolente ng estado. Ang dalawang linya ng tula’y nagsasabing wag kalimutan ng kongresman na darating sa susunod na halalan. Maituturing, kung gayon, bilang panunuligsa sa mga may kapangyarihan ang tula. Kung ang tanong ay “Para kanino?” lumalabas na para sa maliliit ang “Santong Paspasan,” para sa mga naisantabi.

Ngunit may kontradiksyon sa tula. Sa isang sakanong, inilarawan si Maritess bilang kamukha ni Susan Roces, na nag-e-endorse ng Lux sa telebisyon. Ibig sabihin, maganda si Maritess. Sa may dulong sakanong, inilarawan na si Maritess bilang kamukha ni Bella Flores. Ibig sabihin, pangit. Kakikitaan kung gayon ang tula ni Lacaba ng dalawang mito hinggil sa panggagahasa. Una, na ang mga babaeng ginagahasa ay ginagahasa dahil maganda sila. Pinalapabas ng mitong ito na sekswal na pagnanasa ang sanhi

kung bakit nanggagahasa ang mga lalake. Konektado ito sa mitong nagsasaad na kaya nababastos ang mga babae ay dahil sexy manamit. Mga mito ito: kahit mga matanda at batang babae’y nagagahasa, kahit iyong itinuturing ng ating maka-Kanlurang depinasyon ng kagandahan bilang “pangit” ay ginagahasa; at napapatunayan ng karanasan ng mga babae na kahit na balot na balot ng pananamit ay binabastos sila ng mga lalake. Ang panggagahasa ay hindi tungkol sa sekswal na pagnanasa kundi sa karahasan. Walang kinalaman ang libog dito.

Ang ikalawang mito na pinapalaganap ng tula ni Lacaba ay ang mito na wasak na wasak ang isang babae pagkatapos magahasa. Isipin mo nga naman, mula Susan Roces papuntang Bella Flores. Sa paniniwala sa mitong ito lalo nating dinarahas ang babae. Ayon kay Sylvia Estrada-Claudio, stereotype lang ang imahen ng humahagulgol na ginahasa. Ang mas madalas na reaksyon ng isang babaeng ginagahasa ay pagtawa at galit. Para kay Estrada-Claudio, ang dapat na terminong gamitin ay “survivor” imbes na “biktima,” sapagkat sa mismong pagpapangalan/paglalarawan maaari nating ulitin ang pang-aabuso sa “biktima.” Isipin na lang ang kantang “I Will Survive” at palabas sa telebisyon na *Survivor*. Ang salitang ginamit sa mga pamagat na ito’y nagpapahiwatig ng lakas. Meron bang mahuhusayan kung merong kantang “I Will Be A Victim”?

Ang tulang “Santong Paspasan” na sa unang tingin ay nagsasalita para sa mga api ay—nang-aapi pala.

Ngunit ‘wag iisiping sinasabi kong maka-lalake si Lacaba, na sinadya niyang magpalaganap ng mga konta-babaeng kaisipan. Ang pag-intindi natin sa mga tula, at iba pang tekstong kultural, ay hindi dapat nagiging personalan. Ang pagpapaliwanag sa panitikan at iba pang kultural na tekstong ay hindi dapat ikinukulong sa mga proklamasyong “pangit ito” o “ayoko sa tula dahil isinulat ito ni _____.”

Ang punto’y ito: ang isang makata, ang isang manunulat, ay hindi hiwalay sa kanyang mundong ginagalawan. Halimbawa, sa tula wala namang linyang “si Maritess ay naging pangit tulad ni Bella Flores.” Sinabi lang na naging kamukha ni Flores ang babae, at dahil alam ng mambabasa kung sino si Bella Flores, nakuha niya ang kahulugan ng paghahambing. Naiintidihan ito ng mambabasa dahil parehong siya at ang tula ay iniluwal ng iisang mundo. Kung gayon, masasabi natin na *ang mga kontradiksyon ng tula ay pag-uulit ng*

mga kontradiksyon ng lipunang nagbigay-buhay dito. At hindi lamang sa tula. Isa sa mga nahihiligan kong palabas ngayon sa telebisyon ay ang *Goin' Bulilit*. Mabangis ang mga parodiya, napag-iisip ka habang pinapanood ang satirikal na pagtrato, halimbawa, sa pagtatangka nina Senador Trillanes sa Manila Peninsula (noong mga nakaraang buwan) at sa paghahayag ng katotohanan hinggil sa pangungurakot sa ZTE Broadband deal ni Jun Lozada (nitong nakaraang episode lang). Pero nakakainis din ang palabas, dahil singit nang singit ang mga segment na kunwari'y parte ng programa pero halata namang patalastas. Isa muling kontradiksyon! Nagtutunggali sa loob ng kultural na teksto ang (1) pulitikal na kritisismo at (2) paghahangad ng tubo.

A, pero iyon na nga. Hindi sa lebel ng personalan dapat tumitigil. Kung gusto natin ng mga tulang hindi kontra-babae at mga komeding hindi nakapokus sa pera, hindi tayo titigil sa teksto, bagkus, sosolusyonan natin ang mga problemang panlipunan na nagluwal sa mga kontradiksyong ito.

Cristina, Usap Tayo

Ang introduksiyon ni Cristina Pantoja-Hidalgo sa kanyang *Over a Cup of Ginger Tea* (2006) ay *autobiographical*, at siguro ito ang lugar upang idiskas kung ano ang kapangyarihan ng *genre* na ito.

Una, nagagawang baklasin ng *autobiography* ng salungatang personal/pulitikal. Halimbawa, sa kanyang introduksiyon diniskas ni Hidalgo kung paanong pagkatapos ng ilang taon ng pagsusulat ng mga sanaysay tungkol sa paglalakbay sinimulan n'yang basahin ang mga teoritista ng postkolonyalismo tulad ni Edward Said, at nakaramdam s'ya ng agam-agam sa pagturing sa Pilipinas/mga Filipino bilang “bukod” o “iba.” Personal ito, tungkol ito sa damdamin n'ya. Pero pulitikal ito sa implikasyon ng kanyang pagkakaroon ng mga agam-agam: mapanganib ba ang pagturing sa sariling bayan bilang *exotic*?

Pangalawang kapangyarihan ng *autobiography* ang pagbubuwag sa dikotomiyang seryoso/di-seryoso, ang pagpapalabas na salungat ang akademiko sa pagiging impormal. May feministang oryentasyon ito (may ilan pang tala hinggil sa feminismo sa ibaba), sa pag-uusig sa mga ideya ng karunungan na may pagkiling sa *masculine*. Dahil sa *stereotype* sa

kasarian, itinuturing ang lalake bilang may katwiran, malinaw pagdating sa katotohanan. Rehimen ng lalaki ang agham, kasaysayan, pilosopiya. Ang lalaki ay may pakialam lamang sa *facts*. Sa ganitong pananaw hindi itinuturing na lehitimong batis ng karunungan ang, halimbawa, mga *diary* at *journal*. Ngunit sa sanaysay na “Rewriting the War,” ipinakita ni Hidalgo kung paano ang mga *autobiography* ng mga babae hinggil sa kanilang mga karanasan noong ikalawang digmaang pandaigdig sa ilalim ng mga Hapones ay nagsisilbing “kontra-alaala,” alternatibo sa opisyal na diskurso. Ang mga tekstong sinuri ay nagbibigay-tinig sa mga pinatahimik. Ang mga *memoir* at *diary* ng mga babaeng ito ay nagpopokus hindi sa dakilang martsa ng Kasaysayan (malaking K) kundi sa pang-araw-araw na buhay, mga problema tungkol sa pagkain, pananamit, tirahan. Hindi isinasantabi ang brutalidad ng gera bagkus ay pinaigting ang pagkakaintindi rito. Sa mga *autobiography* nakikita ang bulag na pagtingin sa mga Amerikano bilang tagapagligtas, ang pagsali ng mga simpleng mamamayan sa mga gerilya, ang pang-aabuso ng mga Hapones at ng mga gerilya.

Bukod sa *autobiography*, nagtuon ng pansin si Hidalgo sa iba pang *genre* na minamaliit ng diskurso ng seryosong kritisismo sa literatura. Mayroon s’yang sanaysay hinggil sa *crime novel* ni F.H. Batacan at *chick-lit* ni Tara Sering. Merong reebalwasyon ng *fairy tales* ni Gilda Cordero-Fernando. May sensitibong analisis sa mga kwento ng pag-ibig nina Edith Tiempo at Kerima Polotan, pati na rin sa mga personal na sanaysay (*creative non-fiction*) nina Barbara Gonzalez at Rosario Garcellano. May pananaw na feminista ang “pagbawi” ni Hidalgo ng panunuring pampanitikan mula sa namamayaning ideolohiya at pagsulong n’ya sa mga tekstong minor na ito. Ano ang mga katangian ng feministang kritisismong ito?

Una, itinatakwil ang makitid na formalismo at inilalatag ang konseptong hindi naman mapaghihiwalay ang anyo at nilalaman. Nakalulungkot na may mga kritikong ang empasis pa rin ay sa pagbibilang ng pantig o di kaya’y sa paghahanap ng simbolo para sa paghahanap ng simbolo. Bagaman paminsan-minsan ay nagkokomento pa rin si Hidalgo tungkol halimbawa, sa mas higit na sopistikasyon ng “The Corral” ni Edith Tiempo kumpara sa “Love in the Cornhusks” ni Aida Rivera Ford, sa pangkalahatan ay naipararating n’ya na wala namang silbi ang sopistikasyon sa pagsusulat kung ito ay nagsusulong ng makalalaking hegemonya. Halimbawa, sa kanyang diskusyon ng *Smaller*

and Smaller Circles ni Batacan at *Getting Better*, nagmumuni s'ya sa kung bakit ang pagiging bahagi ng popular na kultura ng dalawang libro ay hindi nakaharang sa pagwagi ng mga ito pagkilala at gawad. Mula rito iniugnay n'ya ang pagiging mabenta (ang *Smaller* ay may 6,000 nang limbag na kopya) ng mga libro at ang maliit na bahagi ng mga Filipino na nagbabasa ng literatura. Magkasalungat ang *taste* ng *audience* at istandard ng mga Filipinong nagsusulat sa Ingles. Ayon kay Hidalgo, "hindi seryoso" ang *genre* na piniling tahakin nina Batacan at Sering sapagkat higit sa ekspresyon ng damdamin kundi ang maabot ang kanilang mambabasa, sapagkat malay sila sa kung para kanino sila nagsusulat.

Pangalawang maituturing na feministang estratehiya sa *Ginger* ay ang mismong kamalayan ng awtor sa kanyang mambabasa. Ito ay makikita sa kanyang tamang interbensyon sa sinusuri. Hinahayaan n'yang magsalita ang mga tekstong inaanalisa. Dahil dito, halimbawa, nababasa natin ang sariling salita ni Carmen Guerrero Nakpil, kung paano n'yang dinuraan ang unang Amerikanong sundalong kanyang nakita noong Pebrero 1945 dahil sa kanyang galit sa pagwasak ng mga Amerikano sa Maynila. Hindi pinapalagay ni Hidalgo na alam na ng mambabasa ang mga kuwentong kanyang dinidiskas, ang target n'yang *audience* ay hindi akademiko kundi ang *general reader*, iyong walang pormal na *training* ngunit interesado sa pagsusulat, kritisismo at mga isyung pambabae. Sa ganitong paraan matutunghayan natin ang kapangyarihan ng mga *autobiography*, *fairy tales*, at kuwento ng pag-ibig, hindi sila natatabunan ng tinig ng dominanteng kritiko. Naeengganyo ang mambabasa na hanapin ang orihinal na teksto sapagkat nagsisilbing tulay ang kritiko.

Sa introduksyon (at sa *blurb* ng libro) binanggit na ang tunguhin ng *Ginger* ay makipagkuwentuhan sa mambabasa. Marami akong natutunan tungkol sa panitikan, kasaysayan at feminismo. Masarap kakwentuhan si Cristina Pantoja Hidalgo.

Ang Isa at ang Marami

Sa historyograpiya ni Zeus Salazar, mayroong apat na paraan ng pagsusulat ng kasaysayan: pangkayo, pangkami, pansila, at pantayo. Pangkayo ‘pag sinasabihan ng isang bayan ang isa pa kung ano ang kasaysayan nito, halimbawa, kung sasakupin ng Pilipinas ang Inglatera at mga Filipino ang gagawa ng mga aklat-pangkasaysayan ng mga Ingles, iyon ang pangkayong pananaw. Sa pangkaming pananaw naman, ang kausap ng isang bayan ay ibang bayan. Kung lalabas tayo sa pagsusulat ng kasaysayan, maaari tayong makakuha ng halimbawa sa pagsusulat ng balita. Ang pahayagang Philippine Daily Inquirer, kapag naglalathala ng mga salitang Filipino (sa balita man o editorial) ay nagbibigay ng salin sa Ingles sa loob ng parenthesis. Pinapalagay ng praktikang ito na hindi marunong magbasa ng Filipino ang mambabasa ng PDI.

Sa pangsilang pananaw, kausap ng historyador ang kanyang bayan, at nagkukuwento siya tungkol sa ibang bayan. Ito ang uri ng kasaysayan na isinulat ni Pigafetta nang ilarawan n’ya ang mga penis wheels ng mga nakatira sa ating mga isla noong dumating sila rito ni Magellan. At sa pantayong pananaw, kausap ng isang bayan ang bayan mismo. Ang apatan ni Salazar

ay maaaring ilapat hindi lamang sa pagsusulat ng kasaysayan, kundi pati sa pagsusuri ng diskurso.

At sa ating pagsusuri, maaari tayong magdagdag ng isa pa sa apatang ito: ang pang-akong pananaw. Tunghayan na lang ang joke na ito, nabasa ko noong ako’y bata pa sa isang libro ng mga patawa ng isang pastor:

MARCOS: Ministro, ano ba ang mga problema ng bayan natin?

MINISTRO: Burukrata-kapitalismo, piyudalismo, imperyalismo.

MARCOS: Iyon lang ba?

MINISTRO: Ikaw mismo, pati misis mo.

Nitong nakaraang Mayo 3, inilunsad ang isang ad campaign sa pagpapalabas ng pakikipaglaban ni Pacquiao kay Hatton, at nadagdagan ng pang-anim ang limang problema ng ating bayan: Ako Mismo. Kung pupunta ka sa website ng kampanyang ito (akomismo.org) mababasa mo ang mga katagang ito, pagkaing diwang nakabase sa sining ng patalastas: “Ang pinakamalaking problema ng Pilipinas ay hindi kahirapan o katiwalian o kawalan ng kapayapaan, kundi ang pagwawalang-bahala ng mga mamamayan. Simulan mo ang pagkilos tungo sa muling pagbangon ng Pilipinas. Maliit man o malaki, ikaw mismo ang magsasabi kung ano ang gagawin mo.”

Kung gagalugarin pa ang website, makikita ang pagtuon nito sa indibidwalismo. Iyon na nga, pang-ako. Halimbawa ang tagline na, “Ako mismo ang magsisimula, ako mismo ang tatapos.” Pero magsisimula ng ano? Suicide bombing? Merong nagsabi, “Ako mismo ang magiging mabuting anak, ate, kaibigan, at mamamayan.” Pero paano ka naman magiging mabuti sa isang lipunang hindi mabuti? Sa maikling kuwentong “Silang mga Naglalakad Palayo sa Omelas” ng Amerikanang si Ursula K. LeGuin, inilarawan n’ya ang isang halos perpektong lipunan kung saan lahat ng pangangailangan at kagustuhan ay nakakamit. Meron nga lamang isang bata na kailangang panatilihin nasa hikahos. Marami sa mga mamamayan ng Omelas na nalalaman ang lihim na ito ng kanilang bayan ay lumilisan. Hindi nila kayang mag-enjoy habang alam nilang may nagdurusa-na iisa-para sila maging masagana.

Sa pokus nito sa indibidwal, binubulag tayo ng Ako Mismo sa katotohanang istruktural ang mga problema ng ating bayan, iyon na nga, ang mga mismong

inilista sa itaas, pyudalismo at kapitalismo. Ngayon, hindi ko sinasabing di ka dapat maging mabait na kapatid, o na dapat itapon mo na lang kung saan-saan ang iyong basura. Ang punto ko'y ito: na hindi bilang mga indibidwal kundi sa kolektibong paraan lamang natin mababago ang lipunan. Mawawala lamang ang kahirapan at katiwalian sa Pilipinas, magkakaroon lamang ng kapayapaan kung sama-sama tayong kikilos. Tayo Mismo.

Meron pang isang nagsabi, "Ako mismo hindi-hindi gagamit ng drugs." Hindi ko sinasabing gumamit dapat ng drugs, pero ano naman ang magagawa ng hindi paggamit nito kung sakaling magdeklara ng Martial Law si GMA? O kung magtuloy nga ang Cha-cha, magkakaroon pa ba ng eleksyon dahil lang di ka nag-shabu? Ang kinakailangan ay pakikisangkot sa lipunan. Kaya nga hindi lamang kung ano-anong maramihang gawain ang makakalutas ng mga problema ng Pilipinas, halimbawa imperyalismo. Kung lahat tayo ay magpapakamatay, totoo ngang wala nang aalipinin ang mga taga-Kanluran kundi mga taga-Kanluran din, pero sino ba ang tuturing sa pangkalahatang pagpapakamatay na ito bilang solusyon? Ang kinakailangan ay makaagham at makabayang teorya at praktika.

Sa Akademya ngayon, halimbawa, uso ang pag-aaral ng kulturang popular. Ako mismo ay nagtuturo nito sa kolehiyo. Nakakatulong ang pag-aaral sa kalikasan ng kulturang popular sa pag-intindi ng isang lipunan. Tunghayan ang isang teleserye mula sa channel 2, ang *Tayong Dalawa*. Ang dalawang lola sa palabas, si Lola Gets (Gina Pareno) at Mamita (Helen Gamboa) ay ginagawa ang lahat para sa kanilang mga pamilya. Si Lola Gets, ibinenta ang sariling apo para magkaroon ng sapat na pagkain ang pamilya at mabilhan ng gamot ang isa pang apo. Si Mamita, bumili ng sanggol para itago ang kamatayan ng anak ng kanyang anak at sa gayo'y protektahan ito sa pagkasira ng isip. Hindi madali ang ginawa ng dalawang lola, sa katunayan sa takbo ng teleserye ang paglalahad ng mga lihim ay magdudulot sa kanila ng ibayo pang sakit. Ngunit ginawa nila ang kanilang ginawa para sa ikabubuti ng kanilang pamilya. Bilang lola, bilang ina. Hindi na kataka-taka kung bakit naaakit ang mga manonood sa palabas na ito. Ikumpara na lang si Lola Gets at Mamita sa ating pangulo, na lola rin at, dapat sana, Ina sa ating lahat. Sa *Tayong Dalawa*, naghihirap ang dalawang tauhan para sa iba. Sa estado ng Pilipinas, nagpapakahirap tayo para sa pagpapakasarap ng iilan. Imbes na gamot at edukasyon, utang at bala ang ibinibigay sa atin.

Ito ang isang aspekto ng popular na kultura, binubuhay ang ating mga pagnanasa para sa mga tunay nating pangangailangan. Kaya kahali-halina ang mga palabas sa telebisyon ay dahil tinatawag ng mga ito ang pagnanasa sa ating mga puso. Ang problema, hindi naman tinutugunan ang pagnanasang ito, itinutuon lamang sa ibang direksyon (halimbawa, sa pagbili ng kung anong produkto na may patalastas sa gitna at loob ng palabas).

Sa *Tayong Dalawa*, sundalo ang ginagampanan ng dalawang bida, si Jr (Gerald Anderson) at Dave (Jake Cuenca). Malinaw na sa Armed Forces of the Philippines sila kamiyembro. Ang kataka-taka'y ang tawag sa mga nakakaengkuwentro nila: "rebelde." Ang lunan ng *Tayong Dalawa* ay kasalukuyang panahon, merong pag-aaring cellphone ang mga bida, nagbebenta pa nga ng Rejoice ang bidang babaeng si Audrey (Kim Chu). Kung gayon ay bakit walang pangalan ang mga rebeldeng ito? Sa popular na kamalayan kasi, marahil para sa mga manunulat ng teleserye, pati na rin sa AFP, iisa lang naman ang pagtingin sa di-umano'y kalaban ng pamahalaan, walang pinagkaiba kung gayon ang Bayan, Abu Sayyaf at New People's Army. Alam kaya nila ang kahulugan ng mga acronym na NDF, MILF, LGBTQ2IA, KKK, o ang mga ito'y koleksiyon lamang ng letra at iisa lamang ang dapat na tugon: pandarahas. Lahat ng sabihin nilang rebelde ay rebelde, at walang pagkakaiba ang mga pangalang Rebelyn Pitao at Leonardo Pitao, Sheryl Cadapan, at Gregorio Rosales. Lahat ng sabihin nilang dapat patayin ay dapat patayin.

Ito ang isa pang aspekto ng popular na kultura, ang palabuin ang pagkakaiba ng katotohanan at kasinungalingan. Ang pausukan ang ating mga isipan.

Sa pagsusulat ng mga pagsusuring ito, hindi lang ako mismo ang gumawa. Nakatuntong ako sa mga balikat ng mga higante, ang mga gurong nagturo sa akin, ang mga librong aking nabasa, ang mga kaibigang kadiskusyon ko tungkol sa mga isyu sa lipunan. At mga mambabasa. Kaya nga, walang ako-ako mismo. Sa sama-samang pagkilos laban sa burukrata-kapitalismo, piyudalismo at imperyalismo, doon, lalaya Tayo.

Ang Inyong mga Iniwan

Isinalin ng yumaong si Monico Atienza, propesor at aktibista, ang *The God of Small Things* (1997) ng Indianong si Arundhati Roy bilang *Diyos ng Maliit na Bagay* (2002). Maaari nating itanong, bakit naman pinagbuhusan ng panahon ng isang Filipino ang isang nobela tungkol sa buhay ng mga Indiano? Ang sagot ay simple: sapagkat ang mga akdang pampanitikan ay may kapangyarihang iparamdam sa mambabasa ang dapat sana'y nasa imahinasyon lamang.

Tungkol sa maraming bagay ang nobelang ito. Ang pagpopokusang ko ay ang mga isyu ng kasarian at seksuwalidad. Mahusay na inilarawan ni Roy, at mahusay na isinalin ni Atienza, ang tunggalian ng ari na naganap sa pagitan ng dalawang tauhan, ang babaeng si Margaret at ang lalakeng si Chacko. Narito ang paglilista ng mga dahilan kung bakit nauyam si Margaret sa kasal at hiniwalayan ang kanyang asawa:

Hindi na nakakaaliw sa kanya na samantalang nagtatrabaho siya, nanatiling gayon pa rin karumi ang flat na kanyang inalis. Na napakaimposible para ritong gawin man lang ang pagsasaayos ng higaan, o kaya'y ang maglaba o maghugas ng mga pinggan. Na

hindi ito humihingi ng paumanhin sa mga sunog na upos ng sigarilyo sa bagong sofa. Na hindi man lang nito makayang ibutones ang shirt nito, maibuhol ang kurbata nito at maitali ang mga sintas ng sapatos nito bago maipakilala ang sarili sa isang interbyu para sa trabaho (Roy salin ni Atienza 313).

Nakakainis ang dating ni Chacko, at mas nakakainis matanto pagkatapos basahin ang mga pangungusap na ito na wala nga palang diborsyo sa Pilipinas, at napakaraming Filipino ang kulong sa ganitong sitwasyon. O, sa mas malala, isipin na lang ang kaso ng mga battered women. E ano kung walang diborsyo, maaaring sabihin, puwede namang iwan ng isang babae ang kanyang asawa. Pero, tali pa rin s'ya rito pagdating mga bagay na pinansyal. At, hindi na s'ya maaaring mag-asawang muli. Nakahawla sa materyal at emosyonal na lebel.

Si Margaret, maaari n'yang iwan ang kanyang batugang asawa. At, nang makahanap s'ya ng lalaking mas mabuti sa kanya, maaari n'ya itong pakasalan. "Si Joe ay lahat-lahat nang hindi si Chacko. Matimbang. May pera. Payat" (Roy salin ni Atienza 314).

Hindi lamang ang pulitika ng seks ang tinalakay ng nobela, kundi pati ang isyu ng caste. Sa Indiang inilalarawan ng nobela ni Roy, matindi pa rin ang diskriminasyon, lalo na sa mga tinatawag nilang Untouchable. Untouchable hindi dahil di maaaring galawin, kundi dahil nakakadiring mahawakan. Iyon ang tingin ng mga "Touchable." Ito ang reaksiyon ng tauhang tinatawag nilang Mammachi (ang matriarch ng pamilya Kochamma) nang malaman ang kanyang anak ay nakikipagtalik sa isang Untouchable:

Hinaka niya iyon sa pinakamatinding detalye: isang magaspang na kamay ng Paravan na nakahawak sa suso ng kanyang anak na babae. Ang bibig niya sa kanyang bibig. Ang maitim na mga balakang niyang aho't lusong sa pagitan ng kanyang nakabukakang mga hita. Ang halinghing ng kanilang paghinga. Ang kakatwang amoy Paravan niya. Tulad ng mga hayop, naisip ni Mammachi at muntik nang masuka. Tulad ng isang asong kakabit ang isang naglalandi. (Roy salin ni Atienza 327).

Narito ang kapangyarihan ng panitikan, lalo na't sa wikang Filipino natin nababasa. Ramdam na ramdam ang pandidiri ni Mammachi. Pero ang epekto'y ang pagkasuklam sa kanya ng mambabasa. Sapagkat ang nanay na ito

na nasuka sa pagmamahal ng kanyang anak na babae sa isang Untouchable, hinahayaan lamang na ang anak n'yang lalake, si Chacko, ay makipagtalik sa kung sino-sinong babae, kahit mga empleyado nila sa kanyang pabrika. Nagbubulag-bulagan s'ya sa nagaganap na harassment sa kanyang sariling pamamahay. Pinagawan pa nga n'ya si Chacko ng tagong lagusan para sa kuwarto, para sa "pangangailangang" panlalake nito. Samantalang si Ammu, ang tawag sa anak na babae ni Mammachi, ipinakulong sa kuwarto.

Ito ang ikutang pangyayari ng nobela. Dahil dito, pinatay sa pamamagitan ng bugbog si Velutha, ang Untouchable na mahal ni Ammu. Si Ammu ay namatay mag-isa, malayo sa kanyang pamilya, dahil pinalayas s'ya ni Chacko sa isang kaugnay na insidente. Walang pagkukunwari si Roy sa paglalarawan n'ya ng kontradiksiyon at tunggalian sa lipunan. Hindi pantasya ang kanyang isinusulat. Ngunit, may teknik pa rin s'ya upang hindi maging pesimistiko ang kanyang nobela. Ang sinasabi n'ya, oo, malupit ang mundo, pero meron pa ring pag-asa. Ang kanyang ginagawa, naglaro s'ya sa presentasyon ng panahon. Ang nangyari, hindi kronolohikal ang ayos ng nobela, pataluntalon at paikut-ikot ang takbo nito. Sa ganitong paraan, ang pagtatalik at pagmamahalan ni Ammu at Velutha ay ilalarawan sa dulo ng libro, pagkatapos malaman ng mambabasa ang karumal-dumal na katapusan nito. Ang huling salita, ang puso ng *Diyos ng Maliliit na Bagay*: "Bukas."

Ang kinabukasan ang nagbibigay sa atin ng lakas, at dahilan para maging optimistiko. Noon, wala namang diborsyo. Bukas, maaaring wala na ang diskriminasyon at dahas. Ngayon, walang diborsyo sa Pilipinas. Bukas, maaaring meron nang kalayaan, hindi lamang para sa mga kababaihan kundi sa lahat ng uring api. Ito ang kinabukasang iniwan sa atin ni Monico Atienza.

Monumento ni Ninoy

Matatagpuan ang monumento ni Ninoy sa may Delta, sa kahabaan ng Quezon Avenue. Nadadaan ko ito papunta sa trabaho sa UP. Paminsan-minsan ay nagtatrapik sa may Delta dahil sa U-turn. Tunitigil ang jeepney ilang metro ang layo mula sa monumento, at natitigan ko ito.

Hindi ko alam kung gawa sa *bronze* o *bronze* lang ang kulay ng monumento. Nakaturo ang eskultura sa kung anong malayong direksyon, at sa may *base* nito’y may watawat ng Pilipinas. At alam ko lang na si Ninoy ito dahil sa suot na salamin, at dahil kita ang plake sa may *base* nito ang “Aquino.” Imposible namang kay Noynoy ang monumento. Hindi pa naman siya patay.

Kakaunti lang ang alam ko kay Ninoy. Pwede ngang sabihing wala. Ang kamatayan niya ay isa sa mga simbolikong dahilan kung bakit nagkaroon ng pagtitipon-tipon sa EDSA. Sa imahenasyong popular: ang pagpatay sa kanya ay ang pagpako kay Hesus, at ang EDSA ang muling pagkabuhay ng Pilipinas.

Hindi siya lider, para sa akin. Sige, naging senador siya, at isa sa mga pinakaprominenteng tumuligsa sa diktatoryang Marcos. Pero marami namang lider sa Pilipinas, at marami ring senador, at hindi man sila

prominente mas may saysay at kapangyarihan ang kritisismo nila kay Marcos. Pero wala silang monumento.

Hindi rin bayani para sa akin si Ninoy. Siguro ang pinakamabuti ko nang pwedeng sabihin tungkol sa kanya ay, na bahagi siya ng bayanihang maaari nating tawaging “EDSA.” Sa kanya ang sakripisyo, at sa mga nagtipon-tipon sa EDSA naman ang aksyon. Walang saysay ang kanyang kamatayan kung walang pagkilos na naganap sa EDSA, pero hindi rin magkakaroon ng pagkilos kung hindi siya pinapatay. Ang EDSA at si Ninoy ay *dependent* sa isa’t isa.

Pero sa Delta, walang monumento para sa mga Filipinong nagpunta sa EDSA noong 1986. Ang meron lang ay si Ninoy.

Kung sabagay, mahirap nga namang gawan ng monumento ang libong tao. Ang mga ganitong uri ng eskultura ay kadalasang nakapokus sa indibidwal. Ang kay Rizal, sa Luneta, ay isang halimbawa.

Pero baka naman nabubulagan ako ng aking *bias*. Baka naman hindi lang pagpuri at pagpugay kay Ninoy ang monumento. Meron namang mga monumentong simbolikal ang halaga. Halimbawa rito ang Oblation sa UP.

Ano nga ba ang simbolikal na halaga ni Ninoy?

Isang beses, tanghaling tapat, trapik sa may Delta. Isang katabi kong lalake ang panay ang text. Umusod nang kaunti ang jeepney, at biglang may humablot ng cellphone ng lalake. Tumigil ang jeepney, matindi ang trapik. Galit na galit ang driver sa snatcher. Sigaw siya nang sigaw, inaalok ang lalakeng nanakawan na babain nila at sugurin ang snatcher. Nagsitinginan kaming lahat sa labas. Naroon lang, ilang metro lang ang layo, ang snatcher, kasama ang dalawa pang lalake. Nakatayo ito, at sumisigaw din. Naghahamon, tila, na bumaba nga ang lalakeng nanakawan. At sa may malapit din, naroon ang monumento ni Ninoy, nakaturo. Sabi ng lalakeng nanakawan, ayaw daw niyang sugurin ang snatcher. Nawala na ang kanyang cellphone, ayaw niyang pati buhay niya ay mawala.

Minsan lang ito nangyari. Madalas walang magnanakaw sa may Delta. Madalas, ang nakikita rito’y mga batang sumisinghot ng *rugby*. Maliit na parke kasi ang nakapaligid sa monumento, merong ilang *benches*. Doon sila madalas nagtitipon-tipon, mga batang edad walo hanggang trese. Madungis sila, at hindi nila tinatago ang kanilang ginagawa. At wala nga namang pumapansin sa kanila. Madalas kong iniisip kung ano nga ba ang lihim na

sarap ng *rugby*. Katulad ba ito ng marijuana, na may ilan akong kilalang gustong-gusto? O ng sigarilyo at beer, na marami akong kilalang gustong-gustong-gusto? O baka naman wala itong sarap talaga, meron lang pagpatay sa mga damdamin, pagpatay sa kaluluwa?

Kahit posible, hindi ko binababa ang monumento ni Ninoy para tingnan nang mas malapitan. At hindi lang dahil takot ako sa snatcher, bagaman isa iyon sa mga dahilan.

Ang mga monumento, para lang talaga sa pangmalayuang pagtingin. Kaya nga may *base* ang mga ito, para nakaangat sa lebel ng ordinaryong nakatayong tao.

Kung sining lang ang pamantayan, mahusay ang pagtatabi ng mga elemento ng kawalang pag-asa (adik, magnanakaw) at pag-asa (Ninoy) sa may Delta. Nakakatawang nakaturo si Ninoy sa kung anong direksyon, tila ba may ipinapangakong kinabukasan, habang sa paligid niya ay ang mga batang wala man lang kasalukuyan. Sino nga ba ang hindi mapapangiti man lang sa *irony* na ito?

Pero hindi naman sining lang ang pamantayan sa sining. At mas lalong hindi lang sining ang pamantayan sa buhay. Kung tutuusin nga, napakaangkop ng eskultura ni Ninoy sa Delta, dahil siya ay pinatay, at ang mga nasa paligid niya ay namamatay, at kung gayon ang monumento sa kanya ay monumento sa Kamatayan.

MGA SANGGUNIAN

300. Dir. Zack Snyder, Warner Bros., 2007.
- Aguila, Reuel. "Ampalaya." *Ampalaya, Bonsai, Atbp.* Alphabet Communications, 2003, 2-8.
- Bamboo. *We Stand Alone Together.* EMI Philippines, 2007.
- Bello, Walden. *The Anti-Development State: The Political Economy of Permanent Crisis in the Philippines.* Zed Books, 2005.
- Borges, Jorge Luis. "The Improbable Impostor Tom Castro." *Collected Fictions.* Penguin, 1999, 13-18.
- Bubble Gang.* Dir. Uro dele Cruz, GMA, 2007.
- Eat Bulaga!* Dir. Bert de Leon. GMA, 2007.
- Ehrenreich, Barbara. "Gap Kids: New Frontiers in Child Abuse." *Ehrenreich blog*, 31 Oktubre 2007, https://ehrenreich.blogs.com/barbaras_blog/2007/10/.
- Estrada-Claudio, Sylvia. *Rape, Love, and Sexuality.* U of the Philippines P, 2002.
- Dasal, Jimmy, director. *XXX.* ABS-CBN, 2006.
- Deramas, Wenn at Andoy Ranay, directors. *Kampanerang Kuba.* ABS-CBN, 2005.
- Full Metal Jacket.* Dir. Stanley Kubrick, Warner Bros., 1987.
- Gaynor, Gloria. *Love Tracks.* Mom & Pop's Company Store, 1978.
- Hidalgo, Cristina Pantoja. *Over a Cup of Ginger Tea: Conversations on the Literary Narratives of Filipino Women.* U of the Philippines P, 2006.
- History of the World, Part 1.* Dir. Mel Brooks. 20th Century Fox, 1981.
- I Am Legend.* Dir. Francis Lawrence. Warner Bros., 2007.
- Ileto, Reynaldo. *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines 1840-1910.* Ateneo de Manila University Press, 1979.
- Jameson, Fredric. *Postmodernism, or, the Cultural Logic of Late Capitalism.* Duke UP, 1992.
- Jimenez-David, Rina. "At Large" *Philippine Daily Inquirer*, 21 Oktubre 2007.
- King, Stephen. *Wizard and Glass.* Grant, 1997.
- Knocked Up.* Dir. Judd Apatow, Universal Pictures, 2007.
- Lacaba, Jose. "Santong Paspasan." *Tagalog Literatures*, <http://tagaloglit.blogspot.com/2013/02/santong-paspasan-by-jose-f-lacaba.html>
- Laurenti Dyogi, director. *Pinoy Big Brother.* ABS-CBN, 2005.
- LeGuin, Ursula L. "Silang mga Naglalakad Palayo sa Omelas." *The Wind's Twelve Quarters.* Harper & Row, 1975, 254-262.

Lennon, John. *Power to the People: The Hits*. Capitol, 2010.

Marx, Karl at Friedrich Engels. "Chapter 1: Bourgeois and Proletarians". Marxists.org, <https://www.marxists.org/archive/marx/works/1848/communist-manifesto/ch01.htm>.

Mabanglo, Ruth. "Liham ni Pinay mula sa Dubai". Literary Works, https://www2.hawaii.edu/~mabanglo/tagLiham_brunei.htm.

Manahan, Johnny, director. *Wowowee*. ABS-CBN, 2005.

Mortiz, Edgar, director. *Goin' Bulilit*. ABS-CBN, 2005.

Parokya ni Edgar. *Gulong Itlog Gulong*. Universal, 1999.

Parokya ni Edgar. *Bigotilyo*. Universal, 2003.

Parsons, Charlie creator. *Survivor*. Survivor Productions LLC Castaway Television Productions, Mark Burnett Productions, One Three Media, United Artists Media Group, MGM Television, 2000.

Resident Evil: Extinction. Dir. Russell Mulcahy, Screen Gems, 2007.

Roy, Arundhati. *Diyos ng Maliliit na Bagay*. Translated by Monico Atienza, Sentrong Wikang Filipino, 2002.

Roy, Arundhati. *The God of Small Things*. Harper Perennial, 1997.

Ruel Bayani, director. *Tayong Dalawa*. ABS-CBN, 2009.

Skvorecky, Josef. "Strange Archeology." *The End of Lieutenant Boruvka*. Norton, 1990, 52-58.

Spider-Man 3. Dir. Sam Raimi, Columbia Pictures, 2007.

The Ten Commandments. Dir. Cecil B. DeMille, Paramount Pictures, 1956.

Wolf, Naomi. *The Beauty Myth*. Harper Perennial, 2002.

Yano. *Yano*. Alpha Records, 1993.

Ikatlong Bahagi:

TUNGO SA PAGLIKHA

Ilang Tala Tungkol sa Pagsasalin

Mula sa lunsarang kabatirang hindi tumbasan ang pagsasalin, pwede natin itong ikonseptwalisa bilang pag-iinterpreta, pag-aangkop, pamimilosopo, at pagpapalaya. Bilang pag-iinterpreta, kinikilala na sa kahit sa simpleng pagbabasa, kinakailangan ng sinomang ha harap sa teksto na humanap ng iba pang salita para intindihin ang mga salitang kanyang binabasa. Ang tanging katumbas ng salita (at pangungusap, at libro) ay ang sarili nito. Ang paghahanap sa kahulugan ay paghahanap sa iba, sa hindi-kung-ano ang salita (at pangungusap, at libro).

Bilang pang-aangkop, inaalala rito ang argumento ni Nietzsche mismo tungkol sa mga Romano, na hindi nila tinitingala ang orihinal na teksto bilang sagrado, bagkus ay batis na mapagsasamantalahan. Gayundin, ayon kay Barbaza, nang isinalin ng mga Bicolano ang Bibliya, tinatawag nilang mangga ang di-pinangalanang bawal na prutas sa Eden. Tila ba, patuloy ni Barbaza, hindi ituturing ng mga Bicolano na Paraiso ang isang lugar na walang mangga (tingnan ang Barbaza 2009).

Kaugnay nito ang pagsasalin bilang pamimilosopo. Isinasalin ng pilosopo ang kung anong meron, moralidad, penomena, bagay, at kanyang binibigyan

ng kahulugan. Sa akto ng pagpapaliwanag, nagiging iba ang pinapaksa ng pilosopo. Ang mga simpleng salita’y nagbabanyuhay, nagiging halimaw.

Ang tatlong ito, pagsasalin bilang pag-iinterpretar, pag-aangkop, pamimilosopo, ay siyang tuntungan ng pagsasalin bilang pagpapalaya, i.e. paglikha. Sa akto ng pagsasalin, lumilikha ng bagong mga salita, ng bagong sintaks, at ng bagong wika. Kung gayon, hindi na mahalaga kung galing man sa “orihinal” (banyaga) ang salin, o relay translation “lang.” Ang mahalaga ay kung anong bagong teksto ang nagkakaroon.

Upang bigyang-laman ang mga axiom na ito, maglalakbay ako mulang “pesante” hanggang “asno.” May tatlong bahagi ang papel na ito. Una, maglalathag ng proposal sa pag-uuri ng mga salitang pumapasok sa wikang Filipino sa pamamagitan ng panghihiram, korupsiyon, at iba pang pinanggalingan. Pangalawa, pagbabanggain ang praktika ng pagsasalin ni Nilo Ocampo at ang teorya ng pagsasalin ni Friedrich Nietzsche, na siyang magsisilbing lunsaran ng pagninilay tungkol sa ugnayan ng wika at bayan. Pangatlo, lilimiin ang implikasyon ng pagbabaon o pagtatabon ng mga salitang sekswal mula sa ilang piling diksyonaryong Ingles-Filipino. Sa huli masasabi na ang bayan mismo ang pipili kung aling salita ang nangangahulugan ng aling salita.

Ang Apat na Halimaw

”Siyokoy” ang bansag ni Virgilio Almario doon sa mga salitang sa pagkakamali nagmula (2008). May kalituhang nagaganap sa mga Filipino na nagsusubok sumuso mulang Espanyol at Ingles. Kaya tuloy may salita tulad ng “seryoso” at “pesante.” Itong huli ay “peasant” sa Ingles at “campesino” sa Espanyol. Kinakikitaan ng kahinaan at kadumihan ni Almario iyong wika na gumagamit ng salita tulad ng “pesante.” Paano kung, imbes, yakapin natin at iendorso pa nga ang ganitong korupsiyon? Ano ang ating malilikha?

Halimaw ang shokoy, at dito’y nais kong maglatag ng taypografi ng mga halimaw na nalilikha kapag nagsasalin. Una, ang alien, o iyong salitang nananatili sa orihinal nitong pagkakabaybay. Pangalawa ang robot, o iyong salitang saktong maibabaybay sa Filipino nang walang pagbabagong mangyayari o kinakailangan. Pangatlo, ang siyokoy, o shokoy ayon sa prinsipyong shang-bigkas/shang-baybay, o iyong mga salitang resulta ng korupsiyon. At pang-apat ang myutant, o iyong mga salitang binaybay ayon sa prinsipyong shang-bigkas/shang-baybay.

May dahilan kung bakit ganito ang mga napili kong pangalan para sa mga halimaw na salitang aking pinag-aaralan. Ang alien ang

pinakatanggap-tanggap. Ito kasi ay galing sa labas, banyaga, at para sa mga Filipinong kolonyal ang mentalidad, mahusay dahil galing-sa-labas. Mas gugustuhin nilang tawaging “computer” ang computer kaysa “kompyuter.” Mukha kasing gago ang “kompyuter.” Kung meron mang tututol sa alien, iyon ay ang mga puristang naniniwalang dapat gamitin ang meron na tayo, mula sa Tagalog o ibang rehiyonal na wika, kung meron namang tumbas na salita. Madaling makilala ang mga puristang ito. Imbes na “pero” ay “subalit” ang ginagamit nila sa pang-araw-araw na buhay.

Robot ang pinili ko para sa pangalawang uri ng salita dahil sa etimoloji ng robot. Mula ito sa “robota,” na nangangahulugang “pwersadong manggagawa.” Katanggap-tanggap ang robot dahil kumbinyente ito. Sumusunod sa standard na pagbabaybay, sa Filipino at sa banyagang wika kung saan ito nagmula.

Nabanggit na ang mga karumaldumal na akusasyong ibinabato sa mga siyokoy. Ang maganda sa mga korupsiyon ay lumilikha sila ng mga bagong salita sa pamamagitan lamang ng pag-iral. Pwede ring “syokoy” ang pagbaybay sa “siyokoy,” o di kaya’y “shokoy.” Ang mahirap sa siyokoy, mahirap kontrolin. Hindi nga kasi napaplano ang korupsiyon, at hindi rin napipilit. Mula ito sa baba tulad ng jejemon. Hindi nga naman kasi korupsiyon ang korupsiyon kundi paggalaw ng wika. Ang wika ay makinang lumilikha ng salita at pangungusap.

Ang pinakamalapit na sa pagkadalisay ng siyokoy ay ang myutant. Sa isang banda, may makaagham na basehan ito. Paano lumikha ng myutant? Ibaybay lamang ayon sa bigkas ang banyagang salita. Nagkakaroon lang ng problema dahil iba-iba magbigkas ang mga Filipino. Sa kanyang *Ang UP Diksiyonaryong Filipino sa Konteksto ng Pagpapaunlad ng Wikang Pambansa*, iniulat ni Galileo Zafra ang isang pag-aaral kung saan pinagamit sa mga estudyante ang isang listahan ng mga salita sa pagsususulat ng sanaysay na dapat “baybayin sa Filipino sa paraang alam nila.” Dagdag pa niya, “ang salitang radiation ay nagkaroon ng 10 magkakaibang baybay, ang cafeteria, 17, ang audio-visual, 19” (Zafra xi). Bakit kaya nahirapan ang mga estudyante? Ano bang mahirap sa “reyjeyshon,” “kafeterya,” at “ojovishwal”? Hmm... “kafitirya” yata dapat...

Ipagpalagay na nating kinakailangan ang standardization. Hindi taliwas ang prinsipyong “shang” sa standardization, at hindi rin argumento laban sa “shang” ang pagkakaroon ng iba’t ibang pagbabaybay ng mga

sumusunod sa prinsipyong ito. Kaya nga may mga diksyonaryo at gabay sa speling para magkaroon ng standard. Hindi mahalaga kung “kafitirya” o “kafeteria” ang baybay sa usapin ng standardization; ang mahalaga ay ang institusyonalisasyon ng standard. Pero kunwari, malayo sa iyo ang dikshonari, at hindi mo maalala kung ano ang pagbaybay sa “rendezvous” sa Filipino. Kung susundin mo ang shang, at “randeyvu” ang masulat mo, kahit hindi ito ang itinakda ng Komisyon ng Wikang Filipino, halimbawa, na “randivu,” malapit-malapit naman ito. Kesa naman subukan mo itong iispel sa orihinal nitong pagkakaispel. Ganito rin ang kaso sa “computer,” “ontology,” “signifier,” o “box.”

Sa panitikan madalas makakita ng myutant. Sa “Eros-Thanatos” ni Tony Perez, nariyan ang “samer” (5), ang “sawna,” “bir garden,” at “sawnds” (57), ang “nowtbuk” at “poling star” (79). Sa kaso naman ng akademikong pagsusulat, nariyan ang “afeksyonal” (Tolentino 16), “pluralayser” (Paz 15), “iredyus” (Guillermo 73). Itong huli, “iredyus,” bagaman halimbawa ng ayaw ni Zafra (dahil ako man ay ibabaybay ito bilang “irejus”) ay halimbawa rin ng kapangyarihan ng Filipino na lamunin ang mga bagong salita at pasunurin ito sa mga alituntunin ng panlapi natin. Maiugnay ito sa “seksing babae” (57) ni Perez, na kung alien ang gagamitin ay dapat “sexy na babae,” pero dahil nga myutant, ang “seksi na” ay naging “seksing.” Sa usaping lapi rin nararamdaman ang lakas ng myutant. Pwedeng ireteyn ang “book” sa “i-book,” gagamit lang ng gitling, i.e. “i-book mo na ‘yung flight,” pero paano pag “Binook mo na ‘yung flight?” na ang sasabihin? Samantala, nariyan ang “binuk,” mula sa “buk,” “Binuk mo na ‘yung flayt?”

Susteynabol ba ang ganitong pagsusulat? Sa susunod na seksyon ilalarawan ko ang mga estratehiya ng itinuturing kong pangunahing praktishoner ng pagpaparami ng mga myutant, si Nilo Ocampo, sa kanyang salin na *Etikang Tagalog* at *Rizal: Makabayan at Martir*.

Pagsasaling Maka-Ocampo

Makikita sa mga salin ni Nilo Ocampo, in action, ang apat na halimaw. At sa kanyang praktika rin ng pagsasalin makikita ang saysay at lohika sa paggamit ng mga halimaw. Sa madaling sabi, sa paraang maka-Ocampo nagsasalin si Ocampo dahil kaya niyang magsalin sa paraang ito. Sa mas mahinahong wika sa kanyang “Paunang Salita” sa *Rizal: Makabayan at Martir* ni Austin Coates: “Layunin ng kasalukuyang pagtatangka na *itanghal* at *itampok* pa ang wikang Filipino...” (xviii, akin ang diin). Pagpapatuloy pa niya, “Piniling isalin ito sapagkat isang komprehensibong pananaw at paglulugar sa bayani sa Asyanong kontekst ang hain ng akda, sinaklaw sa isang madamdaming narativ. Ginagamit at madalas masangguni ang akdang ito ng mga mananaliksik at guro sa Kursong Rizal sa mga kolehiyo at unibersidad. Tungo sa pangmatagalang layunin ng paglilinanang ng wikang Filipino at kagyat na pangangailangan ng paglikha ng mga babasahing nasa Filipino sa iba’t ibang akademik subjek ang kasalukuyang salin” (xviii). Sa sipi kagyat na mapapansin ang “narativ” bilang myutant, pero gayundin naman ang “kolehiyo,” na mula sa “colegio.” Ang “unibersidad” ay siyokoy kung maituturing, dahil “universidad” ito sa Espanyol (NB hindi tatanggapin ni Almario ang designasyong ito).

Ang pinakamahalaga sa talatang ito ang paggamit ng “akademik subjek” na hindi lamang gumagamit ng mga myutant na salita kundi pinapasunod na rin ang mga salitang Filipino sa estruktura ng Ingles, i.e. hindi na kailangan ng “na” (o “g” o “ng”) pagkatapos ng salitang ihinuhugpong sa isa pa. Kung kakalat ang ganitong uri ng pagsusulat, may saysay na sa kinabukasan ang “Kung kakalat ang ganito uri ng pagsusulat.” Imbes na “itim na pusa” (“akademik na subjek” o “akademikong paksa”) ay “itim pusa” (“akademik subjek”) na. Nagbanyuhay na ang Filipino. Naging mas maganda ba ito, naging mas malakas? Ang mahalaga, ito ay nagbago. Kung babalikan natin si Almario, pwede nating sabihing ito ay panyonyokoy ng Filipino sa lebel ng sintaks.

Hindi konsistent si Ocampo sa ganitong estruktura. Sa parehong pahina kung saan makikita ang “akademik subjek,” naroon din ang “pinakanatural na subjek” (bumalik ang “na”), at “akademik iskolarsyip.” Sa parehong pahina pa rin, gumamit siya ng “agham panlipunan” at “humanidades,” imbes na, halimbawa, “sosyal sayans” (na, bilang fan ng *Dragon Ball*, ay mas preferens ko) o “agham tao” (“human sciences”). Ang “ibat-ibang” sipi sa itaas ay hindi rin typo, kundi pakikipaglaro sa mas nakasanayan nang “iba’t ibang.” Ang inkonsistensi ni Ocampo sa pagsusulat ay konsistent sa kanyang layunin. Para sa kanya, “Tinutupad ng pagsasalin ang pangangailangan ng isang batang panitikan/katitikan na gamitin ang bagong wika nito sa pinakamaraming pagsusulat na posible” (xxii). Pinakamaraming pagsusulat na posible at pinakamaraming isusulat din! Eksperimento itong ginagawa ni Ocampo. Aniya, “Hinay-hinay ang lapit, paisa-isa ang lapat, usaping patuloy. Sa pagdadahilig o hindi sa ibang mga salita sa *italics*, pansamantalang pag-aatubili ba ito o pangmatagalan na rin?” (xxiv). Hindi na mahalaga, konklusyon niya, “Maaaring masabing manipestasyon ang mga ito ng pagkadaynamik ng panahong transisyonal, kung saan sa pag-uudyok sa bawat isa ng kasigisigan sa pag-iinput, namumutiktik ang kaligiran sa iba’t ibang pagtatangka, sari-saring sahog, atake sa kalituhan o iskizofrinya. Sapagkat nagpapasigla sa panggigiit at paglahok, lalabas pa ring positibong proseso ang anumang pagtatangka” (xxiv). Pagtatangka nga itong namalasan din sa kanyang salin ng *Etikang Tagalog* ni Rizal, kung saan matutunghayan ang pangungusap na ito: “Humugong ang mga baho at bombardino, ang pistong humahagunhong na parang trumpetang pandigma, pumaswit ang mga flawta [myutant, mula

sa “flauta” {Espanyol}], pumiyok ang mga klarinet [myutant ba ito mula sa Ingles na “clarinet,” o siyokoy mula sa “clarinete” na Espanyol?], umentra ang saxofon [siyokoy itong maituturing, nawala ang diacritic mula sa “saxofón” na Espanyol] na parang paos na boses [siyokoy ulit, mula sa “voz” na Espanyol] ng lasing samantalang walang puknat ang tigtig ng kampanya, di magkamayaw ang madlang nagpupulasan na para bang may mabangis na kabayong nagdadadamba sa kanilang hanay” (Rizal 36-37). Sa paunang salita sa nobela, inilarawan ni Ocampo ang pakikipag-usap ni Rizal sa mga kasama sa bapor na mula sa iba’t ibang bansa, nagsasalita ng Pranses, Aleman, Italyano, at Ingles, at nagsisilbi pang interpreter (Ocampo 4-5). Alam nating marunong mag-Tagalog si Rizal, at Espanyol. Paano kaya kung magsulat siya gamit lahat ng wikang kanyang kaya? Pinakamalapit na siguro sa polyglot novel ni Rizal ang salin ni Ocampo sa *Etikang Tagalog*, kung saan magtabi ang “mummy” (Rizal 34), “epidemik” (64), at “karakter” (89). Sayang nga lang at naka-italics pa ang “mummy,” pero kung nagawa na ni Ocampo lahat ng gusto kong gawin, wala na akong masusulat na disertasyon.

Sa pagsasalang maka-Ocampo, sa Filipinong maka-Ocampo, ang pinakaimportante ay ang pagiging bukas sa posibilidad, ang pagiging bukas sa bagong paraan ng pagbabaybay, at higit dito sa bagong paraan ng pagsusulat. Sa paglikha ng isang wika, ang pinakamapanganib na sabihin ay “huwag,” sunod dito ay “dapat.” Walang buhay na wika na hindi nagbabago. O, ang tanging wikang hindi nagbabago ay iyong wikang patay na.

Ang wikang pambansang nakapako sa iisang anyo ay wika ng bansang nakapako sa iisang anyo. Mas mahusay kung magiging fleksibol, iyong kayang maggow wid da flow. Magagawa lang maging Filipino ng Filipino pag kaya nitong maging hindi Filipino. Ang Filipinong-meron-tayo, dapat kayang maging Filipinong-iba-sa-Filipinong-meron-tayo.

Nasagot ko na ang tanong na “Ano ang pagsasalang posible pag naging mapagpalaya ang lapit sa pagsasalin?” Ngayon ang tanong naman ay, “Ano ang wikang posible kung sususugan ang mapagpalayang lapit sa pagsasalin?” O, pwede ring, “Ano ang bayang posible kung sususugan ang mapagpalayang lapit sa pagsasalin?”

Isa sa mga pilosopong pinag-iisa ang kadalasang ipinagpapalagay na hiwalay, iniuugnay ni Nietzsche ang espiritu ng isang bayan at ang wika nito. Makikita ang kanyang mga komento sa pagsasalin sa *Lampas sa Mabuti*

at *Buktot*, ay gayundin sa *Ang Masiyahing Agham*. Tipikal kay Nietzsche, magkasalungat ang kanyang sinasabi. Sa seksyon 28 ng *Lampas*, inusig niya ang wikang Aleman, na di-umano’y hindi kaya ang bilis ng ibang wika, na siya namang susi sa pagsasalin. Ayon kay Nietzsche, “There are honestly meant translations that, as involuntary vulgarizations, are almost falsifications of the original, merely because its bold and merry *tempo* (which leaps over and obviates all dangers in things and words) could not be translated (Nietzsche 230). Kahit daw si Goethe ay mabagal ang estilo. Ang pumasa lang kay Nietzsche ay si Lessing, pero kahit siya’y hindi makakayang gagarin ang bilis ni Machiavelli. Ang pananaw nito ni Nietzsche tungkol sa pagsasalin ay maaari nating iugnay sa kanyang pananaw sa wika at pagsusulat. Sa seksyon 246 ng *Lampas*, muli niyang winasak ang wikang Aleman. Hindi raw makasayaw ang ritmo nito. “What torture books written in German are for anyone who has a *third ear*” (372, kay Nietzsche ang diin). Para kay Nietzsche, may sining sa lebel ng pangungusap. At pag di nahagip ang sining na ito, maaaring magkamali sa pag-intindi sa pangungusap. Madaling isipin na gusto lang babuyin ni Nietzsche ang mga Aleman kung pagbabasehan ay ang mga sumusunod na pangungusap: “That one must not be in doubt about the rhythmically decisive syllables, that one experiences the break with any excessively severe symmetry as deliberate and attractive, that one lends a subtle and patient ear to every staccato and every rubato, that one figures out the meaning in the sequence of vowels and diphthongs and how delicately and richly they can be colored and change colors as they follow each other—who among book-reading Germans has enough good will to acknowledge such duties and demands and to listen to that much art and purpose in language? (372). Pero sa susunod na seksyon, bumawi naman siya: “In Germany the preacher alone knew what a syllable weighs, or a word, and how a sentence strikes, leaps, plunges, runs, runs out; he alone had a conscience in his ears, often enough a bad conscience... The masterpiece of German prose is, therefore, fairly enough, the masterpiece of its greatest preacher: the *Bible* has so far been the best German book” (374, kay Nietzsche ang diin). Nakakatuwa ito dahil, samantalang may kahirapan ang standard, pati diptong at silabol kailangang namnamin, may papuri pa rin sa pagsasalin bilang pagsusulat. Ang Bibliya ay nakasulat sa Hebreo at Griyego pero ito ang pinakamahusay na librong Aleman para kay Nietzsche. Ang husay nito

ay wala nang kinalaman sa katapatan nito sa orihinal kundi sa manipulasyon ni Luther sa wikang Aleman. Kung ang pagsayaw ng Italyano ni Machiavelli ay hindi magawa sa Aleman, neverdales, tumatalon, lumulundag, sumisisig, tumatakbo pa rin ang Aleman ng Bibliya. Maiuugnay natin ito sa mas naunang remarks ni Nietzsche sa pagsasalin, mula sa *Ang Masiyahing Agham*. Sa seksyon 83, kung saan nakatuntong ang sanaysay ni Barbaza tungkol sa Bibliya, inilarawan ni Nietzsche ang maaari nating tawaging plagiarism ng mga Romano sa mga Griyego. Paano nila isinalin ang sinaunang Griyego sa kasalukuyan ng mga Romano? Sabi ni Nietzsche, "... they had no time for all those very personal things and names and whatever might be considered and mask of a city, a coast, or a century: quickly, they replaced it with what was contemporary and Roman" (Nietzsche 137). Pananakop nga ang pagsasalin para sa mga Romano, "one also added allusions to the present and, above all, struck out the name of the poet and replaced it with one's own" (Nietzsche 137). Ganito rin daw ang ginawa ng mga Pranses sa mga Romano noong panahon ni Corneille at noong Rebolusyon. Mahalaga lang ang nameynteyn ang sayaw ng orihinal na Italyano sa saling Aleman, pero paano kung pagdausdos ng isang wika ang nais itanghal sa mga pangungusap? Paano kung ang nais iispatlayt ay ang pag-skitter ng alien, ang stomping ng golem, ang pagshafol ng myutant?

Mahalagang bigyang-diin na samantalang buo na ang wikang Italyano at Aleman na tinutukoy ni Nietzsche sa kanyang mga libro, binubuo pa lamang ang wikang Filipino. Ito kung gayon ay matabang lupa na mahusay na lunan ng pag-eeksperimento. Hindi lamang iisang estilo ang kaya nito, kundi lahat ng estilo. Pero paano kung bonsayin ang pag-unlad ng ating wikang pambansa? Sa pagkitil ng mga bagong salita, mga mundo napapatay. Tingnan na lamang ang kaso ng mga salitang sekswal na binura sa mga piling diksyonaryo Ingles-Filipino sa susunod na seksyon.

Bokabularyo ng Bayan

Para magkaroon ng pwersa ang pananaw-sa-wikang inilatag sa itaas, magsusuri dito ng mga diksyonaryo. Kronolohikal ang pagkakasaayos ng mga diksyonaryong sinuri, upang makita ang ebolusyon (o kawalan ng pag-unlad, o pag-usbong ng bagong problema at pag-atras ng mga luma) ng relasyon ng sekswalidad at wikang Filipino at wikang Ingles sa loob ng lampas isang daang taon. Representatibo ang mga diksyonaryong inilarawan. Ibig sabihin, bagaman binusisi lahat ng ginawan ng anotasyon, napagdesisyonan nang sapat ang labing-tatlong diksyonaryong sinuri dito. May mix ng bilingual at trilingual, may unidirectional at bidirectional.

Bago pumunta sa usapin ng sekswalidad, nais ko munang banggitin ang ilang problema sa mga diksyonaryo. Una na rito’y ang hindi pagkapantay-pantay sa pagtrato sa mga entri. Mayroong inilarawan nang pagkahaba-haba na sa tingin ko nama’y hindi importanteng salita, at merong mahahabang salitang halos hindi na irespeto bilang konsepto o ideya, pasalamat na nga lang at nagkaroon ng entri. Kung mayroon mang entri, mali-mali ang ibinibigay na kahulugan. Naililigtas ang ilang diksyonaryo ng kanilang mga paunang salita, kung saan halos sabihin na nang diretsahan na “kung ayaw

n'yo, wag n'yo." Sa isang banda, tama naman ang ganitong palisi. Wala na lang pilitan. Sa ibang banda, tila ba ayaw na lang tumanggap ng lehitimong kritisismo.

Bakit nga ba sekswalidad ang naging paksa ko? Dahil na rin mismo sa mga awtor at editor ng mga diksyonaryo. Sila ang nagsabing para sa mga mag-aaral at mananaliksik ang kanilang ginawa. Sila ang nagsabing ito ay siyentipiko, na ito'y maaasahang reference para sa wikang Filipino. Kung gayon, bakit tila may nagaganap na censorship hinggil sa seks? Bakit pumapasok ang kanilang kahalagahan mismo sa dapat ay objektiv na proyekto, iyon nga, ang paggawa ng diksyonaryo? Kahit ang pinakamalawak ang mga entri'y mali-mali sa "bakla," halimbawa, at halos walang representasyon ang "lesbyana." Nakakatawang mayroong mga may appendix na "Mga Bahagi ng Katawan" ang leybel, pero walang aring binigyan ng kahulugan. Nakakatawa at nakakabahala.

Sa simula'y maikli lang ang listahan ko. Tatlong salita lamang, "titi," "puki," at "pagtatalik." Syempre, ang nangyari, lumawak ang inaral. May mga diksyonaryong puro "walang entri para sa" ang masusulat ko. Ang mga diksyonaryo na mismo ang nagdikta kung alin ang papansin, pupulaan man o pupurihin, tungkol sa kanila. Ang mga diksyonaryo'y sinuri batay sa kung ano ang nakasulat na entri, at kung ano ang hindi nakasulat, at kung ano ang nakasulat na, sa tingin ko'y wala namang kwenta, imbes na iyon na ngang batayang bokabularyo ng sekswalidad ng tao. Ang sekwalidad ay importante. Ang wika ay makapangyarihan. Ang kawalan na kahulugan, o pagbibigay ng maling kahulugan sa mga susing salita ng kasarian at sekswalidad sa isang diksyonaryo ay pang-aapi, at pang-aabuso ng kapangyarihan.

Bahagi ng proyekto ng imperyalismo ng Estados Unidos ang *A Tagalog English and English Tagalog Dictionary* (1904) ni Charles Nigg, itago man niya ang diksyonaryo sa sagisag ng pagkakaibigan at pag-intindi sa isa't isa. Ang depinision niya ng "ari" ay "fortune," "farm," "estate." Kapuri-puring may entri ito para sa "bayag" ("testicle"), at bilang paggalang sa relihiyong dominante sa Maynila, mayroon itong "bayag nang campana" ("bell," "clapper"). Naging pa-profound pa si Nigg sa "suso" ("teat," "dug," "pap"), at nagpatawa sa "susi" (na bukod sa "key" ay "cock"). Lalo pa siyang nadulas sa "sex" ("kaibhan ng lalaki sa babayi"), lalo na't mayroon siya entri para sa "sexual" ("nauukol sa sexo," pero wala namang entring "sexo"). Para magpatawa, ang dalawang

entri sa pagitan ng non-entry para sa “penis” ay “penetration” (“tagos,” “tarok”) at “penitence” (“pagsisisi”). Wala nang excuses pang mabibigay si Nigg para sa depinisyon niya para sa “breast,” na hindi na nga “suso,” ay naging “loob ng dibdib” pa (bagaman, sige na nga, meron namang “dibdib” din). Ito ang “breast” na nawn, ang “breast” na verb ay “salubungan,” “lumabas,” at “humarap.” Walang entri para sa “sperm,” pero meron para sa “spermary” (“itlog”). May galit siguro si Nigg sa mga Espanyol, dahil ang kanyang depinisyon ng “menses” ay “kapanahunan ng babayi” at hindi “regla.” Ayos naman sana ito, kaso nga lang ang “menstrual” ay “mangyayari sa buanbuan” at “nauukol sa panahon ng babayi,” ang “menstruate” naman ay “mamanahon,” at ang “menstruation” ay “pamamanahon.”

Sa *Tagalog-English Vocabulary with Scientific Terms* (1967) nina M. Jacobo Enriquez at Maria Odulio de Guzman, ang “ari” ay binigyang-kahulugan bilang “property” at “possession.” Walang entry para sa “bakla,” pero meron para sa “baklá” na nawn na ngangahulugang “dread,” “alarm,” at “worry.” Tanging “ray” ang kahulugan nito para sa “silahis.” Mayroon itong entry para sa “regla” (“menstruation”). Tinupad nito nang bahagya ang pangakong magiging “with Scientific Terms” sa pamamagitan ng paglalagay sa seksyon tungkol sa mga bahagi ng katawan ng “pigi” (“buttock,” “hip”), “puwit” (“anus”), at “singit” (“groin”), bagaman kahina-hinala itong huli (ang “kicked in the groin” ay hindi “sinipa sa singit”). Ang katawa-tawa, “nipple” ang salin nito sa “suso.”

Sa *Diksiyunaryo-Tesaurus Pilipino-Ingles* (1972) ni Jose Villa Panganiban, ubod ng daming impormasyon ang ibinigay para sa “ari” (lampas trentang linya ito at omokupa ng kalahating pahina), kaso nga lang hindi nagbigay ng kahulugan sa “ari” bilang “ari ng lalake” o “ari ng babae” (i.e. “member”). Ekstensiv ang ibinigay na depinisyon para sa “bayag” (na “testicle” daw sa Bikol, Kapampangan, Ibanag, at Tagalog). Sinonim daw ito ng “itlog,” at sa iba pang wika ng Pilipinas ito’y tinatawag ding “kabikkabil,” “lasog,” “lateg,” “bukelbukel,” samantalang sa Malay ito’y “buah pelir.” Kaugnay nito, ang “babayagin” ay “having large or swollen testicles,” at ang “balat-bayag” ay “scrotum.” Samantala, ang “bayag na siklan” ay “having one testicle larger than the other.” Mayroon ding paliwanag si Panganiban para sa “bayag-kabayo,” “bayag kambing,” at “bayag-usa.” Ang ganitong komitment sa mga salita, itong pagmamahal sa wika, ay kita rin sa mga entri para sa

“bayan.” Kaso sablay sila Panganiban pagdating sa “bakla,” na binigyang-kahulugan niya bilang “womanish man” at, mas malala, “hermaphrodite.” Higit pa rito, ang “kabaklaan” at “pagkabakla” raw ay “hermaphroditism” at “hermaphroditeness” (na, bagaman hindi patunay ng pagiging mali, ay parehong nilagyan ng Microsoft Word ng pulang anderlayn). Bagaman pwedeng mag-argumento tungkol sa pagiging “womanish (i.e. feminine) man” ng bakla sa konteksto ng Pilipinas, walang hermaphrodite na tao (dahil ang hermaphrodite na hayop, gumagana pareho ang pambaba’t panlalakeng ari, ang tamang termino sa tao’y “intersex”). Mas politically correct ang entri ni Panganiban para sa “lesbya,” na ayon sa kanya’y galing sa Espanyol na “lesbia,” at nangangahulugang “lesbian,” at sinonim ng “babaeng homosekswal.” May pagkiling si Panganiban sa Espanyol, na hindi naman mali, kaya’t sa entri para sa “seks,” bukod sa pagbanggit na varyant ito ng Ingles na “sex” ay nakasulat din ang “sekso” (na galing sa Espanyol na “sexo”), bago ang depinisyon na “sex.” Meron din siyang entri para sa “seksi” (“sexy”) at “sekswal” (“sexual”). Buti na lang meron na siyang entri para sa “seks,” dahil ang entri niya para sa “talik” ay, una, “pagtatalik n. enjoyment, delight” at, pangalawa, “pagtalik n. airy movement of hands in folk dance.” Ang “titi” ay binigyang-kahulugan niya bilang “penis,” at binanggit niya rin ang kasumpa-sumpang “utin.” Buti na lang ay nilista niya ang mga wika kung saan “buto” ito: sa Hiligaynon at Cebuano, sa Kapampangan (“butu”), at sa Iwatan (“voto”). Nakakapagtakang ang “puke” ay hindi “vagina” kundi “female genital organ.” Buti na lang ay may “puwerta,” na “vulva.” Mahusay naman ang trato ni Panganiban sa pwet, meron siyang “puwit” (“buttocks,” “rump”), at “puwit” (“hind,” “rear”). Mapagpalaya rin ang dense na entri para sa “suso” (kasama rito ang “breast,” “dibdib,” “nipple,” “teat,” “udder,” at “utong”). (At parang sinadya, “Susmaryosep” ang nasa ibabaw na entri.) Talagang maipagmamalaki ang *Diksiyunaryo-Tesouro* dahil may entri ito para sa “tamod” (varyasyon ng “tamud,” nangangahulugang “semen”). Samantala, mayroon ding entri para sa “regla” (tatlo pa nga, ang “rule,” “ruler-guide,” at “menstruation”). Kay Panganiban ko natutunang lahat nang ito’y galing sa Espanyol (ang akala ko’y ang “rule” lang, hindi kasama’yung “mens”).

Sa *English-Tagalog Dictionary* (1977) ni Leo English, walang entry para sa “penis” o “vagina.” Ang “sex” bilang pagtatalik ay hind matatagpuan, bagaman bilang anong ari mayroon ang isang tao, meron. Kolokyal daw na salin ng

“sex” ang “tauhin.” Kung kaya’t ang “What sex is your last child?” ay “Anong tauhin ang iyong bunsong anak?” Wala ring entry para sa “masturbate.” Merong entry para sa “buttocks”: “pigi” at “puwit, puwitan.” Merong entry para sa “ass,” pero “Asno” (donkey) daw ito, tsaka “hangal,” “tanga.” Merong entry para sa “breast” (“suso”). Ang mga ito ay batayang salita ng erotisismo at malaking kawalan para sa nag-aaral ng wikang Tagalog ang pagiging hindi makaagham ni English hinggil sa sex.

Sa *The Pilipino English Chinese Dictionary* (1989) na inedit ni Annie Chen, ang depinisyon nito ng “ari” ay “property” at “possession.” Wala itong entri para sa “bayag.” Wala itong entri para sa “bakla” pero meron para sa “binabae” (“sissy”). Ang depinisyon nito sa “dibdib” ay “breast” at “chest.” Wala itong entri para sa “puke” pero meron para sa “puta” (“prostitute”). Ang depinisyon nito sa “puwit” ay “anus.” Wala itong entri para sa “talik” o “pagtatalik.” Wala itong entri para sa “seks” o “siping.” Wala itong entri para sa “tamod” o “titi.”

Sa *English-Tagalog Dictionary* (1992) ng Commission on the Filipino Language (na nilabas nito noong Institute of National Language pa ang pangalan), walang entri para sa “testes” pero meron para sa “terse.” Kung gayon, malalaman ng mambabasa ang tungkol sa pagiging “maikli at malaman” at “maikli at makahulugan,” pero hindi ang tungkol sa pagkakaroon ng “bayag.” Ang kahulugang ibinigay sa “gay” ay “masaya” at “maligaya.” Kasama sa entring ito ang “gay colors” (“mga kulay na masaya”), at “He is young and gay” (“Siya’y bata at masaya”). Taong 1992 lumabas ang edisyong ito, at dapat ay nasalamin na ang pagbabago sa wikang Ingles. Pero bakit aasahan ito sa diksyonaryong ang binibigyang-depinisyon ang “sex” bilang “kasarian” lang? Wala itong entri para sa “penis” pero meron para sa “penny” (“pera,” “sentimos”), gayong mas maraming Filipino ang may titi kaysa salapi. Hindi malalaman ng mambabasa ng diksyonaryo kung ano ang “vagina” sa Tagalog, pero nariyan naman ang “vainglorious” at “vague” para sa kanyang mapag-aral na isip. Ang “ass” dito’y “asno.” Wala itong entri para sa “buttocks,” pero meron para sa “butt,” kaso nga lang hindi ito pigi o pwet, kundi, una, “kulata” (“butt” ng baril), at pangalawa, “upos” (i.e. ng sigarilyo). Buti na lang, binibigyan ang mambabasa ng diksyonaryo ng kapangyarihan para mag “butt in” (“sumabad”) at kwestyunin ang mga salitang nilalaman nito. Kapuri-puring merong itong entri para sa “breast” (“dibdib,” “suso”) at mapagpalaya ang inirerekomendang salin para sa “breast stroke”: “bres-istrok.” Wala itong

entri para sa “sperm,” pero para bang may pinupunong kakulangan hinggil sa mga bagay na may kinalaman sa pagbuga, meron itong entri para sa “spew” (“isuka,” “sumuka,” “suka”). Ang tunay na pagtataksil ay ang kawalan ng entri para sa “menstruation,” at pagpaprayoritayz ng salitang “mendicant” (na para bang hindi “nirereгла” ang mga “pulubi”).

Sa *Diksiyunaryo Filipino-English* (1993) ng Komisyon ng Wikang Filipino, ang “ari” ang binigyang-kahulugan bilang “property,” “asset.” Mayroon itong entri para sa “bayag” (“testicles,” may kasama pang sinonim na “itlog”). May kasama pang serye ng bayag-hayop expressions (“bayag-kabayo,” “bayag-kambing,” “bayag-usa”). Katulad din ni Panganiban, mali ang pagpapakahulugan dito sa “bakla” bilang “hermaphrodite,” pero interesting ang dinagdag nito sa “womanish man” at “homosexual”: “sward.” Bukod sa mga nawn na ito, nagbigay din ang *Diksiyunaryo* ng bersyong adjektib, “effeminate.” Nakakatawa ang entri nito para sa “seks” na “sex,” hindi talaga depinisyon bukod sa pag-iwas sa akto ng pagtatalik. Binigay nitong sinonim ang “kasarian.” Dalawang entri pababa, nakasulat ang “seksi” (“sexy: being attractive to the opposite sex,”) at pagkatapos nito’y “sekswal” (“sexual”). Kung gayon, lumalabas na sapat na ang “sex” at “sexual” para sa ordinaryong mambabasa pero ang “sexy” ay kailangan pang ipaliwanag. Bukod sa tamang depinisyon para sa “suso” (“breast,” “mammary glands,” “udder”) ang entri para rito’y mayroon ding malinaw na pagpapalawak ng tinutukoy sa pamamagitan ng pagbanggit sa “pagsuso” (“act of sucking”), “magpasuso” (“to nurse,” “to breast feed”), “susuhan” (“to suckle from”), “sumusuo” at “susuhin” (“to suckle”), at “susuhan” (“having big mammary glands”), itong huli’y sa diksyonaryong ito ko lang natutunan. May entri din para sa “titi” (“pens,” inosenteng typo, o makahulugang Freudian slip?). Sinonim daw nito ang isinumpang “uten.” Ang entri para sa “titi” ay sinundan ng entri para sa “titi,” na nawn at nangangahulugang “draining off, emptying or drying liquid by letting it drip well drop by drop,” na sa tingin ko’y matulaing juxtaposition. Nakakapagtakang habang “pens” ang “titi,” ang “puke” (at “puki”) ay “female genital organ.” Sinonim daw nito ang “kabahagi,” “harap,” “kiki,” at, nakaligtaan yata ng editor ang kanyang mga tungkulin, “ari.” Pero bumabawi pa rin ang diksyonaryo, dahil ang susunod nitong entri ay “puklo,” na binigyang-depinisyon bilang “groin” at “pubic region.” Kaso ba ito hindi ng censorship kundi ng mali-maling scholarship? Ang “puwerta,” na galing

sa Espanyol, ay, una “door,” at ikalawa, “vaginal opening.” Kung iisipin muli ang kulang-kulang na entri para sa “titi,” nakakatuwang may saysay ang entri para sa “tamod” (“semen: a viscid whitish usually neutral to slightly alkaline fluid produced in the male reproductive tract, consisting of spermatozoa suspended in secretions of accessory glands, usually released from the body by ejaculation, and serving as the vehicle in which sperms are maintained in the male genital tract and transferred in to that of the female—used especially of the fluid as characteristically developed mammals and birds”). Tila ba walang saysay o lohika ang mga desisyon sa lawak at haba ng mga kahulugan. Bakit, halimbawa, “menstruation” lang ang kahulugang ibinigay para sa “regla”? Mas mahalaga ba ang “tamod” kaya’t ito ang mayroong siyentipikong paglalarawan?

Sa *Tagalog-English Made Easy Thru Vocabulary and Sentence Translations (Semi-dictionary)* (1994) ni C. S. Canonigo, sa seksyong Mga Bahagi ng Katawan ng Tao, bagaman walang “titi,” “puke,” o “ari” man lang, mayroong “dibdib” (“chest,” “breast”), “suso” (“breast”), “utong” (“nipple,” “teat”), “pigi” (“buttocks”), “puwit” (“anus,” “rump”), at “singit” (“groin”). Ang mga entri sa Vocabulary ay binubuo ng salitang Tagalog, uri ng salita, at kahulugan nito sa Ingles. Walang entri para sa “seks,” “talik,” “pagtatalik,” “titi” o “puke,” pero meron para sa “regla” (“menstruation”) at “siping” at “magkasiping” (“lying down or sitting close together”). Ito raw ay adjectiv. Mayroong entri para sa “bakla” (“homosexual,” “sissy”).

Sa *The Contemporary English-Filipino Dictionary* (1999) ni Ernesto Constantino, ang “testicle” ay binigyang-kahulugan bilang “bayag,” “itlog.” Hindi itinuring na kolokyal ang “itlog.” Ang “gay” naman daw ay “masaya” at “bakla.” Mahusay ding “bakla (m),” “lesbyan (f),” ang entri para sa “homosexual,” bagaman may hibo ng lesbophobia sa huling depinisyon: “tomboy (f).” May mga kontekstong hindi ito politically correct. Makahulugang ang entri para sa “tomboy” ay “tomboy.” Magpapatuloy ang kawirduhang ito sa entri para sa “sex,” na “seks,” “pagkalalaki o pagkababai, o pagkabakla.” Bagaman mahusay na mayroong representasyon ng pagkabakla, dapat ay ipinaliwanag na ang “seks” ay iyong akto, i.e. pagtatalik. Nakakalito tuloy para sa isang mambabasa, dahil, halimbawa, ang entri para sa “sexual” ay “(of reproduction) nangyayari sa pagsasama ng mga lalaki at babaing sel.” Ito ang ikalawang (“2”) depinisyon sa entri. Ang una (“1”) ay “of sex or the sexes sekswal,” at

“ng seks o mga seks, o ang relasyon ng mga ito.” Kung gayon pala, ang “seks” sa entring “sex” ay hindi seks na pagtatalik, kundi, iyon na nga, kasarian. Wala na talagang saysay, kung ang diksyonaryo lamang ang kokonsultahin (i.e. para sa internal na lohika) sa entri para sa “sexy,” na, bukod sa “seksi” at “maalindog,” ay “umaakit o nagpapagana sa seks.” Pero ano ang “seks” na ito? Mabuti na lang at may kaunting pagbawi sa entri para sa “penis” (“titi,” “utin,” at “ari ng lalaki”) at “vagina” (“kiki,” “pekpke,” “puki,” at “kanal na papunta sa bahay-bata”). Mayroon din ito, kahit papaano, ng entri para sa “clitoris” (“tinggil,” “tilin”). Medyo kulang ang para sa “buttocks” (“puwit”), at mayroon ding elision sa sekswal na aspekto ng mga suso sa “breast” (“either of the two milk producing organs”) at “(chest) dibdib *v.* humarap/harapin ng buong tapang.” Bukod sa pagiging magulo ng unang depinisyon (na para bang may isa pang organ na may gatas), mali rin ang paggamit ng “ng” (dapat “nang”). Ang “sperm” ay tinutukoy ni Constantino bilang “tamod” (at “isperm,” na tama naman), at ganito rin daw ang “semen” (“tamod,” “semen,” “semilya”), pero kailangang klaruhin na hindi sperm ang semen, at hindi semen ang sperm. Nasulyapan ko rin ang entri para sa “sodomy,” at ito’y nakagulo sa aking isipan: “sodomi,” “sodomya,” “pagtatalik ng dalawang lalaki o ng tao at hayop.” Hindi lang hibo kundi buong-buong homophobia na ito. Sa huli, kahanga-hanga naman ang pagyakap ng diksyonaryo sa ebolusyon ng wikang Filipino sa mga entri tungkol sa regla. Una sa “menopause” (“menopos,” “panahon sa buhay na hindi na rereglahin ang isang babai”), pangalawa sa “menstruate” (“magregla,” “reglahin,” “maggmens”), at huli, sa “menstruation,” mismo (“regla” at “mens”).

Sa *English-Filipino Filipino-English Dictionary* (2002), na binuo ni Nelia V. Marcos, walang entri ang diksyonaryo para sa “ari.” Wala itong entri para sa “bakla.” Wala rin itong entri para sa “dibdib.” Wala rin itong entri para sa “kantot,” “iyot,” “siping,” “puke,” “puwet,” “seks,” “titi,” “tamod,” o kahit man lang sa “regla.” Ang depinisyong nito ng “gay” ay “masaya,” “masigla” at “mabiro.” Mayroon itong entri para sa “breast” (“dibdib,” “suso,” at, katakatakata, “damdamin”). Wala itong entri para sa “sex,” “penis,” “ass,” “butt,” “sperm,” kahit sa “menstruation.” Pero meron itong entri para sa “rabbi” (“guro,” “rabi”). Ang depinisyong nito para sa “danger” ay “sakuna,” “hirap,” “takot,” “panganib,” “kapahamakan,” pero walang “mapanganib” para sa entri sa “dangerous” (na “nakakatakot,” “nakakasindak,” at “nakakapangilabot”).

Sa *Pocket Tagalog Dictionary* (2002), na binuo ni Renato Perdon, ang salin nito sa “penis” ay “ari ng lalake.” Ang salin nito sa “vagina” ay “ari ng babae.” Ang salin nito sa “breasts” ay “suso” at “dibdib.” Wala itong entri para sa “ass.” Wala rin para sa “butt,” pero meron para sa “buttocks,” na “puwit,” “pigi,” at “puwitan.” Iisa lang ang entri para sa “sex” at “sexual activitiy,” at ito ay “seks” (hiwalay ito sa entri para sa “sex” at “gender” na “kasarian”). Wala itong entri para sa “orgasm.” Wala itong entri para sa “titi” o “puki,” at ang depinisyon nito sa “ari” ay “property” at “asset.” Wala itong entri para sa “pwet,” pero ang “puwerta” daw ay “door” at “vaginal opening.” Wala itong entri para sa “talik” o “pagtatalik,” at ang depinisyon nito sa “siping” ay “laying near each other.” Mayroon itong entri para sa “seks,” “seksi,” at “sekswal” (“sex,” “sexy,” at “sexual,” respectively). May entri ito para sa “tamod” (“semen”) at “regla” (“rule,” “ruling,” “menstruation”) Mayroon itong entri para sa “menstruate” (“magregla”) pero wala sa “semen” o “sperm.”

Ano naman ang matututunan mula sa *The New English Filipino Dictionary* (2004) mula sa MECS Publishing House? Marami. May entri, halimbawa, para sa “testicle.” Ito ay “testis,” “one of the two male sex glands.” Sa Filipino, ito ay “bayag,” at, mas mainam, “testikol.” Mahusay din ang binigay na halimbawang pangungusap: “The testicle is an important part of man’s sexuality,” o, sa Filipino, “Ang bayag ay importanteng bahagi ng pagkakaroon ng lalake.” Kaso nga lang, pumalya pagdating sa “gay” na “merry,” “frolicsome,” at “colorful.” Hindi ko alam kung saan ako mas magagalit, sa kawalan ng “bakla” o sa “frolicsome.” Isa pa, ang “merry” daw ay “alegre.” Medyo nakakawalan rin ng tiwala sa competence ng diksyonaryo sa Filipino at Ingles ang entri para sa “sex” na nagsimula naman sa maayos, “the anatomical and physiological distinction between male and female,” iyon na nga, “kasarian.” Kaso ang gamit nito sa pangungusap ay “We have different sex” (“Kami ay magkaiba ng kasarian” daw sa Filipino, pero mas mainam sigurong isalin bilang “Magkaiba ang nararanasan naming pagtatalik”). Mintis ding maituturing ang entri para sa “breast,” na nagsimula nang tama sa “the chest,” “dibdib,” at “the part of gland that gives milk,” “suso” pero napunta sa “the heart of feeling,” na “puso,” at “damdamin” daw. Kapuri-puri naman ang sunod-sunod na entring nakapalibot sa “menstruation” (“menstruasyon,” “pagkakarregla,” “panaog o pananaog ng regla,” “buwanang dalaw”), kasama na rito ang “menopause” (“menopus,” “menopawsiya,” “tuluyang paghinto ng regla,” at, para maging

metapisikal, “palagiang pagkawala ng sa panahon”); menorrhagia (“excessive flow of blood during menstruation,” “sobrang lakas ng regla”); at “menstrual” (“ng regla o pagkakaregla”) at “menstruate” (“magkaregla”). Walang entri para sa “penis.”

Malaki ang inaasahan mula sa *The New English Filipino Dictionary* (2007) ng Encleare Publication, lalo na at “revised edition” daw ito. Ang kaso’y kapos ang bokabularyo ng diksyonaryo. Halimbawa, ang “testes” (na di umano’y “Science Term”) ay may depinisyong “the male reproductive organ which produces sperms,” at “the male sex gland.” Nakalimutan ang bahaging Filipino sa pamagat na *English Filipino Dictionary*. Ganito rin ang kaso sa “gay” (“homosexual” lang, hindi “bakla,” at hindi naman itinuturing ng diksyonaryo na salitang Filipino ang “homosexual”). Ang nakakatawa pa, may entri para sa “homosexual” mismo, at ito’y “someone who has a sexual feeling for a person of the same sex.” Samantalang ang “lesbian” ay “women who have sexual feelings for other women” (at adjektiv lang daw ito hindi nawn din). Kung gayon, para sa diksyonaryo, ang mga gay ay homosexual, pero hindi ang mga lesbian. Pero bakit “someone” at “person” ang ginamit sa pagbibigay kahulugan sa “homosexual”? Sabagay, ano pa ba naman ang aasahan kung ang tanging depinasyon ng sex ay “either of two divisions, male and female, by which organisms are distinguished with reference to the *reproductive* functions” (akin ang diin) at “males and females collectively,” at, para bang pahabol na lang, “kasarian” (sa diksyonaryo ang kawalan ng paliwanag). Walang entri para sa “penis.” Wala ring entri para sa “buttocks,” pero merong “butt,” kaso nga lang, ito’y “seaman’s term” na nangangahulugang “the end of a plank or plate.” Iyon na nga, kung gayon, ang kinakailangan ng mambabasang nag-aaral ng Filipino at Ingles, ang matuto tungkol sa mga terminong pangmarino. Hindi ako nagbibiro. Ang “breast,” ayon sa diksyonaryo, ay “seaman’s term” na nangangahulugang “to meet the sea.” Bagaman, sige, meron naman itong “dibdib” at “suso.” At para bang bumabawi sa kakulangan ng pagiging maka-agham, ang halimbawa nitong pangungusap ay “Gina has a breast cancer” (“Si Gina ay may kanser sa suso”). Samantala, nananatiling “asno” ang “ass.”

Isang siglo pagkatapos, hayop pa rin ang pwet ng tao.

Ah, pero hindi. Hinding-hindi. Walang institusyong makakapagtakda kung aling salita ang alin. Pilitin man, maghuhulagpos ang wika mismo. Ang

bayan mismo ang magsasalita. Ito, sa huling pagsusuri, ang natutunghayan sa pagsasalin.

Ang wika, para manatiling buhay, ay kinakailangang palagiang lumikha ng mga bagong salita. Gayundin, kailangan nitong magbago, hindi lamang sa pagbabaybay, kundi pati hanggang sa lebel ng grammar at sintaks. Walang hanggang pagsusulat.

MGA SANGGUNIAN

- Almario, Virgilio. *Filipino ng mga Filipino*. Anvil Publishing Inc., 2008.
- Barbaza, Raniela. "Ang Pagsasalin ay Pag-aangkin: Ang Pagsasaplosa kina Adan at Eba". *Nasa Salin-Suri: Panimulang Pagmamapa ng mga Larangan ng Pag-aaral ng Pagsasalin sa Filipinas*, inedit ni Galileo Zafra, University of the Philippines Sentro ng Wikang Filipino, 2009, pp. 107-120.
- Canonigo, Cristina. *Tagalog-English Made Easy Thru Vocabulary and Sentence Translations (Semi-dictionary)*. Jucip Books, 1994.
- Chen, Annie. *The Pilipino English Chinese Dictionary*. SK Publishing, 1989.
- Commission on the Filipino Language. *English-Tagalog Dictionary*. Anvil Publishing Inc., 1992.
- Constantino, Ernesto. *The Contemporary English-Filipino Dictionary*. EAC Center for Philippines Languages, 1999.
- Diksiyunaryong Filipino-English*. Komisyon sa Wikang Filipino, 1993.
- English, Leo. *English-Tagalog Dictionary*. Congregation of the Most Holy Redeemer, 1977.
- Enriquez, M. Jacobo at Maria Odulio de Guzman. *Tagalog-English Vocabulary with Scientific Terms*. Phil. Book, 1967.
- Guillermo, Ramon. *Pook at Paninindigan*. UP Press, 2009.
- Marcos, Nelia. *English-Filipino Filipino-English Dictionary*. Books on Wheels Enterprises, 2002.
- Nietzsche, Friedrich. *Basic Writings of Nietzsche*. Vintage, 1967.
- Nigg, Charles. *A Tagalog English and English Tagalog Dictionary*. Imp. de Fajardo y Comp., 1904.
- Ocampo, Nilo, "Paunang Salita ng Tagasalin." *Nasa Rizal: Makabayan at Martir ni Austin Coates*, UP Press, 1995, pp. xvii-xxvii.
- Ocampo, Nilo. "Paunang Salita ng Tagasalin." *Nasa Etikang Tagalog ni Jose Rizal*, Lathalain P.L., 1997, pp. 1-20.
- Panganiban, Jose Villa. *Diksiyunaryo-Tesaurus Pilipino-Ingles*. Manlapaz Publishing, 1972.
- Perdon, Renato. *Pocket Tagalog Dictionary*. Periplus, 2002.
- Perez, Tony. *Eros-Thanatos*. Cacho Publishing, 1994.
- Rizal, Jose. *Etikang Tagalog*. Lathalain P.L., 1997.
- The New English Filipino Dictionary*. MECS Publishing House, 2004.

The New English Filipino Dictionary. Encleare Foundation, 2007.

Tolentino, Rolando. *Richard Gomez at ang Mito ng Pagkalalake*. Anvil Publishing Inc., 2000.

Zafra, Galileo. Ang UP Diksiyonaryong Filipino sa Konteksto ng Pagpapaunlad ng Wikang Pambansa. Nasa *UP Diksiyonaryong Filipino*, Anvil Publishing Inc., 2010. pp. x-xii.

Salin kay Chaucer

Ayon sa konsepto ng “skopos” ni Hans Vermeer, layunin ang pinaka-importanteng kinokonsider sa pagsasalin. Iba ang magiging salin kung pag-intindi ng ovens ang layunin; iba naman kung katapatan sa teksto ang habol. Ang tanging magtatakda ng prayoriti ay ang skopos, sa madaling salita hindi pre-given na katapatan sa teksto o pagiging madaling basahin ang dapat na maging pangunahing katangian ng teksto.

Sa kaso nitong prolog sa *Mga Kwentong Canterbury*, ang skopos ko ay ang pagsasabanyaga ng wikang Filipino. Ang pagsasabanyaga ay konsepto naman ni Friedrich Schleiermacher. Ito ay pagpapalawak sa wikang Aleman, sa kaso niya, sa pamamagitan ng pagsasalin (dahil nga, may mga nagagawa sa isang wika na di kadalasang nagagawa sa isa pang wika). Ang pagsasalin kung gayon ay paraan para pagbutihin ang isang wika, nagbibigay ito ng oportunidad sa isang manunulat, isang tagasalin, na pagawin sa Filipino ang hindi pa nito nasusubukan.

Mainam, kung gayon, na, bukod sa pagiging nakasulat sa Ingles, ay tula rin ang porma nitong *Canterbury Tales*, dahil ang tula rin ay paraan para pagbalentongin ang wika, para itulak ito lampas pa sa nakasanayang

limitasyon. Nabanggit na nga sa klase na hindi maaaring kumapit sa isang prinsipyo lamang sa buong salin (halimbawa, kailangan ay literal na salin lamang), dahil nakadepende ito sa bawat pangungusap at salita na maeengkwentro.

Bukod sa seksyong ito, mayroon ding karagdagang mga nota pagkatapos ng salin mismo. May sipi mula sa tula, naka-italics, na sinusundan naman ng maikling paliwanag. Ang format na ito ang pinili nang sa gayon ay magkaroon ang mambabasa ng akses sa salin nang walang borloloy ng tagasalin, at, din, mayroon ang mambabasa ng lugar kung saan maaari niyang rebyuhin ang mga pinili ng tagasalin.

MGA SANGGUNIAN

- Schleiermacher, Friedrich. On the Different Methods of Translating. Nasa *Translation/History/Culture*, inedit ni Andre Lefevere, Routledge, 1992, pp. 141-165.
- Vermeer, Hans. Skopos and Commision in Translational Action. Nasa *The Translation Studies Reader*, inedit ni Lawrence Venuti, Routledge, 2000, pp. 221-232,

PROLOG SA MGA KWENTONG CANTERBURY

Geoffrey Chaucer (salin ni U Eliserio)

Nang ang Abril, gamit ang kanyang unos, tinusok ang tagtuyot
Nang Marso sa pinakaugat, nang may tamis,
At binaha ang bawat ugat ng likidong kapangyarihan
Ang lakas nito'y pinasibol ang bulaklak;
Nang si Zephyr gamit ang kanyang mabangong hininga
Binigyan ng buhay sa bawat kweba at lupa
Mga bagong tubo ng luntian, at ang batang araw
Nakumpleto ang takbo niya sa Tupa,
At umaawit ang maliliit na ibon
Na natutulog buong gabi nang dilat ang mga mata,
Dahil sa puso nila inuudyukan silang gawin ito ng Kalikasan,
May mga taong gustong maglakbay,
Mga nagnanais makakita ng banyagang dalampasigan,
Sa mga malayong altar na kilala sa iba't ibang lupain.
At mula sa iba't ibang bayang Ingles
Lalong sa Canterbury sila tumutungo,
Doon sa banal na santong martir luluhod
Na sa kanilang pagkakaroon ng sakit ay nagpadala ng tulong at paghilom.

Ngayon sa panahong iyon nangyari isang araw
Sa Southwark sa Tabard habang nakahiga ako,
Handang simulan ang aking paglalakbay
Tungo sa Canterbury; sumasamba ang puso,
Dumating isang gabi sa aking tinutuluyan
Buong dalawampu't siyam na grupo,
Iba't ibang uri ng tao na nagkataong
Sama-sama, at lahat maglalakbay
Papuntang Canterbury. Ang kwadra doon
Ay sapat, at ang mga kwarto'y malaki at maliwanag,
At ang pinakamahusay ang aming gamit,
At pag lubog ng araw
Kilala ko silang lahat at nakausap ang bawat isa,

At sa ngalan ng kapatiran sumama sa kanila,
Umayong bumangon at umalis
Papunta sa sinabi ko, maaga pa lang.

Pero habang meron akong panahon,
Bago ako magpatuloy sa aking tula,
Sa tingin ko'y resonable naman
Na magsalita ako tungkol sa kanila at magkwento
Tungkol sa kanilang pagkatao, kung ano ang dating nila sa akin,
At kung sino sila, at kung ano ang kanilang uri,
At magsulat din tungkol sa kanilang kasuotan;
At magsisimula ako tungkol sa kabalyero.

Mayroong kabalyero, aristokrato,
Na sa simula pa lamang
Ng kanyang paglalakbay, ay mahal ang pagkamaginoo,
Karangalan at pananampalataya at pagiging mapagbigay.
Maginoo siyang sumama sa gera ng kanyang panginoon,
At naglakbay siya sa banyagang lupa (walang nakakatapat sa layo),
Sa maraming Kristyano at di-Kristyanong lupain,
Pinarangalan dahil sa kanyang silbi.

Nasa Alexandria siya nang ang bayang iyon
Ay nasakop, at ilang beses din siyang umupo
Nangunguna sa mga kabalyerong nagpipyesta sa Prussia.
Lumaban siya sa Lithuania, at Russia,
Hindi na Kristyano. Nasukat ang kanyang silbi
Sa Espanya, nang sakupin ang Algeciras,
Naroon siya nang makamit ang Lyeys,
At Sataly, at nagkabayo siya sa Belmarie;
At sa Dakilang Dagat naroon siya
Kung saan dumapo sa dalampasigan ang maraming dakila.
Sa mga labang muntik nang mamatay, nakaranas na siya ng labinlima,
At nakipagdwelo para sa aking pananampalataya sa Tramissene
Tatlong beses sa listahan, at laging patay ang kalaban.

At naroon siya sa Turkey, ilang taon na ang lumilipas,
Inalay ang kanyang espada sa prinsipe ng Palaty
Sa gera laban sa isang panginoong di-Kristyano
At kung saan man siya magpunta kilala siya
At kahit sikat, mapagkumbaba siya
Kimi siyang parang dalaga,
Buong buhay niya wala siyang nasabihan
Ng salitang hindi magalang at tama:
Perpekto siyang dakilang kabalyero.
Pero ngayon ikukwento ko ang kanyang pag-aari
Mahusay ang kanyang kabayo, pero siya mismo'y nakadamit
Nang simple, makapal na tsaleko,
Mali ang kulay kung saan humiga ang kanyang baluti,
Dahil galing lang siya sa malayo,
Bago siya sumama sa paglalakbay.
Mayroon silang escudero, ang kanyang anak —
Mangingibig at sundalo, puno ng buhay at saya,
Kulot na kulot ang buhok;
Hula ko'y dalawampung taong gulang siya.
Katamtaman lang ang kanyang tangkad,
Malakas siya, at maliksi at magaan.
At galing lang siya sa digmaan
Sa Flanders, sa Artois, at Picardy.
At sa maikling panahong ito'y nagpakamaginoo,
Umaasang tumibok para sa kanya ang puso ng iniibig.
Ang damit niya'y sumisinag na para siyang serbesa
May nakatahing sariwang bulaklak at puti at pula.
Buong araw siyang umaawit at tumutugtog ng fluta;
Malibog siya tulad ng buwan ng Mayo.
Maikli ang kanyang damit, mahaba at malapad ang kanyang mga manggas,
Mahusay siyang sumakay ng kabayo at magpatakbo;
Marunong siyang gumawa ng kanta, at maganda ang mga likha,
At makipagdewelo at sayaw na rin, at gumuhit at magsulat.
Pag gabi, malubha ang pang-uusig ng pag-ibig sa kanyang puso
Hindi siya nakakatulog, parang ibong umaawit.

Magalang siya, mapagkumbaba, handa kung kakailanganin,
At umuukit sa tapat ng kanyang ama sa mesa.

Mayroon siyang katulong, at walang iba
Sa serbisyo, dahil masaya siyang mangabayoy;
At nakasuot siya ng luntian,
Mayroon siyang mga palasong maliwanag,
May balahibo ng ibon ang kahoy.
Itinago niya ang kanyang mga gamit tulad ng dapat gawin ng isang
katulong—
Walang palaso siyang may balahibo na sumasadsad sa lupa! —
At sa kanyang mga kamay, may dambuhalang pana.
Maikli ang kanyang gupit, at kayumanggi ang kanyang mukha,
Marunong siya sa kahoy.
Masaya sa kanyang braso ang gamit ng namamana;
May espada siyang dala;
Sa kabilang banda, may nakabitin na kutsilyo,
Singtalas ng sibat, mahusay ang pagkakagawa.
Kumikinang ang pilak ni Saint Christopher sa kanyang dibdib.
May dala siyang trumpeta; mayroon siyang sinturon;
Hula ko, sa totoo, mag-aaral siya ng gubat.

Meron ding madre, madre superyora,
Nakangiti siya lagi, inosente at tahimik;
Ang pinakataimtim na sumpa niya ay kay San Loy;
At kilala siya bilang Madame Eglentine.
Buo ang kanyang tinig sa pagkanta sa mga misa,
Maganda ang paglabas ng tunog sa kanyang ilong,
At mahusay ang pagsasalita niya ng Pranses
Turo sa eskwelahan ng Stratford-at-the-Bow;
(Ang Pranses sa Paris hindi niya alam).
May edukasyon siya sa kung paano kumilos pag kumakain; hahayaan niyang
Walang pagkain ang mahulog mula sa kanyang mga labi; hindi niya
binabasa
Ang kanyang mga daliri sa sawsawan; maingat

Niyang itataas ang bawat butil; binabantayan niya
At baka may mahulog sa kanyang dibdib;
Tuwang-tuwa siya sa etiketa.
Lagi niyang pinupunasan ang kanyang bibig
Walang nakikitang grasa kahit kailan
Sa tasang kanyang iniinuman. Pag siya
Ay inabot ang kanyang pagkain, pino ang kanyang pagkilos.
Masarap siyang kasama, at marunong magpatawa,
At mabait na mabait.
Para siyang aristokrata kung makitungo,
At may dignidad sa pakikisama,
Kaya buong bayan sinasamba siya.
Pero, napag-uusapan na rin naman ang kanyang puso at pagkatao,
Puno siya ng awa, at lubos na mapagbigay
Na kung makakita siya ng nabitag na daga, siya'y iiyak —
Kung namatay ito, o kahit man lang dumugo;
At mayroon siyang mga maliit na asong pinapakain
Ng inihaw na laman, o gatas, o tinapay;
Iiyak siya nang iiyak kung mamatay ang isa sa kanila,
O kung may makakita sa mga ito:
Puso siya at karunungan.
Ang mukha niya ay maliwanag,
Parang salamin ang pagkaabo ng kanyang mga mata, maganda ang hugis ng
kanyang ilong,
Maliit, malambot at pula ang kanyang bibig,
At sa totoo, malaki ang kanyang noo,
Isang dangkal, dapat ba akong mabigla,
Sigurado namang hindi siya maliit.
Kahanga-hanga ang kanyang kapa, malay ako rito;
At gawa sa koral, suot niya sa kanyang braso
Porselas na luntian
At mula rito'y may gintong alahas na nakabitin—
Nakaukit dito'y may koronang A
Sinusundan ng Amor Vincit Onmia.

May isa pang madreng kasama sa kanyang grupo,
Na pinagsisilbihan siya, at tatlong pari pa.
May monghe doon, maputing parang kapapanganak pa lamang,
Manlalakbay, nagmamahal ng mga aso at trumpeta,
Lalakeng-lalake, pwede maging obispo.
Marami siyang kabayong maganda ang lahi sa kanyang kwadra,
At dinig siya pag nakasakay
Kumakalansing nang malinaw sa sumisipol na hangin
At malakas tulad ng kampana sa simbahan
Kung saan ang mongheng ito't panginoo'y namamahala.
Ang mga gabay nina Maurice at Benedict,
Ngayo'y sinauna na, at marahas,
Hindi pinapansin ng mongheng ito, at pinapabayaan na lamang,
At sumusunod imbes na mga alituntunin ng bagong panahon.
Sabi niya, ang isang teksto'y mas wala pang silbi kumpara sa inahin
Na ang sabi'y hindi banal ang mga mangangaso,
O na ang isang mongheng hindi sumusunod sa alituntunin
Ay parang isdang wala sa tubig —
Ang ibig sabihin, ang mongheng wala sa kanyang templo.
Ang sabi niya, ang teksto'y hindi kasing halaga ng tahong;
At mahusay ang opinyon niya dito, sabi ko.
Bakit magpapakabaliw sa pag-aaral araw-araw,
Sinusuklay ang isang libro sa isang madilim na selda,
At saka magtatrabaho gamit ang mga kamay,
Katulad ng sabi ni Austin? Paano nito pinagsisilbihan ang mundo?
Hayaang gawin ni Austin ang trabaho ni Austin!
Kaya nga nangaso siya nang mahirap at nang maligaya;
Simbilis ng mga ibong lumilipad ang kanyang mga aso;
Ang kumaripas kasama ang mga aso, at usigin ang kuneho
Ginawa niyang kanyang kaligayahan, at pinagkagastusan.
Hanggang pulso ang pagkakagupit ng kanyang manggas
Malambot na abo ng balahibo ng hayop, pinakamaganda sa buong bayan;
At pangkabit ng kanyang kapa sa ilalim ng kanyang baba,
Gawa sa ginto, mayroong kataka-takang alahas —
Na may buhol ng pag-ibig sa dulo!

Kalbong-kalbo siya, kumikinang ang kanyang ulo,
Pati ang kanyang mukha, para bang may grasa;
Matabang-mataba siya at madulas, ang paring ito na panginoon.
Ang mga malupit niyang mata na umiikot sa kanyang ulo
Na parang apoy sa ilalim ng uling,
Ang balingkinitan niyang mga bota, ang mga borloloy ng kanyang kabayo,
Pinapakitang mahusay siyang pari!
Hindi siya maputla tulad ng multong kawawa.
Paborito niyang ihawin ang matabang gansa.
Kayumangging parang prutas ang kanyang kabayong maliit.

Mayroong frayle, walang pakundangan at maligaya,
May lisensyang mamalimos — masaya at importanteng tao.
Sa lahat ng samahan walang makakatalo sa kanya
Sa pagsasalita at pagtambay. Dahil sa kanya
Nakasal ang ubod ng daming may hubog na dalaga,
Binayaran siya bilang pari at tagatala:
Dakila siyang sandigan ng kanyang samahan!
Pamilyar siya, at mahal ng lahat
Ng mga maliit na may-ari ng lupa kung saan man siya pumunta
At ng mga mabuting babae ng bayan,
Dahil mayroon siyang espesyal na kapangyarihan ng kumpisal
Na ipinapaliwanag niya sa mga mamamayan:
May bendisyon siya ng Papa mismo!
Buo niyang papakinggan ang kumpisal,
At magaan niyang papatawarin bawat kasalanan;
Hindi masakit ang ipapataw niyang parusa
Pag alam niyang may karampatang bayad;
Dahil siyang nagbigay sa mapagkumbabang samahan —
Hindi ba siya ang kawawa?
Dahil kung nagbigay siya, sabi ng frayle,
Aba'y ibig sabihin tunay na nagsisisi!
Dahil maraming tao ang matigas ang puso
Hindi man lang makaiyak, kahit na nasaktan;
Kung gayon ang kaso hindi niya, hindi kailangan ng luha at panalangin:

Hayaang magbigay ng pilak sa mga nangangailangang frayle!
Laging puno ng kutsilyo ang kanyang balabal
At karayom, na pwede niyang ibigay sa mga di-kagandahang babae.
Sa totoo masiyahin ang kanyang tono,
Kaya niyang umawit at maglaro nang mula sa nakasanayan —
Kaya niyang makamtan ang gantimpala, sigurado
Simputi ang kanyang leeg ng fleur-de-lys.
Sinlakas niya ang kahit sinong kampeon.
Ang mga nirentahang kwarto, kilala niya ang bawat isa,
Ang mga may-ari at mga naninilbihan din — mas kilala niya
Kaysa ketongin o pulubi;
Dahil hindi bagay para sa tulad niya
Ang makipamuhay
Sa mga kadiring ketongin — hindi, kahit isang minuto!
Hindi ito disente, at wala rin siyang kikitain.
Dapat iwasan ang mga basura at imbes makipagkaibigan
Ang mga nagtitinda ng prutas at mga may-ari ng lupa.
At kung may inaasahang tubo
Hindi niya nakakalimutang maging magalang.
Walang singhusay kahit saan —
Bilang pulubi walang maikukumpara sa kanya.
Nagbayad siya para sa lupa kung saan siya nangangaso;
Wala siyang kabarong may lakas ng loob na bumisita;
Dahil wala mang pag-aaring sapatos ang isang balo,
Napakagaan niya sa kanyang In principio,
Na maaari siyang magkapera kung saan man siya magpunta;
Nababawi ng kanyang tubo ang ginagastos niya sa renta!
At parang tuta tumatakbo siya; pero siya
Kaya niyang magtrabaho sa mga araw ng pag-ibig nang may awtoridad,
Dahil hindi siya mongheng manipis ang kwelyo,
Mula sa templo, parang gutom na iskolar,
Kundi parang amo o papa.
Doble ang kapal ng tela ng kanyang kapa,
At bilog na parang kampana mula sa pagkakaplantsa.
Minsan, mali ang kanyang pagbigkas ng mga salita, naglalaro,

Para gawing matamis ang Ingles sa kanyang dila.
At sa kanyang pagsasalita, pagkatapos kumanta,
Malalim sa kanyang ulo, nagniningning ang kanyang mga mata,
Parang mga bituin sa malamig na gabi.
Ang pangalan ng frayleng itong nagmamalimos ay Hubert.

Sunod, kakaiba ang damit, dumating ang mangangalakal,
Na may dalawahang balbas. Mapagmataas siyang nakaupo sa kanyang
kabayo.

Sa ulo niya'y mayroong sumbrerong Flanders beaver;
Sumasabay sa panahon ang istilo ng kanyang mga bota.
Pag nagsalita siya, seryosong-seryoso,
Nasa isip lagi ang kikitang pera.
Hinihiling niyang ang karagatan, ano man ang presyo,
Ay maging ligtas mula Middleburg hanggang Orëwell.
Tuso niyang maaaring bilhin ang mga koronang Pranses, o ibenta,
At sa lahat ng bagay, nagpapakita siya ng pagiging wais;
Walang makakapagsabi kung mayroon siyang utang,
May dignidad kasi ang gawi niya sa lahat,
Sa kanyang panghihiram, sa kanyang pakikipagtawaran, sa kanyang
pangangalakal.
Sa totoo, may halaga siyang tao,
Pero hindi ko alam kung ano ang kanyang pangalan.

May estudyante mula sa bayan ng Oxford,
Nagseserbisyo noon pa sa lohika
Payat na payat ang kabayong kanyang sinasakyan,
At siya mismo hindi matatawag na mataba,
Pero hungkag ang kanyang mukha at malungkot.
Manipis ang suot niyang damit,
Dahil wala pa siyang permanenteng pwesto ng pagtuturo
At hindi rin naman siya nag-iisip tungkol sa mga makamundong
kapangyarihan.
Dahil mas gusto pa niyang katabi ng kanyang kama
Dalawampung librong may pabalat na itim at pula

Gawa ni Aristotle at tungkol sa kanyang pilosopiya
Kaysa mga roba o viola o masiyahing gitara.
Pero kahit na pilosopo siya, ang kanyang kaha
Kaunti lang ang laman nitong ginto,
At lahat nang mahihiram niya sa mga kaibigan
Gagastusin niya sa mga libro at pag-aaral,
At lagi niyang ipinagdarasal
Ang mga tumutulong sa kanyang mag-aral.
Ibinigay niya sa pag-aaral lahat ng pag-iingat at pagsunod,
At hindi kailanman nagsalita ng tungkol sa higit sa kanyang pangangailangan,
At sinabi niya ito nang may paggalang,
At mabilis na mabilis at puno ng kahulugan.
May kaayusan ang kanyang pagsasalita at pagiging mabuti,
At masaya siyang natututo at nagtuturo.

May abogado, alagad ng batas, matalino at hindi iskandaloso,
Lagi siyang nakaupo
Sa balkonahe ng simbahan; mahusay siyang tao,
Maingat talaga, at may dignidad —
O, iyon ang dating, napakadunong ng kanyang mga talumpati.
Madalas siyang maging huwes
Natalagahan at pinagsikapan.
Dahil sa kanyang katanyagan at dahil alam niya ang batas
Malaki ang bayad sa kanya, at marami siyang magandang roba.
Walang makakatapat sa kanyang abogado:
Lahat mumurahin sa kanyang mga kamay;
Wala siyang ginawang hindi matibay na sandigan.
Wala nang mas abala pa kumpara sa kanya,
Pwera sa kanyang sarili;
Alam niya ang mga husga at mga kaso
Mula pa sa unang araw na isinuot ni King William ang kanyang korona;
At marunong siyang magsulat, at gumawa ng batas
Na walang makakahanap ng pagkakamali sa kanyang isinulat,
At lahat ng alituntunin kanyang memoryado.
Ang suot niya’y simpleng tsaleko, iba-iba ang kulay,

May sinturong sutla, mga linya ang disenyo:
Sapat na ito.

Dumating kasama niya ang isang may-ari ng lupa;
Simputi ng bulaklak ang kanyang balbas;
Simpula ng dugo ang kanyang balat; gustong-gusto niya
Na ilublob sa alak ang kanyang tinapay bawat umaga.
Laging tungo sa sarap ang kanyang nakasanayan,
Dahil anak siya ni Epicurus,
Na ang opinyon ay tanging sa sarap
Matatagpuan ng tao ang tunay na kaligayahan.
Mayroon siyang bahay, magiting at mabuti siyang may-ari;
Sa kanilang bayan, siya ay si San Julian;
Ang kanyang tinapay, ang kanyang alak, laging numero uno, at walang
Mayroon singtanda nito.
Sa kanyang bahay hindi kailanman mawawalan ng matatamis
Ng isda o laman — laging marami at malinamnam
Para bang binabagyo ang lugar ng pata at inumin,
Mamahaling pagkain maaaring pag-isipan.
At sa paglipas ng panahon
Nagbago siya ng pagkain.
Maraming matabang ibon sa kanyang mga hawla,
Maraming uri ng isda sa kanyang tubigan.
Kaawa-awa ang kanyang kusinero pag hindi
Handa ang kanyang kagamitan, at hindi maanghang at mainit ang kanyang
sarsa!
At sa kanyang tahanan nakahiga ang kay daming plato
Handa araw-araw sa lamesa
Sa mga pagtitipon siya ang panginoon at pinuno;
Pumunta siya sa batasan bilang kabalyero.
Isang kutsilyo at lalagyang hinabing sutla
Ang nakasabit sa kanyang sinturon, simputi ng gatas ng umaga.
Bilang pulis nagsilbi siya, at tagabilang ng pera;
Walang lugar kung saan may kasing husay na may-ari ng lupa.

May nagbebenta ng damit at may karpintero,
May manghahabi, nagpipinta, at gumagawa ng muebles
Kasama rin namin, iba-iba ang suot
Bahagi ng iisang dakilang kapatiran.
Sariwa at kumikinang ang kanilang mga gamit;
Walang tanso sa dulo ng kanilang mga kutsilyo,
Wala kundi pilak, bago at maganda ang pagkakagawa;
Ganoon din ang kanilang mga sinturon at lalagyan ng pera.
Lahat sila’y may maipagmamalaki bilang mamamayan, at akma
Sa pulungan ng mga manggagawa, nakaupo sa mataas na silya;
At sa kakayahang pumili bawat isa ay may karapatang
Maging pinuno, at may naitabing
Pera at yaman para sa pwesto,
Na siya namang pupuno sa kanilang mga asawa ng ligaya,
Kung hindi ay siguradong sila ang sisisihin.
Karapat-dapat na tawagin ang bawat isa bilang “Ma Dame,”
At sa pagdarasal ay mangunguna sa samahan,
At parang aristokrata kung dalhin ang kapa.

Nagdala sila ng kusinero para sa okasyong ito, na
Papakuluan ang kanilang tinola ng buto,
May pulbura at matamis
Mahusay siyang humusga ng inuming London.
At kaya niyang mag-ihaw at maggisa at magpausok at magprito,
At magluto ng sopas, at kaya ring gumawa ng tinapay.
Pero ang nakapanghihinayang lang, sa tingin ko,
Na may sugat siya sa ilalim ng tuhod.
Ang kanyang ibong-may-krema, iyon ang pinakamagaling niyang iluto!

May marinong galing sa Kanluran,
Mula sa Dartmouth kung tama ang aking hula.
Sinakyan niya nang lubos sa makakaya ang kanyang kabayo
Ang kanyang damit nakabitin sa kanyang tuhurán.
May nakasabit na kutsilyo sa kanyang bewang,
Nakasabit mula sa kanyang leeg, sa ilalim ng kanyang braso, pababa.

Sinunog ng tag-init ang kanyang mukha.
Mabuti siyang tao; maraming baso
Ng alak ang nainom ng masiyahing balasubas
Sa bandang dito ng Bordeaux, habang tulog ang mangangalakal.
Hindi niya itinatago ang kanyang konsensya.
At kung nakipag-away siya at may bentahe,
Pinauwi niya ang mga ito sa kanilang bayan sa pamamagitan ng tubig.
Pero sa husay tungkol sa mga alon,
Dumadaloy ang dagat, may panganib sa mga sumisisid;
Mga pier at buwan at paggabay sa mga barko —
Wala namang masyadong may alam tungkol dito sa mga taga-Hull at
taga-Carthage.
Magiting pero maalam sa kanyang mga pinapasok
Marami na ring bagyo ang nanggigil sa kanyang balbas;
Kilala niya nang mabuti ang mga pier
Mula Gothland hanggang Cape ng Finisterre,
At bawat ilog sa Brittany at Espanya.
Ang pangalan ng kanyang barko ay Madelaine.

May doktor na kasama rin namin.
Sa mundo walang iba pang
Kapantay niya sa medisina at paggamot,
Dahil astrolohiya ang kanyang pundasyon.
Marami siyang maitutulong sa kanyang mga pasyente gamit ang kapangyarihan,
Mahusay niyang pinipili ang mga paborableng oras,
Pag namumuno ang mataas, at sigurado siya
Sa pag-unlad pa siya ay nagpagaling.
Alam niya ang sanhi ng bawat sakit,
Kung ito man ay Init o Lamig o Basa o Tuyo,
At kung saan ito nagsimula, pati ang uri nito;
Siya ay perpektong doktor at totoo.
Pag nalaman na sanhi, ang ugat,
Agaran niyang binibigyan ng lunas ang pasyente.
Dahil tatawagan niya agad ang mga parmasya
Handang padalhan siya ng mga gamot,

Dahil bawat isa sa kanila may tutubuin;
Ang kanilang pagkakaibigan hindi lang bagong tatag.
Ang sinaunang si Aesculapius kilala niya,
Pati si Haly at si Rufus at Serapion,
Avicenna, at ang dakilang si Hippocrates,
Si Rhasis at Galen, si Dioscorides,
Averroes, Damascene, at Constantine,
Bernard at Gatsden at Gilbertine.
Pagdating sa pagkain, mahinahon siya,
At hindi nagsasayang,
Laging para sa pagkatunaw ng tiyan at kalusugan.
Sa Bibliya hindi siya nag-alay ng oras.
Asul tulad ng langit at positibo lagi ang kanyang hitsura,
May nalambot ang tela at sutla;
Pero kaunti lang siya gumastos, at laging iniisip ang kinabukasan
Inipon niya ang kanyang pero noong may peste.
Dahil ang ginto sa paggamot ay inumin; siya
Minahal niya ang ginto dahil doon.

May mabuting may-bahay doon, namamahay malapit sa lungsod
Ng Bath — medyo bingi, na nakakaawa.
Sobrang husay niya sa paggawa ng tela,
Nalampasan niya ang mga taga-Ypres at Ghent.
Walang babaeng magkakamaling
Pumunta sa kaniya nang may alay,
At kung may gumawa man, magagalit siya
At hindi na siya lilimusan.
Ang kanyang belo'y nakahabi malapit sa lupa,
At may bigat, sumpa ko, na limang kilo
Pag nasa ulo niya tuwing Linggo.
Ang kanyang mga medyas ay pulang-pula
Masikip ang kanyang sintas, at balingkinitan at bago ang mga sapatos.
Matapang ang kanyang mukha, at maliwanag at pula.
Mahalaga siyang babae buong buhay niya;
Limang beses siya sa simbahan naging may-bahay,

Hindi pa binibilang ang mga nakasama niya noong bata —
Pero hindi na natin ito kailangang banggitin dito, sa totoo lang.
Tatlong beses sa Jerusalem nakapunta ang babaeng ito,
At marami nang banyagang ilog ang nakita,
At napunta na siya sa Roma at sa Boulogne,
Kay San Jaime sa Galicia, at sa Cologne.
Marami siyang kwentong napulot sa kanyang paglalakbay;
Nga lang, sungki siya, ikinalulungkot kong sabihin.
Nakaupo siya sa mahinahon at mabagal na kabayo,
May takip siya sa ulo, bukod pa sa sumbrero
Na sinlapad ng sinturon.
May kapa siya sa malaking pigi
At sa kanyang mga paa may mga tusok na pampabilis ng kabayo.
Walang singhanda ng kanyang dila sa pagpapatawa.
Siguro alam niya ang mga gamot ng pag-ibig, dahil siya
Nasayaw ang lumang laro nang mahaba at tuso.

May pastor din, na mayroong gamot
Sa maliit na bayan, mabuti siyang tao, at mahirap;
Pero mayaman sa banal na pag-iisip at trabaho.
Siya rin ay marunong na tao, nag-aayos ng papeles,
Hinahanap ang mabuting balita ni Kristo para isermon;
Banal na banal siya sa pagtuturo ng kanyang kapwa.
Mabuti ang intensyon at kahanga-hanga ang kanyang sipag,
At napakapasensyoso niya sa harap ng mga hamon —
Madalas siyang mapagod halos maging desperado!
Hindi niya itinatakwil mula sa simbahan
Ang mga hindi nagbabayad ng ikapu, bagkus nagbibigay siya —
Tumutulong sa mga mahirap niyang parokyano para mabuhay sila —
Mula sa mga alay, o mula sa kanyang kaunting pag-aari;
Sa maliit nakikita niya ang sapat na.
Malapad ang kanyang parokya, malayo ang mga bahay sa isa't isa,
Pero dumating man ang ulan o kulog kanyang sisimulan
Ang kanyang mga bisita, may problema man o sakit,
At maaabot niya ang mga pinakamalayo, mahirap man o mayaman,

Naglalakad lang siya, dala ang kanyang baston —
Halimbawang maiintindihan ng kanyang mga tupa —
Na, iyon na nga, una siyang gumagawa, saka siya nagsesermon.
Itong mga salitang mula sa banal na aklat na dala niya,
At ginagamit din ang talinghagang ito —
Kung nangangalawang ang ginto, ano ang gagawin ng bakal?
Dahil kung masama ang pari na ating pinagkakatiwalaan,
Ano ang kataka-taka kung ang simpleng tao ang mangalawang?
At mahiya siya — masaya ang paring nakikinig —
Na malinis ang mga tupa samantalang madumi ang pastol!
Dapat lang na maging mabuting halimbawa ang pari,
Ipakita sa pamamagitan ng kanyang kalinisan kung paano dapat mabuti ang
mga tupa.

Hindi niya ipagbibili ang kanyang posisyon sa simbahan,
At iiwan ang kanyang mga tupa sa burak,
Habang lumisan siya papuntang London, papunta sa San Pablo,
Para sa mas madaling trabaho, umaawit para sa mga kaluluwa,
O kumuha ng pwesto sa isang samahan,
Imbes nanatili siya sa kanyang tahanan para magbantay
Laban sa mga lobo na manloloko sa mga ito;
Pastol siya at hindi basta-bastang renta.
At bagaman mahal niya ang kabutihan at pagkabanal
Mayroon din siyang awa sa mga makasalanan
Hindi siya masungit o mayabang sa pagsasalita,
Pero marunong at mabuti siya kung magturo.
Ang akitin ang mga tao sa langit sa pamamagitan ng pagkilos
At halimbawa ang kanyang laging layunin.
Pero sa sinomang mapagmatigas,
Mababa man o mataas ang posisyon,
Tuwi-tuwina niyang pagagalitan
Walang mas mabuting paring matatagpuan.
Wala siyang hilig sa fiesta o pagsamba,
At wala ring masyadong maarteng konsensya,
Bagkus itinuro ang doktrina ni Kristo at ng labindalawang disipulo,
At nauna siya sa pagsasabuhay nito.

Kasama niya ang kanyang kapatid, isang simpleng magsasaka,
Na sa kanyang buhay ay marami nang nahilang kariton
Ng dumi; tunay na manggagawa at mabuti siya,
Namumuhay nang payapa at perpektong pagmamahal.
Una niyang mahal ang Diyos, nang buong puso at loob,
Lagi, at kung sa buhay man swertehin o malasin;
At susunod — parang kanyang sarili — mahal niya ang kanyang kapwa.
At lagi para sa mga mahirap gusto niyang magtrabaho,
At maghuhukay siya at magtanim nang
Walang bayad, ginagawa niya ito para kay Kristo.
Nagbabayad siya ng tamang ikapu pag oras na,
Sa kanyang pag-aari at inani.
Suot ang damit ng magsasaka, nakasakay siya sa kabayo.

May magmamais at alkalde rin doon,
At tagapagpasunod, tagabili, at tagapagpatawad.
At ang mga ito, kasama ako, ang aming grupo.

Ang magmamais, malaki ang buto at laman,
At matabang tao, bagay sa anomang laban,
At napatuyan, napanalunan sa bawat puntahan
Ang premyong tupa sa pakikipagsapakan.
Malapad ang kanyang mga balikat, magaspang;
Walang pinto siyang hindi kayang baklasin
Mula sa pagkakatapako, o wasakin ito, gamit ang kanyang ulo.
Ang balbas niya tulad ng sa baka ay pula,
At hugis itong parang pala,
At sa tungki ng kanyang ilong
Nakaupo ang isang kulugo na may buhok
Umuusbong nang parang sa tenga ng pulang baka;
Ang kanyang mga buhok sa ilong ay itim.
Mayroon siyang sinturon, at espada sa kanyang tagiliran.
Malapad ang kanyang bunganga, parang nag-aapoy.
Parito't paroon silang nagyayabang, umaalulong
Ng mga patawang puno ng pagkamakasalanan at kadiring iskandalo.

Nagnakaw siya, at pinadami ng tatlong beses ang kanyang paghihirap,
Pero meron siyang gintong hinlalaki, totoo, singtotoo ng Diyos!
Puti ang kanyang kapa at asul ang takip sa ulo.
Sa mga fluta'y kaya niyang tumugtog nang masigla,
At siya nga ang musika ng aming pag-alis sa lungsod noong umaga.

May tagabili mula sa korte,
At maraming mamimili ang sa kanya'y pupunta,
Para malaman kung paano mabuhay ang isang tagabili.
Dahil anoman ang piliin niya, magbayad man o umutang
Lagi siyang nakakapagdiskarte nang tama
Na lagi siyang handa.
Ngayon hindi iyon regalo ng Diyos,
Na isang hindi nakapag-aral na tao'y maaangatan
Ang karunungan ng isang grupo ng mga aral na tao?
Dahil may amo siyang mas marami pa sa tatlumpu,
Eksperto sa batas at masipag din,
Isang dosena ang nakatira sa bahay
Bagay na tagabili para sa lupa at kita
Ng kahit sinong panginoon sa Inglatera na mapipili,
Na patirahin siya sa pamamagitan ng rentang mayroon siya,
Walang utang at may karangalan, kung hindi siya baliw,
O mabuhay nang simple kung iyon ang nais;
At kayang pamahalaan ang isang bayan
Anoman ang mangyari,
Maloloko silang lahat ng tagabiling ito.

Balingkinitan at iretable ang dating ng alkalde;
Maikli lagi ang ahit niya sa kanyang balbas;
Maikli ang kanyang buhok sa may tenga,
At maikli sa tuktok, parang sa pari;
Mahaba at payat ang kanyang mga binti, wala siyang alak-alakan
Para siyang baston.
Mahusay siyang mamahala ng imbakan ng palay;
Walang tagabilang na kaya siyang lupigin.

At kaya niyang estimahin sa pamamagitan ng tagtuyot at ulan
Ang kaya niyang makuha mula sa punla, at mula sa palay.
Ang mga kabayo, baboy, at bakang pag-aari ng kanyang panginoon,
Gatas, manok, tupa, at lahat-lahat na —
Ang mga bagay na ito’y kontrolado ng alkalde,
At narereport niya ang lahat dahil napapasinayaan niya ang lahat,
Dahil dalawampung taong gulang lamang ang kanyang panginoon.
Walang makakapagtago sa kanyang may utang siya.
Walang hepe, o hayop, ang hindi niya alam
Ang mga panloloko, kilala niya sila;
Kinakatakutan siya tulad ng kamatayan.
Nakatindig ang kanyang tahanan sa damuhan;
Sinisilungan ng mga luntiing puno sa lupa.
Pumupulot siya ng pera, mas mahusay pa sa kanyang panginoon,
Mayaman ang mga nakatagong kaha niya.
At pwede niyang pasiyahin ang kanyang amo sa pamamagitan ng pautang,
Makatanggap ng salamat, at damit at takip sa ulo!
Noong bata pa’y pinagsikapan niya
Matuto ng kalakal; naging siyang karpintero.
Itong alkalde’y may malaking kabayo;
Kulay abo ito at tinawag niyang Scot.
Sing-asul ng langit ang kanyang kapa,
At sa tagiliran mayroon siyang kalawanging espada;
Mula sa Norfolk ang alkaldeng ito, masasabi ko
Malapit sa bayang tinatawag na Baldeswell.
Tulad ng frayle nakapasok ang kanyang damit,
At lagi siyang sa dulo ng aming grupo nakaposisyon.

May tagapagpasunod kasama namin sa lugar na iyon,
Na mayroong maalab na pulang mukhang parang sa anghel,
Na may tagyawat, ang kanyang mga matang maliit at makitid;
Mainit siya at malibog tulad ng maya;
Maitim at galisin ang kanyang mga kilay, at madumi ang kanyang balbas;
Ang mukha niyang kinakatakutan ng lahat ng bata.
Walang asoge

O puting bakal o krema ang magagamit,
O kahit itong pampahid na panlinis,
Hindi maiwaksi ang kanyang mga puting tagyawat,
O ang mga burol sa kanyang pisngi.
Mahal niya ang bawang, at sibuyas din, at pechay,
At alak na simpula ng dugo at may hiwaga ang lakas.
Tapos parang baliw sisigaw siya nang matagal,
At pag ang alak sa loob niya ang may kontrol na,
Wala siyang ibang sasabihin kundi mga salitang Latin.
Mayroon siyang ilang parilala, dalawa o tatlo,
Mga bagay na natutunan niya mula sa kung saan —
Walang pagtataka, narinig niya ito buong araw;
Tsaka, isa pa, alam ninyo naman na kahit sinong ibon
Ang kayang umiyak ng kanyang “Wat!” tulad ng kung sinong papa.
Pero sa ibang bagay, tanungin ang taong ito,
Aba ay ubos na ang kanyang pamimilosopo:
At “*Questio quid juris*” ang kanyang iyak!
Disente siyang balasubas at mabait;
Mas mabuting tao hindi mo matatagpuan.
Kung may magbigay sa kanya ng kaunting alak,
Sa loob ng isang taon mayroon na siyang babae
Na hindi ginalaw. Pero hayaan siyang makahuli ng ulol na nagkakasala
At tuso niyang babalatan ito nang buhay.
At kung mayroon siyang naging kaibigan sa kung saan,
Tuturuan niya itong walang pakialalamanan
Sa kaso ng sumpa ng obispo —
Kung hindi nga lang nasa kanyang bulsa ang kanyang kaluluwa,
Dahil sa kanyang bulsa ang kanyang parusa.
“Ang bulsa mo — iyan ang impyerno ng obispo!” sabi niya.
Pero sa tingin ko nagsisinungaling siya;
Hayaang matakot ang mga taong nagkasala sa pagsumpa —
Pinapatay nila ang kaluluwa tulad ng pagliligtas ng mga sakramento;
Matakot din siya sa *significavit*.
Lahat ng bata sa parokya
Pwedeng takutin ng tao, o hayaang maging payapa,

Alam niya ang kanilang mga lihim, siya ang kanilang gabay.
May malahalimaw na bulaklak siyang nakaputong sa ulo,
Na mas bagay sa bahay-aliwan.
Pinagawan niya ang sarili ng sinturong tinapay.

Nagdala ang tagapagpasunod ng tagapagpatawad
Mulang Rouncyvalle, kanyang kaibigan
At katsokaran, nito lang ay galing sa mga korte ng Roma.
Maingay niyang inawit, “Halina, pag-ibig, halina!”
Baho ang bigay sa kaniya ng tagapagpasunod — magiting na tinig:
Walang trumpetang kayang tapatan ang ingay nito.
Ang tagapagpatawad na ito’y may dilaw na buhok,
Pero malambot itong nakalugay, parang halaman,
Hanggang leeg niya ito umaabot
Pati na sa kanyang balikat nakakalat;
Hibla-hibla itong nakahiga
Pero hindi nagtatakip ang taong ito ng ulo, para magsaya,
Ligtas ito sa kanyang bulsa;
Sa tingin niya nakikisabay siya sa uso;
Maluwag ang buhok, pwera sa sumbrero, walang laman ang kanyang ulo.
Nakatitig ang kanyang mga matang parang sa kuneho.
May nakatahi siyang halaman sa kanyang sumbrero.
Nakakandong sa kanyang mga hita ang kanyang pitaka,
Punong-puno ng mga pagpatawad mula sa Roma.
Sinliit ng sa kambing ang kanyang tinig,
Pero wala siyang balbas, ngayon at kailanman,
Pero ang kanyang mukha’y makinis na parang bang kakaahit lang;
Sa tingin ko ay kabayo siya.
Pero sa kanyang kalakal, mula Berwick hanggang Ware
Walang tagapagpatawad na kayang sabayan ang kanyang bilis.
Dahil sa kanyang lalagyan mayroon siyang takip ng unan
Na sabi niya ay takip sa mukha ng Birheng Maria;
Sabi niya may bahagi siya ng layag
Na ginamit ni Pedro nang maglakad siya sa dagat
At iniligtas siya ni Hesus, dahil maawain si Hesus.

May krus siya ng tanso na may disenyong bato,
At sa baso'y may isang dangkal na buto ng baboy.
Pero ang mga antigong itong hawak niya
Kumpara sa isang paring nakatira sa lupain,
Isang araw kaya niyang pagkakitaan
Nang higit sa kaya ng pari sa loob ng isa o dalawang buwan.
At kung gayon gamit ang mga panloloko at pambobola
Nalinlang niya pareho ang pari at parokya.
Pero sabihin natin, para lumabot ang katotohanan,
Sa simbahan mahusay siyang bahagi;
Magaling siyang magbasa ng aral o kwento,
Pero pinakamahusay ang kanyang pagkanta;
Dahil alam niyang pag naawit na awit
Kailangan na niyang magsermon, at hasain ang kanyang dila
Para sa pilak, na kayang-kaya niya nang buong tuso —
Kung kaya malakas siyang kumanta at masaya.
Ngayon sa ilang salitang inihanda ko para sa iyo

Bilang, suot, at ranggo, sinabi rin
Kung saan sila galing bago sumama sa aming grupo
Sa Southwark, dito sa dakilang umpukan,
Ang Tabard, na katabing-katabi ng Bell.
Pero dumating na ang panahon para sabihin ko
Kung paano kami kumilos noong gabi
Na dumating ang lahat sa umpukan;
Pagkatapos sasabihin ko kung ano ang nangyari sa daan.
At lahat ng nangyari sa aming paglalakbay.
Pero akin munang hihilingin ang iyong pasintabi
Na hindi mo ako titingnang bastos
Kung buong-buo ang aking pagkwento
Tungkol sa kanilang gawi at paraan ng pakikipag-usap,
At sasabihin ko ang kanilang mga eksaktong salita;
Dahil alam ko ito—at malamang alam mo—
Na kung sino ang magkwento tungkol sa isang tao
Dapat niyang ulitin nang lubos ng kanyang makakaya

Ang sinabi, at bawat salita ay isama,
Kahit na marami sa kanyang isusulat ay bulgar at bastos;
Kung hindi ay gagawin niyang hindi makatotohanan ang kwento,
Mag-imbento, o hubugin nang bago ang mga salita.
Wala siyang dapat alalahanin, kahit tungkol sa kanyang kapatid.
O magdagdag kung tungkol sa iba.
Dahil si Kristo mismo simpleng magsalita sa banal na aklat;
Alam ninyong walang bastos dito.
At sabi ni Plato, sa kahit sinong marunong magbasa,
Na ang mga salita'y pinsan ng gawa.
At hinihiling ko ring patawarin ninyo ako
Na sinubukan ko silang gayahin
Ang mga tao sa kwentong ito, kung paano sila tumayo;
Wala akong kaunting sisteng maaaring gamitin.

Masaya ang pagbati sa amin ng punong-abala ng umpukan,
At agad kaming pinakain ng hapunan,
Ang pinakapiling ulam ang inilatag niya sa hapag:
Malakas ang alak at masarap sa aming panlasa.
Ang punong-abala, may hiyang tao, ay malusog
Sapat para maging bantay sa kainan,
Dahil malaki siya, may mga matang maliwanag:
Sa Cheapside walang mas patas na mangangalakal na kilala.
Matapang siyang magsalita, marunong at may pinag-aralan;
Sa madaling salita, tungkol sa pagkalalake walang wala sa kanya.
At isa pa, masiyahin siya
At nang matapos ang kainan, nagsimula
Siyang magpatawa tungkol sa mga bagay-bagay
(Pagkatapos naming magtuos),
At sabi niya, "Mga panginoon, sigurado
Kayong gusto namin kayo dito;
Sumpa ko, sinasabi ko'y totoo
Wala pa akong nakikilalang sinsayang kasama
Ngayong taon sa bahay ko kumpara sa araw na ito.
Malugod ko kayong papasarapan kung alam ko lang kung paano.

Pero teka lang—may naisip akong paraan
Na magbigay sa inyo ng ligaya, nang hindi kayo nagbabayad.
Pupunta kayo ng Canterbury—iadya nawa ng Diyos!
Nang may gantimpala pagpalain kayo ng martir!
At alam kong habang kayo’y naglalakbay
Na magkukwentuhan kayo, o mapupunta sa paglalaro at kanta.
Dahil tunay na walang ligaya o lambing
Sa paglalakbay sa daan habang tahimik;
At kung gayon gagawa ako ng hamon para sa inyo
Para mapuno ang inyong byahe ng isang uri ng sarap.
At ngayon, kung isa at lahat, gusto ninyo
At gagawin ng bawat isa ang sasabihin ko
Tatanggapin ang aking paghuhusga,
Bukas, habang tayo’y nakasakay sa kabayo,
Kung gayon sa ngalan ng kaluluwa ng patay ko nang ama,
Magiging masaya kayo, o ibibigay ko ang aking ulo!
Itaas ang mga kamay ninyo, ngayon din, tama na ang talak!”

Kaunting panahon lang ang kailangan para marating namin ang
pagkakasundo.

Wala kaming nakitang dahilan para sa argumento,
Pero agad-agad ibinigay ang aming pagsang-ayon,
At hiniling sa kanyang hubugin ang husga kung paano niya nais.

“Mga panginoon,” sabi niya, “pakinggan ngayon ang aking ideya
Pero wag sang-ayunan man o hindi, wag itong pakinggan nang mababa ang
tingin sa akin;

Ito ang punto, sa madaling sabi:

Bawat isa, para maging mabuti ang paglalakbay,
Dalawang kwento ang ibabahagi —
Papunta sa Canterbury. At bawat isa sa inyo
Pauwi ay dalawang kwento pa ang isasalaysay,
Tungkol sa mga kaganapang nangyari noon pa.
At siyang pinakamahasag ang kwento —
Iyon nga, iyong pinakamaganda ang kwento

Sa tubo at sa magaang na pagkuha ng atensyon,
Ay may libreng hapunan (kami ang magbabayad),
Dito sa lugar na ito, katabi ng posteng ito,
Pag galing na tayo sa Canterbury.
At para mas maging masaya kayo
Sa paglalakbay, kasama ako,
Ako ang gagastos, para maging inyong gabay.
At kung sino man ang hahamon sa aking paghugsa
Ang siyang gagastos sa ating paglalakbay.
At kung susundin ninyo ako sa bagay na ito,
Sabihin sa akin sa kaunting salita, para makaalis na ako
At maplano ang mga gawain nang bagay sa inyong kailangan.”

At pumayag kami, at sumumpa sa pagsang-ayon
Nang maalwan ang loob, at pinaunlakan siya na magserbisyo—
Na magiging siyang aming gobernador, at pag-iisipan
At huhusgahan ang mga ikukwento namin,
At magpepresyo ng hapunan,
Kaming lahat ay kanyang pamumunuan,
Sa malalaki at maliit na bagay. Kaya bawat isa
Sinang-ayunan namin ang kanyang plano.
At pinakuha ang alak, at bawat bisita
Ay uminom agad-agad, at saka nagpahinga,
At wala nang nagpatagal pa.

At sa umaga, sa pagsikat ng araw,
Bumagon ang punong-abala ng umpukan, pinaglaruan ang kanyang
tandang,
At tinipon kaming parang mga tupa,
At nagsimula ang aming paglalakbay, halos lamang gumagalaw sa tamang
direksyon,
Hanggang maabot namin ang St. Thomas' watering.
At doon ang aming punong-abala'y pinatigil ang mga kabayo,
At sabi niya, “Ngayon, mga panginoon, makinig muli sa akin;
Dito ko ipapaalala ang inyong usapan.

Kung sasang-ayunan ng awit ng gabi at awit ng umaga,
Hayaan nating makita kung sino ang unang magkukwento!
At iinom ako ng alak
Kung may kumontra sa akin sasabihin
Ang siyang magbabayad ng lahat ng ating gagastusin buong byahe.
Ngayon maglaro tayo ng maalis taya,
At kung sino ang taya ang magsisimula.
“Ginoong Kabalyero,” sabi niya, “panginoon ko at amo,
Sige na. Ikaw din, mahal kong Madre,
At ikaw, Ginoong Iskriba, wag nang mahiya!
Wag kang mag-aral d’yan. Halina, bawat isa!”
At naglaro kami ng maalis taya
At kung pagkakataon man o hindi
Ang katotohana’y ito — ang taya ay ang kabalyero;
At lahat ay walang pakialam at masaya.
At ayon lang sa katwiran di niya pwedeng tanggihan
Ayon sa pinag-usapan, dapat siyang magkwento,
Tulad ng narinig ninyo — ano pa ba ang kailangang sabihin?
At nang makita ng mabuting taong ito kung ano ang ano,
Tulad ng isang nagdesisyon na ayon sa hiya,
May napag-usapan, kaya para manatiling masaya,
Sabi niya, “Dahil ako ang magsisimula ng laro,
Halina, sa ngalan ng Diyos!
Halina at maglakbay tayo, at makinig sa aking sasabihin.”
At sa salitang iyon, bumyahe na kami,
At masaya ang pakiramdam, nagsimula ang kabalyero
Na ikwento ang kanyang kwento.

*Dito nagtatapos ang prolog ng librong ito;
at dito nagsisimula ang Unang Kwento,
na ang Kwento ng Kabalyero.*

Sa pangkalahatan, literal ang pagsasalin at sinubukang sundan ang syntax ng Ingles. Pero mayroong ding mga taludtod na nagbigay ng sapat na oportunidad para magtugma. Ang layunin ay makapagsulat ng mga pangungusap na tour de force, iyon bang napakaraming taludtod pero wala pa palang tuldok na sumusulpot, dahil nga isang pangungusap lamang.

Nang si Zephyr gamit ang kanyang mabangong hininga

“Zephyr” ang salin sa “Zephyr” dahil ito ay proper name, at ito ang naging palisi sa kabuuan, *pero* may mga pagkakataon ngang hindi, halimbawa sa kaso ng Espanya at dito rin sa “Tupa,” na “Ram” (“Kambing” pa nga ang unang salin, dahil sa popular na kultura’y may sungay ang Ram na ugnay sa Zodiac).

Handang simulan ang aking paglalakbay

“Paglalakbay” ang ginamit na salin sa “pilgrimage” dahil masyado nang hindi sanay ang iniisip na mababasa sa “peregrinasyon.” Bagaman sa lebel ng sintaks ay nais maging eksperimental, sa lebel ng salita’y medyo konserbatibo ang aking pananaw, at kailangang maging malinaw ang mga termino, dahil kung eksperimental na nga ang sintaks at obskyur pa ang mga salita; baka hindi na pagtyagaan.

Mayroong kabalyero, aristokrato,

Kabalyero ang piniling salin sa “knight,” dahil hindi espesipiko ang “mandirigma” at nakakalito ang “najt” (dahil pwede itong maging gabi, i.e. “gud najt”).

Mali ang kulay kung saan humiga ang kanyang baluti,

Pinag-isipan nang mabuti kung tama bang “baluti” ang gamitin para sa “armor.” Kung tutuusin ang baluti ay isang uri lamang ng armor, “light armor” sa aking pananaw. Mas madali ring ipasok ang “armor” sa wikang Filipino dahil hindi ito wirodong tingnan dahil hindi kailangang irespell. Pero

sa kasong ito’y “baluti” nga ang ginamit, dahil hindi naman espesipiko ang tula kung anong uri ng armor ang ginamit ng Kabalyero, kung chain mail ba o gawa sa balat.

Mayroon silang escudero, ang kanyang anak —

Ginamit ang “escudero” dito para magamit ang “katulong” para sa “yeoman” sa ibaba.

Kumikinang ang pilak ni Saint Christopher sa kanyang dibdib.

Ginamit pa rin ang “Saint Christopher” dito kahit na “San Loy” at “San Julian” ang ginamit sa iba dahil hindi tulad ng “Juan” para sa “John,” hindi ako makatagpo ng katumbas sa Filipino ng “Christopher” at pangit sa tenga ang “San Christopher,” (hindi tulad sa kaso nila Loy at Julian na “tunog Filipino”).

Meron ding madre, madre superyora,

Ginamit ang “madre” para sa “prioress,” bagaman sa parehong linya’y pinaalala ang pagiging pinuno ng madre sa pagdagdag ng “madre superyora” imbes na ang unang ginamit na “pinuno ng mga madre.”

Sinusundan ng Amor Vincit Omnia.

Pinanatili sa Latin ang “amor...” upang mapanatili ang dating ng misteryo at aura sa teksto.

May isa pang madreng kasama sa kanyang grupo,

“Madre” din ang ginamit para isalin ang “nun.”

May monghe doon, maputing parang kapapanganak pa lamang,

“Monghe” ang ginamit para sa “monk.” Ang “hunter” naman ay isinalin bilang “mangangaso.”

Mayroong frayle, walang pakundangan at maligaya,

“Frayle” ang ginawang salin sa “friar.”

Sunod, kakaiba ang damit, dumating ang mangangalakal,

“Mangangalakal” ang salin sa “merchant.” Pinanatili ang “Flanders beaver” kahit na hindi ito pangalan ng tao o lugar.

May estudyante mula sa bayan ng Oxford,

“Estudyante” ang salin sa “student.” Ang seksyong ito’y halimbawa ang mga kakaibang dyamanteng naeengkwentro sa pagsasalin. “Siya mismo hindi matatawag na mataba” na direktang salin mula sa Ingles, para sabihing payat ang isang tao. Pinanatiling “Aristotle” imbes na “Aristoteles” ang pangalan ni Aristotle.

May sinturong sutla, mga linya ang disenyo:

Halimbawa ang “may sinturong sutla, mga linya ang disenyo” ng sinasabi kong pagbabalentong ng Filipino sa pagsubok sumunod sa Ingles. Sa ganitong paraan nagagawa ng isang wika ang hindi pa niya nasusubukan, o di madalas gawin.

Dumating kasama niya ang isang may-ari ng lupa;

Imbes na gamitin ang “franklin,” minabuting ilarawan ang kanyang ginagawa. Hindi naman “panginoong may lupa” ang franklin. Maliit lang siya, at naisip ngang gamitin ang “kulak,” kaso ang kulak ay mas masalimuot ang kahulugan, at nakatali sa kulturang Ruso.

May manghahabi, nagpipinta, at gumagawa ng muebles

Ginamit ang “gumagawa ng muebles” para sa “upholsterer” dahil iyon naman ang kanyang ginagawa. Naisip ko kung pwede ang -ero o -or para

paglikha ng nawn para sa uri ng tao na ang trabaho’y isang verb (iyon nga, mangarpintero, magpinta), tulad din ng -er sa Ingles. Mweblesero, halimbawa.

Papakuluan ang kanilang tinola ng buto,

“Tinola” ang ginamit para sa ilulutong manok. “London” ang ginamit imbes na “Londres.”

May marinong galing sa Kanluran,

“Marino” ang ginamit para sa “seaman,” dahil sa mapaglaro nitong konotasyon (“sisid-marino,” atbp.) na sa tingin ko ay maaaring magkagamit sa tekstong ito ni Chaucer na mapaglaro din, at kadalasang nang-uuyam.

May doktor na kasama rin namin.

“Doktor” ang ginamit para sa “doctor of physic,” na sa unang akala ay physicist. Hindi pala. “Physique” siguro ang tinutukoy ng “physic.”

May mabuting may-bahay doon, namamahay malapit sa lungsod

Ginamit ang “may-bahay ng Bath” para sa “wife of bath.” Kinonsider din ang “babae ng Bath” bilang homage sa “mabuting babae ng Timog” ni Jose Dalisay, na homage naman niya sa “good woman of Setzuan” ni Brecht. Sa huli, mas bagay talaga ang “may-bahay” para sa “wife.”

May pastor din, na mayroong gamot

“Pastor” ang ginamit imbes na “klerigo,” para sa “parson.” Mas bagay ang “klerigo” sa nakasarang templo sa bundok, samantalang ang “parson” ay nakikisalamuha sa tao.

Habang lumisan siya papuntang London, papunta sa San Pablo,

Tulad ng “Kristo” para sa “Christ,” “San Pablo” ang ginamit para sa “Saint Paul,” pero “London” imbes na “Londres” ang itinawag sa lugar.

Kasama niya ang kanyang kapatid, isang simpleng magsasaka,

“Magsasaka” ang ginamit para sa “plowman.” Naisip din ang “mambubungkal.”

At tagapagpasunod, tagabili, at tagapagpatawad.

Bagay na bagay ang unlaping “taga” para pantayan ang “-er” ng Ingles sa paggawa ng mga nawn.

Malapad ang kanyang mga balikat, magaspang;

Ang freys na “Malapad ang kanyang mga balikat, magaspang,” ay halimbawa ng pagbabalentong ng Filipino sa literal na pagsunod sa Ingles.

May tagabili mula sa korte,

Ang korteng ito’y ang “Inn of Court.” “Tagabili” ang ginamit para sa “manciple,” dahil ito naman ang ginagawa ng manciple, ang bumili ng mga suplay para sa isang institusyon (halimbawa, monasteryo, at sa kasong ito nga, korte).

Balingkinitan at iretable ang dating ng alkalde;

“Alkalde” ang ginamit para sa “reeve,” na siyang presidente ng lokal na konseho, i.e. isang maliit na opisyal.

May tagapagpasunod kasama namin sa lugar na iyon,

“Tagapagpasunod” ang ginamit para sa “summoner.” Sa aking pagkakaintindi, siya iyong may bersyon sa Estados Unidos ngayon na may ibinibigay na papeles sa isang idinemanda tapos magsasabing, “You’ve been

served.” Naisip ko ring gamitin na lang ang “abogado,” pero hindi ito tumpak. Siguro nga’y may merit ang paggamit ng “taga-usig,” pero may elemento ng pagkompel sa napili kong “tagapagpasunod” kaya ito ang pinanatili ko.

Nagdala ang tagapagpasunod ng tagapagpatawad

“Tagapagpatawad” ang ginamit para sa “pardonier.”

Pinanatili ang “Rouncyvalle,” samantalang “Roma” ang ginamit para sa “Rome.”

“Katsokaran” ang ginamit para sa “peer.”

Sa Southwark, dito sa dakilang umpukan,

“Umpukan” ang ginamit para sa “hostelry.” Ito talaga ay sinadyang “malayong salin,” na sa tingin ko ay magbibigay ng ibang kulay sa “tales” na siyang kinukwento dito sa *Canterbury Tales*. Isa, syempre, sa mga nangyayari sa umpakan ay ang pagpapalitan ng kwento at kuro-kuro.

(Pagkatapos naming magtuos),

“Magtuos” ang ginamit para sa “paid our reckonings.” “Iadya nawa ng Diyos” ang ginamit para sa “God speed.” Ang dalawang ito ang halimbawa ng akmang-akmang salin mula Ingles papuntang Filipino.

“Mga panginoon,” sabi niya, “pakinggan ngayon ang aking ideya

“Panginoon” ang salin sa “master,” bagaman itinuturing na tama lang na gamitin mismo ang “master” sa Filipino.

Nang maalwan ang loob, at pinaunlakan siya na magserbisyo —

“Maalwan ang loob” ang ginamit para sa “glad hearts.”

At tinipon kaming parang mga tupa,

“Parang tupa” ang salin sa “in a flock.” Ginawang simili ang metafor.

Hanggang maabot namin ang St. Thomas’ watering.

Pinanatili ang “St. Thomas’ watering” imbes na gawing “tubigan ni Santo Tomas” sa paniniwalang pangalan ng lugar ang buong freys (at kung gayon ay dapat panatilihin sa Ingles).

Dito nagtatapos ang prolog ng librong ito;

“Prolog” ang ginamit para sa “prologue,” imbes na “prologo,” sapagkat hindi na namang ginagamit ang “prologo” sa kontemporaryong diskurso/naratibo, at nagbubukas ang “prolog” ng pag-unlad ng wika.

Mga Bilangguan: Krimeng Panlipunan at Kabiguan

Emma Goldman (salin ni U Z. Eliserio)

(Tala ng nagsalin: May apat na punto si Goldman. Una, hindi nakakatulong ang mga preso sa pagpigil sa krimen, hindi sapat ang takot sa pagkakulong para umiwas sa krimen ang kriminal. Pangalawa, iba-iba ang dahilan kung bakit lumalabag sa batas ang isang tao, hindi niya kontrolado ang mga salik na ito. Pangatlo, hindi nakakapagreporma ang mga bilangguan, lalo lang nilang pinapalala ang mga preso. Pang-apat, dapat buwagin na ang institusyon ng bilangguan dahil hindi lang ito walang kwenta, nakakapinsala pa ito sa bilanggo, at sa lipunan mismo. Ang orihinal na teksto ay nasa public domain na.)

Noong 1848, isinulat ni Fyodor Dostoevsky sa pader ng kanyang selda ang kwento ng *Ang Pastor at ang Demonyo*:

“Kumusta, Tatay Taba,” sabi ng demonyo sa pastor, “Bakit ka nagsinungaling sa mga kawawang tao? Ano-anong paghihirap sa impyerno ang iyong inilarawan? Hindi mo ba alam na naghihirap na sila dito sa lupa? Hindi mo ba alam na ikaw at ang mga awtoridad ng Estado ang mga kinatawan ko sa daigdig? Ikaw ang sanhi ng mga paghihirap nila habang binabantaan sila tungkol sa impyerno! Hindi mo ba ‘to alam? Bueno, sumama ka sa akin!”

Hinablot ng demonyo ang kwelyo ng pastor, inilipad siya, at dinala sa isang pabrika. Nakita niya roon ang mga manggagawa, tumatakbo, nagmamadali, naghahirap sa init. Agad-agad hindi kinaya ng pastor ang makapal at mabigat na usok, at ang init. Nang may mga luha sa kanyang mga mata, nakiusap siya sa demonyo: “Pakawalan mo ako! Hayaan mong lisanin ko ang impyernong ito!”

“Ah, kaibigan, mas marami pa akong lugar na ipapakita sa iyo.” Binuhat siya ulit ng demonyo at kinaladkad sa isang sakahan. Nakita niya roon ang mga magsasaka, isinusubo ang palay sa thresher. Walang patawad ang alikabok at init. May pamalo ang kabesa, at walang awang binubugbog ang sinomang mabuwal dahil sa pagod o gutom.

Sunod nito’y dinala ang pastor sa kubo ng mga magsasaka kung saan sila naninirahan kasama ang kanilang pamilya—marumi, malamig, mausok ang mga butas na ito. Ngumisi ang demonyo. Itinuro niya ang kahirapan at pagdurusa na tahanan itong kubo.

“Hindi pa ba sapat ito?” tanong ng demonyo. Para bang pati siya, ang demonyo, naaawa na sa mga tao. Hindi na matiis ang tagasunod ng Diyos ang lahat ng ito. Nang nakataas ang mga kamay, nagmakaawa siya: “Hayaan mo akong lumisan dito. Oo na, oo na. Ito ay impyerno sa lupa!”

“Nakikita mo. Pero pinapangakuan mo pa rin sila ng isa pang impyerno. Pinapahirapan mo sila, pinagdurusa ang isipan habang halos katawan na lang nila ang hindi patay! Halina! Papakitaan kita ng isa pang impyerno—isa pa, ang pinakamalala.”

Dinala ng demonyo ang pastor sa isang bilangguan. Mapanghi ang hangin sa lugar, kayraming tao, walang kalusugan at enerhiya, nakahiga sa sahi, ginagapangan ng mga dagang nilalamon ang kanilang kawawa, hubad, at payat na mga katawan.

“Hubarin mo ang mga damit mong gawa sa seda,” sabi ng demonyo sa pastor, “isuot mo ang mga kadena tulad nila; humiga ka sa malamig at maduming sahi—at sabihan mo sila tungkol sa impyernong naghihintay sa kanila!”

“Hindi, hindi!” sagot ng pastor. “Wala na akong maisip pang mas karumal-dumal dito. Nagmamakaawa ako sa iyo, hayaan mo akong lumisan!”

“Oo, ito ang impyerno. Wala nang mas lalala rito. Hindi mo ba alam? Hindi mo ba alam na ang mga lalake at babaeng itong pinagbabantaan mo

ng impyerno—hindi mo ba alam na nasa impyerno na sila, bago pa man sila mamatay?”

Isinulat ito limampung taon na ang nakalilipas, sa malagim na Rusya, sa pader ng isa sa pinakamalalang bilangguan. Pero sino ang makakapagkaila na pareho din itong masasabi, nang may katumbas na pwersa, sa kasalukuyang panahon, kahit sa mga bilangguan ng Estados Unidos?

Ipinagamalaki natin ang mga reporma, ang mga dakilang pagbabagong panlipunan, at ating mga bagong tuklas na bagay, pero patuloy pa ring ipinapadala ang mga kapwa tao natin sa pinakamalalang impyerno, kung saan sila dinudusta, ipinapahiya, at pinapahirapan, para lang “ipagtanggol,” kuno, ang lipunan mula sa mga multong ito lang din mismo ang may likha.

Ang bilangguan, pagtatanggol sa lipunan? Anong mala-halimaw na isip ang nagsabi ng ideyang ito? Para na ring sinabing maaaring magpalakas ng kalusugan ang kumakalat na peste.

Pagkatapos ng labing-walong buwan ng lagim sa isang presong Briton, iniluwal ni Oscar Wilde sa mundo ang dakilang obra maestra niya, *Ang Awit ng Bilangguan Reading*:

*Ang mga pinakabuktot na gawain, tulad ng mga lasong damo
Yumayabong sa hangin ng bilangguan;
Tanging ang mabuti sa tao
Ang nalalanta dito.
Ang maputlang Takot ang bantay
Kasama ang Kawalan ng Pag-asa.*

Pinapatagal pa ng lipunan ang nakakalasang hangin na ito, hindi natatantong wala itong magiging bunga kundi lason din.

Sa kasalukuyang panahon, ayon kay W. C. Owen sa kanyang *Krimen at mga Kriminal*, gumagastos tayo ng \$3,500,000 kada araw, \$1,000,095,000 kada taon, sa pagpapanatili ng mga bilangguan; at ito’y sa isang demokratikong bayan,—yamang halos kasinlaki ng nakukuha mula sa palay, na ang halaga’y \$750,000,000, o ng mula sa uling, na ang halaga’y \$350,000,000. Sa estima ni Propesor Bushnell ng Washington, D.C., ang halaga ng mga bilangguan ay \$6,000,000,000 kada taon, samantalang si Dr. G. Frank Lydston, tanyag na manunulat tungkol sa krimen sa Estados Unidos, sinasabing \$5,000,000,000

kada taon ang nagagastos natin. Gumagastos ng pagkalaki-laki para magpanatili ng ubod ng laking hukbo ng mga taong nakahawla!

Pero tumataas ang bilang ng krimen. Matutuklasan nating sa Estados Unidos may apat at kalahating krimen kada isang milyong tao, samantalang isang krimen kada isang milyong tao lang ang mayroon dalawampung taon lang ang nakalilipas.

Ang pinakanakakatakot na aspekto, ang pambansang krimen natin ay pagpatay, hindi pagnanakaw, hindi pandarambong, o panggagahasa, tulad sa Katimugan. Limang beses ang laki ng London sa Chicago, pero merong isang daan at labingwalong pagpatay kada tao sa huli, samantalang dalawampung lang sa London. At hindi man lang Chicago ang nangungunang syudad pagdating sa krimen, pampito lang ito sa listahan, na pinangungunahan ng apat na syudad mula Katimugan, saka ng San Francisco at Los Angeles. Nang nasa isip ang nakakatakot na sitwasyong ito, katatawanang magpatuloy lang sa pagdada tungkol sa nakukuhang proteksyon ng lipunan mula sa mga bilangguan.

Mabagal tumanggap ng katotohanan ang pangkaraniwang isip, pero kapag napatunayang pangkalahatan ang pagkabigo ang isa sa pinakaorganisado at sentralisadong institusyon, na ginagastusan ng napakalaki ng bayan, kukwestyonin kahit ng pinakabobo ang karapatan nitong umiral. Tapos na ang panahon kung kailan pwede tayong makuntento sa sitwasyon ng lipunan dahil ito ang “loob ng langit,” o dahil ito ang batas.

Patunay ang mga malawakang imbestigasyon sa mga bilangguan, ang pagbubuliglig, at pagkalat ng impormasyon sa mga nakalipas na tao na natututo na tayong humukay hanggang sa pinakailalim ng lipunan, hanggang sa pinakamalalim na sanhi ng nakakatakot na pagkakaiba ng indibidwal at panlipunang buhay.

Kung gayon, bakit krimeng panlipunan at kabiguan ang mga bilangguan? Para masagot ang tanong na ito, kailangan nating alamin ang kalikasan at sanhi ng mga krimen, ang mga paraang ginagamit para tugunan sila, at ang mga epekto ng mga paraang ito sa pag-alis ng krimen sa lipunan.

Una, tungkol sa *kalikasan* ng krimen:

Apat ang kategorya ng krimen ayon kay Havelock Ellis: ang pulitikal, ang nakabatay sa pasyon, ang dulot ng kabaliwan, at ang okasyonal. Ayon sa kanya, ang pulitikal na kriminal ay biktima ng pagtatangka ng isang mapaniil

na gobyerno na panatilihin ang katatagan nito. Ang kriminal na ito’y hindi naman kailangang may sala, may ginawang paglabag na laban sa lipunan; imbes, sinusubukan niyang baliktarin ang isang kaayusang pulitikal na tunay na laban sa lipunan. Kinikilala ang katotohanang ito sa buong mundo, pwera na lang sa Estados Unidos, kung saan nananatili ang kalokohang walang lugar sa isang Demokrasya ang mga pulitikal na kriminal. Si John Brown ay pulitikal na kriminal; gayundin ang mga Anarkista ng Chicago; gayundin ang bawat kasali sa isang strike. Dahil dito, ayon kay Havelock Ellis, ang tinatawag na pulitikal na kriminal sa ating panahon ay maaaring maging bayani, martir, santo ng ibang panahon. Tinatawag ni Lombroso ang pulitikal na kriminal bilang tunay na ninuno ng kilusang nagpapayabong sa sangkatauhan.

Mababasa natin sa *Ang Kriminal* ni Ellis: “Ang kriminal dahil sa pasyon o marubdob na damdamin ay kadalasang taong mabuti ang pamilya at tapat ang buhay, na dahil napwersang isang malaki at hindi karapat-dapat na mali ay inilagay ang hustisya sa sariling kamay.”

Sa *Ang Panganib ng Pulis*, ikinuwento ni G. Hugh C. Weir, ang kaso ni Jim Flaherty, kriminal dahil sa pasyon, na, imbes na iligtas ng lipunan, ay naging lasenggo at pabalik-balik sa kulungan, na nagbunga ng wasak at mahirap na pamilya.

Mas kaawa-awang uri si Archie, ang biktima sa nobelang *Ang Pagbabago ng Balanse* ni Brand Whitlock, ang pinakamahasag na pagpapaliwanag ng proseso ng kriminalidad sa Estados Unidos. Higit pa kay Flaherty, itinulak si Archie ng malupit na kalawang-hiyaan ng kanyang kapaligiran at ng walang konsensyang panghahabol ng makinarya ng batas sa krimen at kamatayan. Sina Archie at Flaherty ay mga kinatawan lamang ng libo-libo, pinapakita kung paanong ang mga legal na aspekto ng krimen, at ang mga metodo ng pagsagot dito, ang tumutulong para likhain ang sakit na nagpapalugmok sa buong buhay panlipunan natin.

Muli, ayon kay Ellis: “Ang baliw na kriminal ay hindi talaga maaaring ituring na kriminal, dahil pareho lang sa bata o hayop ang kanyang pag-iisip.”

Kinikilala na ito ng batas, pero sa iilang kaso lamang, katulad nang pag mayaman ang maysala. Uso na ngayon ang maging biktima ng paranoia. Pero sa kabuuan ang “soberenya ng katurungan,” patuloy na pinarusuhan ang mga baliw na kriminal. Iniuulat ni G. Ellis ang estadistikang nakalap ni

Dr. Richter na nagpapakitang sa Alemanya isang daan at anim na baliw mula sa isang daan at apatnapu't apat ang pinarusahan nang matindi.

Ang okasyonal na kriminal, “kinakatawan ang pinakamalaking bahagi ng populasyon ng ating mga bilangguan, at kung gayo’y pinakamalaking panganib sa katiwasayan ng lipunan.” Ano ang sanhi na siyang pumipilit sa isang hukbo ng tao na pasukin ang krimen, na piliin ang karumal-dumal na buhay sa loob ng mga pader ng bilangguan kesa ang buhay sa labas? Syempre ang sanhing ito’y bakal na amo, na walang ibinibigay na paraan para makatakas sa mga biktima nito, dahil kahit ang pinakakawawang tao’y mahal ang kalayaan.

Kinukundisyon ng ating panlipunan at ekonomikong kaayusan ang nakakatakot na pwersang ito. Hindi ko kinakaila ang biyolohikal at sikolohikal na salik sa paglikha ng krimen; pero wala namang mag-aaral ng krimen ang hindi tatanggaping ang mga panlipunan at ekonomikong impluwensya ang pinaka-walang patawad, ang pinakanakakalasang binhi ng krimen. Sabihin nang may mga panloob na salik sa kriminalidad, hindi ibig sabihin nito’y ang mga salik na ito’y yumayabong dahil sa ating kapaligiran.

May malapit na ugnayan, ayon kay Havelock Ellis, sa pagitan ng krimen laban sa isang tao at ang presyo ng alak, ng krimen laban sa mga ari-arian at ang presyo ng palay. Binabanggit niya sina Quetelet at Lacassange. Tinitingnan ng una ang lipunan bilang tagahanda ng krimen, at ang mga kriminal naman ang tagapaghasik. Ang huli, ayon kay Ellis, natuklasang “ang panlipunang kapaligiran ang lugar kung saan sinasaka ang kriminalidad; ang kriminal ay elemento na nagiging importante lamang dahil sa pataba ng lipunan; *bawat lipunan nakukuha ang kriminal na karapat-dapat dito.*”

Sa panahon ng “pinakamaunlad” na industriya, imposible para sa isang manggagawang makasahod nang sapat para sa kanyang kalusugan at lakas. At dahil ang pag-unlad na ito’y sa imahinasyon lamang, libo-libo ang idinadagdag sa hukbo ng walang trabaho. Mula Silangan hanggang Kanluran, mula Timog hanggang Hilaga, naghahalukay ang hukbo na ito ng trabaho at pagkain, at ang tangi nilang natatagpuan ay kaiskweteran. Iyong mga katiting na dignidad, pinipili ang lantarang paglabag, pinipili ang krimen sa buto’t balat na sitwasyon ng kahirapan.

Estima ni Edward Carpenter na lima sa anim na naisasakdal na krimen ay may kinalaman sa paglabag ng mga karapatan sa pag-aari, pero masyadong

mababa ang estimang ito. Kung lubos-lubusan ang imbestigasyon, mapapatunayang siyam sa sampu ay idinudulot, direkta man o hindi, ng ating hindi pagkapantay-pantay sa ekonomiya at lipunan, sa sistema nating walang awa ang pagsasamantala at pagnanakaw. Walang kriminal na sa sobrang kaboboha’y hindi kinikilala ito, bagaman hindi niya maipaliwanag.

Isang koleksyon ng pilosopiyang kriminal, na kinakalap nina Havelock Ellis, Lombroso, at iba pang natatanging tao, ang nagpapakita na nararamdaman ng isang kriminal na lipunan ang tumutulak sa kanya sa krimen. Sabi sa isang magnanakaw na taga-Mila kay Lombroso: “Hindi ako nagnanakaw. Kinukuha ko lang mula sa mga mayaman ang labis-labis sa kanila. Isa pa, hindi ba’t nagnanakaw ang mga negosyante?” Sulat ng isang mamamatay-tao: “Alam kong karamihan sa tinatawag na mahusay ng lipunan ay bisyo ng mga tamad, kaya naisip kong ang lantarang pambubugbog sa isang mayama’y mas may karangalan pa sa panlolokong ito.” Sulat pa ng isa: “Ikinulong ako dahil nagnakaw ng kalahating dosenang itlog. Pinaparangalan ang mga ministrong nagnakaw ng milyon-milyon. Kawawang Italya!” Sabi naman ng isang edukadong preso kay G. Davitt, nakasipi sa *Ang Kriminal* ni Ellis, “Binalangkas ang mga batas ng lipunan para mahawakan ang kayaman ng mundo ng mga tuso at makapangyarihan, sa pamamagitan nito napagkakaitan ang mas malaking bahagi ng sangkatauhan ng mga karapatan at pagkakataon. Bakit ako paparusahan sa pagkilos tulad nilang kumuha nang higit sa nararapat lamang?” Dagdag pa ng taong ito: “Ninanakawan ng relihiyon ang kaluluwa ng kalayaan; ang patriotismo’y hangal na pagsamba sa mundo kung saan ang kalusugan at kapayapaan ng mga nakatira dito’y isinakripisyo ng mga pinagtutubuan ito, samantalang ang mga batas ng bayan, sa pagsupil sa mga natural na pagnanasa, nakikipagdigmaan sa espiritu ng batas ng ating pag-iral. Kumpara dito,” konklusyon niya, “may karangalan sa pagnanakaw.”

Tiyak ito, mas may katotohanan pa sa pilosopiyang ito kumpara sa mga libro ng batas at moralidad ng lipunan.

Ito ang mga ekonomiko, pulitikal, moral, at pisikal na salik ng krimen, paano hinaharap ng lipunan ang sitwasyong ito?

Walang dudang ilang beses nang nagbago ang mga metodo ng pagtugon sa krimen, pero sa pangkalahatan teoretikal lamang ito. Sa praktikal, nananatili sa lipunan ang primitibong paraan ng pagtugon sa maysala: paghihiganti.

Ginagamit din ang isang teolohikal na ideya, ang pagpaparusa; samantalang ang mga legal at “sibilisadong” metodo’y binubuo ng pananakot at reporma. Matutunghayan natin na ang apat na moda ng pagtugon ay bigong-bigo, at ngayon sa kasalukuyang panaho’y wala pa rin tayong solusyon, tulad lang din noong Panahon ng Dilim.

Hindi na uso ang natural na kalooban ng primitibong tao, ang lumaban, ang paghihiganti pag ginawan ng mali. Imbes, ang sibilisadong tao, hinubdan ng tapang, iniaatas na sa isang organisadong makinarya ang tungkulin ng paghihigati, hangal na naniniwalang lehitimong gawin ng Estado ang hindi niya kayang gawin. Bagay na nangangatwiran ang “karangalan ng batas”; hindi ito nagpapakababa sa lebel ng primitibong kalooban. “Mas mataas” ang kalikasan ng misyon nito. Totoo, lito ito, pag dinedeklarang ang parusa’y paraan ng paglilinis. Ang pagpaparusang ito’y hindi lamang ang pagdulot ng sakit sa maysala, kundi nagkakalat ng takot sa iba.

Pero ano ba ang tunay na basehan ng pagpaparusa? Ang pananampalataya sa malayang loob, sa ideya na lagi-laging malaya ang taong gumawa ng mabuti o masama; pag pinili niya ang huli, kailangan niya itong pagbayaran. Bagaman napasabog na ang paniniwalang ito’t itinapon na sa kangkungan, patuloy pa rin itong pinananampalatayaan ng buong makinarya ng gobyerno, na nagiging pinakamalupit at pinakabrutal na mang-aapi ng buhay ng tao. Ang tanging dahilan kung bakit nagpapatuloy ito’y ang mas malupit na ideyang pag mas lalong kumalat ang takot sa parusa, mas magiging malakas ang pagpigil nito sa krimen.

Malubha ang ginagamit ng mga metodo ng lipunan bilang pagtugon sa mga lumalabag. Bakit hindi nakakapigil ng krimen ang mga metodong ito? Bagaman di-umano’y sa Estados Unidos, pinapalagay ang pagiging inosente ng isang tao hanggang mapatunayang may sala; ang mga instrumento ng batas, ang pulis, nagpapatuloy sa kanilang pananakot, nang-aaresto nang wala sa hulog, nambubugbog, nambu-bully, sinasakal ang kanilang mga biktima gamit ang baho ng estasyon, at ang mas mabaho pang wika ng mga gwardya. Pero patuloy ang pagdami ng krimen, at lipunan ang nagbabayad. Samantala, bukas na lihim na pag ang isang malas na mamamayan ay pinakitaan ng buong “awa” ng batas, at sa ngalan ng kaligtasan ay itatago sa pinakamalalang impyerno, doon magsisimula ang kanyang tunay na Kalbaryo. Ninakawan siya ng mga karapatang pantao, ibinababa sa isang makinang walang loob

o damdamin, nakadepende sa awa ng mga brutal niyang bantay, araw-araw siyang hinuhubdan ng pagkatao, kumpara dito’y parang pambata ang paghihiganti ng mga primitibo.

Sa lahat ng bilangguan sa Estados Unidos, pinapahirapan ang mga tao “para gawing mabuti,” pinapahirapan sa pamamagitan ng batuta, ng panlulunod, ng pangunguryente, ng pagbabartolina, ng panggugutom. Sa mga institusyong ito, binabali ang kanyang loob, dinudusta ang kanyang kaluluwa, sinusupil ang kanyang espiritu sa pamamagitan ng kabagutan ng buhay-bilangguan. Itinatago ng mga pader ng bilangguan ang hiyaw ng kanyang mga biktima—makapal ang mga pader. Mas mainam nang buwagin ang mga bilangguan nang sabay-sabay.

Taon-taon iniluluwal ng mga bilangguan pabalik sa mundo ang mga buto’t balat, wala nang hugis, wala nang loob, na tao, may marka ni Kain sa kanilang mga noo, durog ang mga pangarap. Dahil walang ibang bumabati sa kanila kundi gutom, ang mga biktimang ito’y agad-agad lulubog pabalik sa krimen bilang tangi nilang kabuhayan. Hindi kataka-takang makakilala ng mga lalake at babae na kalahati ng buhay—o halos buong buhay na nga—inilagak sa bilangguan. May kilala akong babae sa Isla ni Blackwell, labas-masok tatlumpung walong beses; may isang kaibigang nagkwento sa aking tungkol sa isang labimpitong taong gulang na binata, na kanyang inalagaan sa isang kulungan sa Pittsburgh, hindi pa kahit kailan nakakatikim ng kalayaan ang binatang ito. Ang mga personal na anekdotang ito’y sinusupportahan ng datos, hindi maikakailang patunay na bigo ang mga bilangguan bilang instrumento ng pagpigil sa krimen at pagreporma sa bilango.

Ang mga may mabuting kalooban, sinusubukan ngayon ang isang bagong dagdag sa bilangguan—ang pagbawi, ang pagbalik muli sa preso ang posibilidad ng pagiging tao. Kapuri-puri man ito, sa tingin ko’y imposibleng makakuha ng mahusay na resulta mula sa pagsalin ng bagong alak sa lumang bote. Wala kundi ang todo-todong muling pagsasaayos ng lipunan ang makapagliligtas sa sangkatauhan sa kanser ng krimen. Sabagay, kung papatalasin ang mapurol na konsensya ng lipunan, may kaunting tulong na ang pagbabarnis sa mga institusyon ng pagkulong. Pero ang kailangan talagang unang hakbang ay ang pagsasaayos ng konsesya ng lipunan, na sira-sira na. Malungkot man, kailangang ipaalala sa lahat na ang krimen ay nasa puso natin, na lahat tayo’y may elemento ng kriminal, batay sa ating

isip, sa kapaligirang pisikal, at lipunan; na ang indibidwal na kriminal ay kinakatawan lamang ng loob ng kolektibo.

Sa paggising ng konsensya ng lipunan, matututunan ng karaniwang indibidwal na tanggihan ang “karangalan” ng pagiging aso ng batas. Maaari na niyang itigil ang pang-aaksa, pagkamuhi, ang hindi pagtitiwala sa maysala, at bigyan siya ng pagkakataong mabuhay kasama ang mga kapwa. Mas mahirap, syempre, abutin ang mga institusyon. Malamig ang mga ito, hindi mapasok, malupit; pero, pag gising na ang konsensya ng lipunan, posibleng palayain ang mga biktima ng bilangguan mula sa kalupitan ng mga opisyal at gwardya nito. Makapangyarihang armas ang opinyon ng publiko; kahit ang mga nanghahawla, takot dito. Baka pwede pa silang turuan ng kaunting pagmamalasakit, lalo pag natanto nilang dito nakadepende ang kanilang trabaho.

Pero ang pinakaimportanteng hakbang ay ang pagbigay sa bilanggo ng karapatang magtrabaho habang nasa bilangguan, nang may sahod, para makapagtago siya nang kaunting halaga para sa araw ng kanyang paglaya, ang simula ng bagong buhay.

Katawa-tawang asahin ito mula sa kasalukuyang lipunan, lalo na’t kahit ang mga manggagawa, sila mismong alipin-sa-sahod, ayaw na makapagtrabaho ang mga bilanggo. Hindi ko na babanggitin pa rito ang kalupitan ng pagkontrang ito. Tatalakayin ko, imbes, ang katotohanan. Noon pa man ay nagtatrabaho na ang mga preso; nga lang, ang nagsasamantala sa kanila ay ang Estado, ikumpara ito sa kapitalistang nanamantala sa mga manggagawa. Nagtatrabaho ang mga nakakulong para sa gobyerno, o di kaya’y ibinebenta ang kanilang lakas-paggawa sa mga pribadong indibidwal. Sa mga bayan ng Europa, hindi na ito pwede, dahil nabubusabos ang mga bilanggo at nadarambong lamang ang nalilikhang yaman.

”Ang Isla Rhode, kung saan dominante si Aldrich, ito ang pinakamalalang halimbawa. Sa isang limang-taong kontrata, may petsang Hulyo 7, 1906, ang lakas-paggawa ng mga bilanggo ng Rhode Island Penitentiary at ng Providence County Jail, ibinenta sa Reliance-Sterling Mfg. Co., beinte singko sentismos ang bayad araw-araw sa bawat tao. Kompanya itong rumerenta rin ng lakas-paggawa ng mga bilanggo sa Connecticut, Michigan, Indiana, Nebraska, at Timog Dakota, pati na rin sa Bagong Jersey, Illinois, at Wisconsin.

Narito ang sipi mula sa Pambansang Komisyon sa Lakas-Paggawa sa Bilangguan: “Ang tindi ng pandarambong sa pamamagitan nitong kontrata ng Isla Rhode ay maeestima kung titingnan ang datos, na ang Kompanyang ito, 62 1/2 sentimo ang bayad sa Nebraska, samantalang ang Tennessee, halimbawa, binabayaran ng Gray-Dudley Hardware Co. ng \$1.10 araw-araw para sa lakas-paggawa ng preso; ang Missouri 70 sentimo kada araw ang bayad ng Star Overall Mfg. Co.; ang Virginia Occidental 65 sentimo araw-araw ang nakukuha mula sa Kraft Mfg. Co., at ang Maryland 55 sentimo kada araw mula sa Oppenheim, Oberndorf & Co. Ang pagkakaiba sa presyo’y nag-iindika ng pandarambong. Halimbawa, ang presyo ng damit na nakukuha ng Reliance-Sterling Mfg. Co. mula sa Isla Rhode ay hindi bababa sa \$1.20, bawat dosena, pero treinta sentimos lang ang binabayad nito. Dagdag pa rito, hindi sinisingil ng Isla Rhode ang Reliance-Sterling para sa paggamit nito ng malaking pabrika, wala ring bayad ang kuryente, hindi na sila sinisingil ng buwis. Pandarambong!”

Ang estima’y higit sa labing dalawang milyong dolyar na damit ang nalilikha sa bansang ito gamit ang lakas-paggawa ng mga bilango. Industriya itong kadalasan babae ang nagtatrabaho; mga babae ang unang naapektuhan. Isa pa, ang mga lalakeng bilango, dapat natututo ng mga trabahong magagawa nila pagkatapos makalaya. Kaso dito sila sinasanay, kaya imbes na makayanang suportahan ang kanilang sarili paglabas sa bilangguan, hindi sila makakakita ng kahit isang dolyar. Samantalang ang layunin daw ng mga bilanguang ito’y pagreporma sa kanila, para maging mabuting mamamayan sila.

Insentibo ang pagkalaki-laking kita mula sa lakas-paggawa ng mga bilango para ipagawa sa kanila ang mga trabahong higit sa kanilang kaya, at parusahan sila nang malupit pag hindi nila natapatan ang sobra-sobrang hinihiling.

Isa pang hirit tungkol sa pagsasanay sa mga bilango sa trabahong hindi naman nila pwedeng pagkakitaan pagkatapos lumaya. Nagmamalaki ang Indiana na nangunguna ito sa reporma sa sistema ng bilangguan. Pero sa isang ulat mula 1908, isiniwalat na 135 ang inilagak sa paggawa ng tanikala, 207 sa damit, at 225 sa walis — sa kabuuan ay 597 sa tatlong trabaho. Lahat nang ito’y para sa benepisyong ng Louisville Fancy Grocery Co. Pero ang paggawa ng walis ay monopolyo ng mga bulag, ang paggawa ng damit, ng

mga babae, at iisa lang ang malayang pabrika ng tanikala sa Indiana, at doon ang isang bagong layang bilanggo’y hindi makakakuha ng trabaho. Lokohan ito.

Kung gayon dapat suportahan ng mga malayang manggagawa ang pagbigay ng karapat-dapat na sahod sa mga bilanggo. Taon-taon, libo-libong bilanggo ang pinapalaya. Wala silang alam na trabaho. Pero kailangan nilang mabuhay. Sa hanay nila nanggagaling ang mga eskirol at espiya, handang-handang gawin ang utos ng amo. Ito ang dahilan kung bakit hindi dapat labanan ng mga manggagawa ang pagpayag na bigyan ng disentang trabaho sa loob ng kulungan ang preso. Dapat magkaisa ang manggagawa at bilanggo laban sa sistemang dumudurog sa kanilang pareho.

Huling punto na importante pa rin: ang unti-unting pagtanto sa barbaridad at kawalang-silbi ng nakatalagang sentensya. Doon sa naniniwala at nais ng pagbabago, konklusyon nilang dapat bigyan ng oportunidad ang taong maging mabuti. Pero paano ito gagawin ng nakabilanggo nang sampu, labinlima, o dalawampung taon? Ang pag-asa sa kalayaan at oportunidad lamang ang insentibo sa bilanggo. Kayhaba na ng pagkakasala ng lipunan laban sa kanya—bigyan man lang siya dapat ng pag-asang ito. Pero hindi ako makakaasa, para dito at para sa tunay na pagbabago, hanggang ang mga kondisyong nagluluwal sa bilanggo at nambibilanggo, pareho, ay itakwil na nang lubos-lubusan.

Pasasalamat

Salamat kina Chuckberry Pascual, Maynard Manansala, Elyrah Salanga, Will Ortiz, Soliman Santos, sa University of Santo Tomas, kina Ramon Guillermo, Nilo Ocampo, Mykel Andrada, Gerard Concepcion, at Noemi Rosal, at higit sa lahat kina Zarina at Morgan.

Ang May-akda



Si **U Z. Eliserio** ay nagtuturo ng popular na kultura sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Awtor siya ng *Sa mga Suso ng Liwanag* (2006), nobelang krimen. Natanghal na rin ang kanyang mga dula sa Virgin Labfest ng Cultural Center of the Philippines. Nakatira siya sa Marilao, kasama ang kanyang asawa at anak. Bisitahin siya sa ueliserio.net.